2018

PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

**Filipino** G10 | Q3

# Mga Akdang Panitikan ng Africa at Persya



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

**PEAC National Secretariat**
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 10

# Modyul 3: Mga Akdang Pampanitikan Ng Africa At Persya

☑ **Panimula at mga Pokus na Tanong**

Ikinagagalak kong natapos mong sagutin ang mga gawain sa modyul 2. Isang panibagong hamon ang naghihintay sa iyo upang matapos mo ang mga aralin sa modyul 3. Matututuhan mo rito ang mga akdang pampanitikang lumaganap sa kabuuan ng Africa at Persia. Gayundin ang mga paksa sa araling panggramatika tulad ng paggamit ng pamantayan sa pagsasaling-wika at diskorsal at istratejik na kasanayan sa pagsulat.

Sa modyul na ito, matutuklasan mo ang mahahalagang tanong na lilinang sa iyong pag-unawa. Paano mauunawaan at mapapahalagahan ang kultura at mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia? Masasabi mo ba na mahalaga ang pagsusuri ng mga akdang pampanitikan upang malinang ang iyong pag-unawa sa kultura ng Africa at Persia? Bakit kailangan magkaroon ng kaalaman at kasanayan sa gramatika/ retorika? Paano ito nakatutulong sa iyo sa pagsasagawa ng inaasahang bunga? Ang lahat ng mga tanong ay magsisilbing gabay mo sa pagtuklas ng mga mahahalagang konsepto sa modyul na ito.

☑ **Saklaw ng Modyul**


Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:

| **Aralin Blg.** | **Pamagat** | **Matutuhan mo ang…** | **Bilang ng Oras/ Sesyon** |
|---|---|---|---|
| Aralin 1.1 | **Panitikan:**<br>Mitolohiya : *Ahura Mazda at Ahriman : Paglikha sa Mundo at Sangkatauhan*<br><br>**Wika:** Pagsasaling-wika | • Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia.<br>• Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa : suliranin ng akda – kilos at gawi ng tauhan – desisyon ng tauhan.<br>• Naibibigay ang pinagmulan ng salita (etimolohiya) | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nabibigyang-puna ang napanood na *video clip.*<br>• Napangangatwiranan ang sariling reaksyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo.<br>• Naisusulat ang pagsusuri ng akdang binasa sa naging impluwensiya nito sa sarili at sa mga kamag-aral na kinapanayam.<br>• Nagagamit nang angkop ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika. | |
| Aralin 1.2 | **Panitikan:**<br>Anekdota: *Ang Pakikipagtunggali ng Batang si Aurangzib sa* Elepante<br><br>**Wika:**<br>Gramatikal, Diskorsal at Strategik sa Pagsulat at<br><br>Pagsasalaysay | • Nahihinuha ang damdamin ng sumulat ng napakinggan anekdota.<br>• Nasusuri ang binasang anekdota batay sa : paksa, tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, paraan ng pagsulat at iba pa?<br>• Nabibigyang-kahulugan ang salita batay sa ginamit na panlapi.<br>• Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa *youtube.*<br>• Naisasalaysay ang nabuong anekdota sa isang diyalogo, aside, soliloquy o monolog.<br>• Naisusulat ang isang orihinal na komik strip ng anekdota.<br>• Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota. | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.




## ☑ INAASAHANG KASANAYAN:

Upang maisakatuparan ang pagkatuto sa modyul na ito, kailangan mong alalahanin at gawin ang mga sumusunod:

1. Pagsunod ng mabisa sa lahat ng mga panuto ng aralin
2. Pagsusuri sa nilalaman ng iba't ibang akdang pampanitikan na may kaugnayan sa kasaysayan at kulturang Pilipino
3. Pagpapahayag ng sarili tungkol sa ilang napapanahong isyu o paksa
4. Pagsagot sa lahat ng mga gawaing nakalilinang sa pag-unawa sa mga akda
5. Pag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik sa wastong pamamaraan

## ARALIN 1

**Panitikan:** Mitolohiya: *Ahura Mazda at Ahriman : Paglikha sa Mundo at Sangkatauhan*
**Wika:** Pagsasaling-wika

### PANIMULANG PAGTATAYA

Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling ito, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ang kasawian ay galing sa salitang-ugat na sawi na ang ibig sabihin ay _____.
   a. di-totoo
   b. masamang kapalaran
   c. mga kasalanan
   d. masamang ginawa

2. Ano ang pinakamalapit na salin ng pangungusap na:

   **I had a hard time contacting your mother.**
   a. Mahirap makausap ang nanay mo.
   b. Matigas kausapin ang nanay mo sa oras na ito.
   c. Ako ay nagkaroon nang matagal na panahong kausapin ang nanay mo.
   d. Kay tagal kong hinintay na kausapin ang nanay mo.

3. Kung ang ahas ay isang uri ng hayop na gumagapang, ano naman ang kahulugan ng ahas sa pangungusap sa ibaba?

   **Tinuring ko siyang isang malaking ahas sa aming magkakaibigan.**
   a. uri ng hayop
   b. naghihikahos
   c. taksil
   d. mandaraya

4. Alin ang hindi katangiang ipinakita ng *masamang espirito* nang sabihin niya ang pahayag sa loob ng kahon?

   | |
   |---|
   | " Bakit ko tutulungan ang iyong likha? Bakit ko silang bibigyang-puri? Mas makapangyarihan ako! Pupuksain kita kasama ng iyong mga ginawa." |

   a. mapagmalaki
   b. mapagmataas
   c. mayabang
   d. madiskarte

5. Ano ang maging pasya ng Dakilang Panginoon upang maging imortal ang masamang espirito?
   a. Pupuksain niya ang Dakilang Panginoon.
   b. Gagabayan at bibigyang-puri ang lahat na likha ng Dakilang Panginoon.
   c. Sasamahan niya ang Dakilang Panginoon upang maglibot sa lahat ng likha nito.
   d. Tutulungan niya ang Dakilang Panginoon na lumikha ng iba pang likha sa sanlibutan.

6. Ano ang desisyong ginawa ng masamang espirito upang mapuksa niya ang Dakilang Panginoon?
   a. Pinatay niya ang lahat na likha ng Dakilang Panginoon.
   b. Hindi niya sinunod ang Dakilang Panginoon at nagtago.
   *c.* Humubog ng mga demonyo at mga halimaw na lulusob sa *Walang Hanggang Liwanag.*
   d. Binalaan ang mga banal na espirito na huwag nang sumanib sa Dakilang Panginoon.

7. Ano ang naramdaman ng ama ng batang si Aurangzib nang sinabi niya sa kanyang ama na: *Kung iba ang kinahinatnan, walang kahiya-hiya roon. Ang kahiya-hiya ay ang inasal ng aking mga kapatid?*
   a. nagsisisi
   b. napahiya
   c. nalulungkot

   d. nagagalit

8. Anong ugali ang ipinakita ng ama nang sabihin niya: *Anak ko, salamat sa Diyos na hindi ka napapa'no!?*
   a. nag-aalala
   b. naghihinagpis
   c. nanlulumo
   d. naghihimutok

9. Aling salita ang nangangahulugang pondohan ng sasakyang-pandagat?
   a. dagundong
   b. pandaungan
   c. kadaungan
   d. daungan

10. Anong angkop na salita ang gagamitin sa pangungusap sa ibaba?

    "Nagalit ang mga katutubo sa ginawang ___________ ng mga dayuhan sa kanilang lugar."
    a. pasukan
    b. panghihimasok
    c. pang-aapi
    d. pumasok

11. Anong suliraning kinaharap ng mga katutubo nang dumating ang mga dayuhan?
    a. Laging yumayanig ang kabundukan
    b. Hindi na sila binibigyan ng biyaya ni Nyaminyami.
    c. Nagsimula na silang magputol ng mga malalaking kahoy para sa paggawa ng dam.
    d. Unti-unti nang nawawala ang kinagisnang kultura at tradisyon ng kanilang nakatatandang katutubo.

12. Anong kultura ng mga katutubong Tonga ang masasalamin sa kanilang panitikan?
    a. Pagtutulungan
    b. Pagbibigay-galang sa mga pinaniniwalaang elementong di-nakikita.
    c. Ang mabuting gawa ay nasusuklian ng kagandahang-asal.
    d. Ang anumang gawain ay binabantayan ni Nyaminyami.

13. Anong katuwiran ng mga katutubo ng Tonga kung bakit sila nagkaroon ng matinding sakuna?
    a. Walang nakatira doon at wala ng may nagbabantay sa kabundukan.

b. Nagambala ang tirahan ni Nyaminyami at napalayo siya sa kanyang asawa.
c. Wala nang naniniwala kay Nyaminyami kaya siya ay nagtampo sa kanila.
d. Nagalit si Nyaminyami sa kanyang asawa dahil pinagtaksilan siya nito.

14. Ano ang paniniwala ng mga sinaunang ninuno ng Zoroastriano ukol sa mga ibang elemento sa mundo?
    a. Ang bawat nilalang ay pantay-pantay sa mata ng lumikha.
    b. Naniniwala sila sa mga diyos at diyosa na tumutulong sa kanilang pangkabuhayan.
    c. Kung ano ang ginagawa mo sa iyong kalikasan ay babalik din sa iyo.
    d. Magtatagumpay lamang ang isang mithiin ng tao kung maganda ang layunin nito.

15. Aling salita ang may wastong pagkakagamit sa pangungusap?
    a. Hindi ako nakadaan sa sobrang <u>nipis</u> ng eskinita.
    b. Ang <u>tangkad</u> ng bundok na inakyat ng mga Boy Scouts.
    c. Ang <u>malutong</u> na sitsaron ay inihalo namin sa pansit.
    d. Ang bagaheng pinadala ng nanay mula sa Amerika ay nabalot sa <u>malambot</u> na kahon.

16. Ano ang layunin ng awtor sa pagsulat niya ng anekdota tungkol sa batang si Aurangzib?
    a. mangaral
    b. mag-aliw
    c. manghikayat
    d. mangumbinsi

17. Ang mga kabataan sa iyong paaralan ay nagkaroon ng lakbay-aral sa isang pampublikong pamilihan. Pinaalalahanan kayo ng iyong guro na huwag magpahalatang ipakita ang iyong reaksyon sa mga nagtitinda doon. Dahil hindi mo matitiis ang ingay at mabahong amoy ng lugar na iyon. Paano mo ito ipahahayagna hindi naririnig ng mga tindero't tindera?

a. Ang baho naman dito.

b. Ale, ang baho naman dito.

c. Ale, hindi ba kayo naglilinis dito? Bakit ang baho?

d. May babaho pa ba sa lugar na ito?

18. Paano inilahad ng may-akda ang bahagi ng seleksyon sa ibaba?

" Makipot na daan, madilim na paligid, ito ang huling naalala ni Jaime noong lumalakad siya papauwi sa bahay ng kanyang tiya isang gabi. Nagulat siyang natagpuan ang kanyang sarili na nakahilata sa kama ng ospital. Kuwento ng kanyang tiya na may isang matandang babae na pumunta sa kanilang bahay at sinabing natagpuan niya si Jaime na duguan at puno ng pasa ang katawan."

a. paglalarawan
b. pagsasalaysay
c. pangangatuwiran
d. pagpapakahulugan

19. Ano ang paraan ng pagsasaling-wika ang ginawa sa halimbawa sa ibaba?

| |
|---|
| **The beautiful lady remembered her past experiences.**<br>Salin : **Naalala ng magandang babae ang kanyang mga karanasan.** |

a. salita sa salita
b. diwa sa diwa
c. diwa sa kahulugan
d. kahulugan sa kahulugan

20. Ang kaibigan ng nanay mo sa Amerika ay tumira pansamantala sa inyo. Ang problema mo ngayon ay hindi marunong magsalita ng Filipino / Tagalog si Fely? Ano ang ibig sabihin ni Fely kung sasaibihin niya sa iyo na “ You are the apple of the eye of your mother.”?
    a. Ang nanay ay may mansanas para sa akin.
    b. May mata ang mansanas ni nanay na para sa akin.
    c. Ako ang paboritong mansanas ni nanay.
    d. Ako ang paborito ni nanay.

.

# Aralin 1.1 Panitikan: Ahura Mazda at Ahriman: Paglikha ng Mundo at Sangkatauhan ( Mitolohiya ng Africa

## PAGTUKLAS

Sa bahaging ito ng modyul, malilinang ang iyong mga kasanayan sa pag-aaral ng panitikan mula sa Africa at Persia. Sasagutin mo rin ang tanong na: Paano nauunawaan at napapahalagahan ang kultura at mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia? May nalalaman ka ba tungkol dito?

Bilang paghahanda, sagutin mo ang inihandang grapikong pantulong. Sagutin mo lamang ang bahaging K at W.


### GAWAIN 1. KWL Chart

Sagutin ang KWL Chart. Sagutan lamang ang bahaging K at W na kolum.

| K<br>Nalaman ko na | W<br>Gusto kong malaman | L<br>Natutuhan ko |
|---|---|---|
| | | |

## GAWAIN 2. Picture-likha


Ayusin ang mga larawan ayon sa ginawang paglikha ng Panginoon sa mundo. Lagyan ng bilang 1 kung ito ang unang araw na nilikha ng Diyos at bilang 7 naman kung ito ang nasa huli o pampitong araw ng Kanyang paglikha. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.















Mula sa:

https://www.google.com.ph/search?q=first+day+of+god%27s+creation&biw=1024&bih=455&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0CAYQ_AUoAWoVChMIgPuT_brLxwIVFVOOCh1-wwS2#imgrc=_ Makikita dito ang iba't ibang larawang likha ng Panginoon.

https://ph.search.yahoo.com/search;_ylt=A2oKmJeE0d9VKRUA9XOyRwx.;_ylc=X1MDMjExNDczNDAwMgRfcgMyBGZyA3lvLXlocC1jaARncHJpZAMweDlNM0pmSFJOSzU0R0I3RzJUMkpBBG5fcnNsdAMwBG5fc3VnZwMzBG9yaWdpbgNwaC5zZWFyY2gueWFob28uY29tBHBvcwMwBHBxc3RyAwRwcXN0cmwDBHFzdHJsAzIzBHF1ZXJ5A2ltYWdlcyBvZiBnb2RzIGNyZWF0aW9uBHRfc3RtcAMxNDQwNzU1NDQ0?p=images+of+gods+creation&fr=yo-yhp-ch&fr2=sb-top-ph.search&type=501549&iscqry= Makikita ang larawang likha ng Panginoon.

http://www.fanpop.com/clubs/god-the-creator/images/10864848/title/beautiful-gods-creation-photo Larawang likha ng Panginoon

https://www.google.com.ph/search?q=seventh+day+of+god+creation&biw=1024&bih=499&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0CAYQ_AUoAWoVChMI6ZK7_vnMxwIVBguOCh3IXQpP&dpr=1#imgrc=aPtFYvBNpd95CM%3A Larawan ng pampitong araw ng paglikha ng Diyos.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang nahinuha mo sa ginawa mong pagkakasunod-sunod ng mga larawan?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Sino ang may gawa ng lahat ng nilikhang ito?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


3. Ano-anong lahi ang naniniwala sa ganitong paglikha ng Diyos?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Paano nakatutulong ang paniniwalang ito sa kanila?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Ang natapos na gawain ay isang paghahanda upang masagutan moa ng mga susunod na inihandang gawain upang maunawaan mo ang panitikang tatalakayin.

## GAWAIN 3. Mito-webbing

Punan ang mga kahon ng salitang may kaugnayan sa salitang mitolohiya.




Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang mitolohiya?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

2. Ano-ano ang katangian ng mitolohiya?

    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________
    ______________________________________________

3. Paano nakatutulong ang mitolohiya upang maunawaan ang kultura at mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Africa at Persia?

**TANDAAN**

Ang mitolohiya ay kalipunan ng iba't ibang paniniwala at mga tradisyonal na kuwento tungkol sa mga diyos at diyosa na may taglay na kapangyarihan at nagpapaliwanag din ito tungkol sa mga likas na kaganapan.

Alam mo ba na ang Africa ay may sarili silang paniniwala kung paano nagsimula ang kanilang lahi. Kahit anumang bansa ay may kinagisnang kultura at ang bawat kulturang ito ay may mitolohiya. Kagaya ng ating bansa. Bago pa man dumating ang mga mananakop sa ating bansa, ang ating mga ninuno ay naniniwala na sa mga espiritong mabubuti at masasama ang kalooban. Ang espiritong mabubuti ay tumutulong sa mga tao samantalang ang masasama ay nagdudulot ng kapahamakan. Laging nananaig ang kabutihan sa tulong nga mga diyos at diyosa.

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Ang iyong mga sagot sa ginawang mga gawain ay tutulong sa iyo upang maunawaan mo ang araling tatalakayin. Mula rito, masasagot mo ang mahalagang tanong na: ***Paano mauunawaan at mapapahalagahan ang kultura at mga akdang pamapanitikan ng Africa at Persia?***

Sa modyul na ito, inaasahan din na makapagsasagawa ka ng pagsasaling-wika.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, may panimulang gawain na iyong sasagutin na lilinang sa iyong pag-unawa upang masagutan mo ang mahalagang tanong.

## GAWAIN 4. Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan at etimolohiya ng mga sumusunod na salita.

| SALITA | KAHULUGAN | ETIMOLOHIYA |
|---|---|---|
| 1. nilusob<br>2. ampon<br>3. hamog<br>4. saksihan<br>5. humubog | | |

## GAWAIN 5. Pagyamanin Mo ang Iyong Kaalaman

Maglista ng iba pang salita mula sa tekstong babasahin at hanapin ang kahulugan nito sa diksyunaryo o hanapin sa *internet.*

| SALITA | KAHULUGAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Sa palagay mo, sapat na ba ang iyong nalalaman tungkol sa panitikan ng Africa at Persia? Sagutin ang isa pang gawain na inihanda batay sa pagsasanay sa mga salitang magkasingkahulugan.

## GAWAIN 6. Hanapin Mo

Piliin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.

1. Gumawa siya ng malinis na tubig na kasinlinaw ng tubig sa batis.

   ( )

2. Nagalit nang labis si Ahriman nang makita niya ang mga banal na imortal na nilikha ng Dakilang Panginoon kaya sobra ang kasamaang idinulot niya para siya ay magtagumpay.

   ( )

3. Inakala ng Masamang Espirito na nalupig na niya ang sangkatauhan, sa halip siya pala ang natalo dahil sa paglipas ng apatnapung taon ay umusbong sina Mashya at Mashyana na nangakong tutulong sa paglaban sa Masamang Espirito.

   ( )

4. Nilusob niya ang kaharian ng Dakilang Panginoon subalit nakapaghanda ang mga likha Dakilang Panginoon noong ito ay sinalakay niya.

   ( )

5. Humubog si Ahura Maza ng kanyang mga katulong sa pagbantay ng sangkatauhan. Lumikha siya ng mga tagabantay ayon sa kanyang sariling kagustuhan.

   ( )

Basahin ang mitolohiya ng Zoroastriano na mula sa Persia. Mababasa mo rito kung paano nagsimula ang paglikha ng mundo at sangkatauhan. Sana ay magustuhan mo ito at matukoy kung paano ito nakatutulong sa iyong pag-unawa tungkol sa kultura ng Persia.

**TANDAAN:**

Dapat tandaan na ang mitolohiya sa pangkalahatan ay naglalarawan at nagtataglay ng mga elemento at mga katangiang masasabing para sa mitolohiya lamang. Kadalasang tumatalakay ito sa mga diyos at ang kanilang kabayanihan sa mata ng kanilang nasasakupan. Naglalahad din ito ng mga salaysay na nagtuturo ng aral, nagpapaliwanag sa kanilang mga ritwal at mga natural na pangyayari na nakaangkla sa mga pangyayari sa kasaysayan ng bansa. Pinapaksa din nito ang hindi pagkakaunawaan ng mga diyos at ng mga tao at sa kung paanong paraan mapaparusahan o mapapatawad ang taong nagkasala. Binibigyang-diin din sa mitolohiya ang elemento at salamangka o mahika o hindi karaniwang kapangyarihan na mayroon sila na daan upang magawa nilang maisaayos ang lahat at mapabuti ang kalagayan ng mga tao. Taglay din nito ang kaugnayan ng paniniwala sa propesiya na magdidikta kung ano ang desisyon na dapat sundin ng mga diyos na namamahala sa mga tao.

Hango sa aklat na : Hiyas ng Lahi
Sa panunulat nina Elvira Liwanag,
Hilda Garcia, et al

## GAWAIN 7. Magsaliksik at Magbasa!

Magsaliksik sa *internet* ng mitohilohiya na Zoroastrian na pinamagatang *Ahura Mazda at Ahriman : Paglikha sa Mundo at sangkatauhan.* Maaaring buksan ang *link* sa ibaba.

http://www.read-legends-and –myths.com/Zoroastrian-creaton-myth.html
Ang *link* ito ay magdadala sa inyo sa mitolohiya ng mga Zoroastrian.

Maaari ring basahin ang saling-bersyon ng mitolohiyang ito sa iba pang aklat.
.
Pagkatapos mong basahin ang mitolohiya ay sagutin mo ang mga tanong na nakalaan dito.

Sagutin mo ang mga inihandang tanong.

1. Tungkol saan ang mitolohiya?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

2. Sino-sino ang magkakatunggali sa akdang binasa?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Ano ang pinagmulan ng suliranin sa kuwento? Patunayan.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________


4. Paano nalutas ang suliraning kinaharap ng Dakilang Panginoon?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Bakit tumulong sina Mashya at Mashyana s pakikipaglaban kay Ahriman?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

6. Paano nakatulong ang binasang mitolohiya sa pag-unawa mo sa kultura ng mga Taga-Persia?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________


## GAWAIN 8. Ilarawan mo ang Tauhan

Ilarawan ang dalawang tauhan batay sa hinihinging paglalarawan.




## GAWAIN 9. Ayusin Natin!


Gumawa ka ng buod ng binasang teksto sa pamamagitan ng ***story ladder.***



## GAWAIN 10. Magsaliksik ka sa Pagkilala sa Mito

Magsaliksik tunkol sa mga mito ng ating bansa. Sagutin mo ang mga tanong na may kaugnayan sa mitong iyong binasa. Ang iyong sagot ay gagawin mo sa evernote.com.

1. Ihambing ang katangian ng mitolohiya ng Persia sa mitolohiyang Pilipino? Ano ang pagkakaiba at pagkakapareho nito?




2. Sa anong kadahilanang bakit labis ang pananalig at tiwala ng mga tao sa kani-kanilang mga diyos?

3. Paano nakatutulong ang paniniwala ng mga tao sa mga diyos para sa kanilang pananatili sa mundo?

4. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung wala silang diyos na pinaniniwalaan? Magkakaroon pa kaya ng kapayapaan at kaayusan ang mundong kanilang ginagalawan?

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Nadagdagan ang iyong kaalaman mula sa mitolohiya ng Persia at naihambing ito sa mitolohiya ng Pilipinas. Halos walang pinag-iba ang dalawa. Higit mo pang mauunawaan ang katangian ng mitolohiya sa pagsagot mo pa sa mga inihandang mga gawain.

## PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng modyul, isa pang mitolohiya ang iyong pag-aaralan upang higit na mapalalim ang iyong pag-unawa sa bansang Africa. Isagawa ang inihadang gawain na magpapalalim ng iyong pag-unawa sa mitolohiya.

### GAWAIN 11. Mabgasa at Magsuri

Unawain ang *slides presentation* tungkol kay *Nyaminyami, ang diyos ng ilog Zambezi*.. I-klik lamang ang mga sumusuunod na *link*:

1. https://prezi.com/k7yeq1uzvvtv/si-nyaminyami-ang-diyos-ng-ilog-zambezi/ *Powerpoint presentation* ng mitolohiya ng Ilog Zambezi
2. https://prezi.com/8buuqpcjfye7/si-nyaminyami/ Makikita sa *link* na ito ang kuwento ng Ilog Zambezi

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang ikinabubuhay ng mga tao sa pampang ng ilog Zambezi noon?

2. Ano ang paniniwala nila sa diyos na si Nyaminyami?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Bakit labis na nagalit si Nyaminyami noong dumating ang mga dayuhan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Matapos mong sagutin ang tungkol sa nilalaman ng akdang binasa, nararapat na pagnilayan mo ang mga kaisipang taglay ng mitolohiya sa pamamagitan ng pagsagot sa sanhi at bungang gawain.

## GAWAIN 12. Sanhi at Bunga

Punan ang tsart ng mga sumusunod na impormasyon.


| ***Sanhi ng mga Kalamidad*** |
|---|
| |
| |
| |
| |

| ***Bungang Naidulot*** |
|---|
| |
| |
| |
| |

Natapos nating talakayin ang mitolohiya ng Africa at lumawak ang iyong pag-unawa sa nabanggit na bansa. Sagutin mo ngayon ang kasunod na gawain upang malinang ang iyong pag-unawa.

## GAWAIN 13. Paghahambing

Ihambing ang dalawang mitolohiyang iyong nabasa. Isulat ang sagot sa grapikong pantulong.



Mahalagang Tanong :
*Batay sa nabasang mga mitolohiya, ano ang katangian ng Africa at Persia ang masasalamin dito?*

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## GAWAIN 14. Pagbibigay-halaga

Bilang pagpapahalaga sa panitikan ng Africa at Persia, inaasahan kang makagawa ng isang *video clip* na nagpapakita ng kultura at tradisyon ng dalawang bansa mula sa nabasang mitolohiya. Ang gagawin mong *video clip* ay i-*upload* mo sa ***youtube.***

**RUBRIK SA PAGBUO NG *VIDEO CLIP***

| PAMANTAYAN | Mahusay<br>3 | Maayos-ayos<br>2 | Nagsisimula Pa Lang<br>1 |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Mahusay ang organisasyon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa *video* | May lohikal ang organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | Hindi maayos ang organisasyon ng mga ideya / pangyayari, walang angkop na panimula at wakas |
| **Orihinalidad** | Ang *video* na ginawa ay naaayon sa makabago at natatanging paksa, hindi gasgas ang konsepto | Mahusay dahil hindi masyadong karaniwan o madalas mangyari ang konsepto ng *video* | Masyado ng gasgas at karaniwan ang konsepto ng *video* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pagkuha ng atensyon** | Malakas ang hatak / dating sa mga manonood at nang-iiwan ng isang magandang impresyon o kakintalan | Magaling ngunit hindi masyadong nakapagpapanatili ng atensyon sa mga manonood. | Hindi nakakapukaw ng atensyon sa mga manonood at kailangan pang pag-ibayuhin. |
| **Produksyon** | Ang paggamit ng font style, font size, *transitions* at *animation* ay magandang tingnan at nababasa ng mga tagapanood kahit na nasa malayo. | Ang paggamit ng ilang *font style, font size, transitions* at *animation* ay hindi masyadong magandang tingnan at hindi masyadong nababasa ng mga tagapanood. | Ang lahat ng *font style, font size, transitions* at *animation* ay hindi angkop at paminsan ay masakit sa mata kung tingnan dahil hindi tama ang kombinasyon ng mga kulay at hindi nababasa ng mga tagapanood. |
| | Ang musika at *sound effects* ay mas lalong nagpapaganda sa kinalalabasan ng presentasyon. | Ang boses ng tagapagsalaysay ay madalas na natatabunan ng mga *sound effects.* | Ang boses ng tagapagkuwento ay hindi malinaw dahil mas malakas / nangingibabaw ang musika at *sound effects* |



http://all-free-download.com/free-photos/camera-images_page_2.html

Mula sa ginawa mong *video*, napalalim ang iyong pag-unawa sa mitolohiya.  Higit mo pang mapapahalagahan ang mitolohiya naman ng Persia sa mapanonood mong ilang *video*.

I-klik lamang ang mga *link* sa ibaba upang mapanood ang ilang *video* tungkol sa mitolohiyang Persia at *Persian Empire*.

I-klik ang mga *link:*

1. https://www.youtube.com/watch?v=VFi2jvBupmA
   Mapapanood ang *trailer* ng mitolohiya ng Persia

2. https://www.youtube.com/watch?v=mI0rmCcGdoc
   Mapapanood ang maikling kuwento ng mitolohiyang Persia

3. https://www.youtube.com/watch?v=8Jn8aPUu17w
   Mapapanood ang dokumentaryo ukol sa *Persian Empire*

Tiyak kong nadagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa bansang Persia. Madadagdagan pa ang iyong kaalaman lalo na sa pangangatwiran sa inihandang gawain.

**TANDAAN**

**Pangangatuwiran**

Ayon kay Badayos, ito ay isang pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap - tanggap o kapani-paniwala. Layunin nitong hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ng kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatuwirang pagpapahayag. (Badayos)

Para kay Arogante, ang pangangatwiran ay ang katotohanang pinagtitibay o pinatutunayan sa pamamagitan ng mga katuwiran o rason.

Maituturing itong isang sining sapagkat ang paggamit ng wasto, angkop at magandang pananalita ay makatutulong upang mahikayat na pakinggan, tanggapin at paniniwalaan ng nakikinig ang nangangatuwiran.

Masasabi ring isang agham ang pangangatuwiran sapagkat ito ay may prosesong dapat isaalang-alang o sundin upang ito ay maging mahusay at matagumpay lalo na sa pormal na pangangatuwiran gaya ng debate.

Isa ring kasanayan dahil ang kahusayan ay maaaring matamo ninuman subalit hindi sa paraang madali at sa maikling panahon lamang.

**Dahilan ng Pangangatuwiran**

1. Mabigyang - linaw ang isang mahalagang usapin o isyu.
2. Maipagtanggol ang sarili sa mali o masamang propaganda laban sa iba.
3 Makapagbahagi ng kanyang kaalaman sa ibang tao.
4. Makapagpahayag ng kanyang saloobin.
5. Mapanatili ang magandang relasyon sa kanyang kapwa.

**Kasanayang Nalilinang sa Pangangatuwiran**

1. Wasto at mabilis na pag-iisip.
2. Lohikong paghahanay ng kaisipan.
3. Maayos at mabisang pagsasalita.
4. Maingat na pagkilala at pagsusuri ng tama at maling katuwiran.
5. Pagpapahalaga sa kagandahang- asal gaya ng pagtitimpi o pagpipigil ng sarili at pag-unawa sa mga karaniwang inilahad ng iba o pagtanggap sa nararapat na kapasyahan.

**Uri ng Pangangatuwiran**

1. Pangangatuwirang Pabuod (inductive reasoning) – Nagsisimula sa maliit na katotohanan tungo sa isang panlahat na simulain o paglalahat ang pangangatuwirang pabuod. Nahahati ang pangangatuwirang ito sa tatlong bahagi.

a. Pangangatuwirang gumagamit ng pagtutulad. Inilalahad dito ang magkakatulad na katangian, sinusuri ang katangian, at pinalulutang ang katotohanan. Ang nabuong paglalahat sa ganitong pangangatuwiran ay masasabing pansamantala lamang at maaaring mapasinungalingan. Maaaring maging pareho ang pinaghahambing sa isa lamang katangian subalit magkaiba naman sa ibang katangian.

b. Pangangatuwiran sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pangyayari sa sanhi.Nananalunton ito sa paniniwalang may sanhi kung kaya nagaganap ang isang pangyayari.

c. Pangangatuwiran sa pamamagitan ng mga katibayan at pagpapatunay. Napapalooban ito ng mga katibayan o ebidensiyang higit na magpapatunay o magpapatotoo sa tinutukoy na paksa o kalagayan.

Sanggunian mula sa:
http://mamsha.tripod.com/id37.html

http://tl.answers.com/Q/Halimbawa_nang_pangangatwiran
http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_iba%27t_ibang_uri_ng_pangangatwiran
http://wiki.answers.com/Q/3_uri_ng_proposisyon
http://tl.answers.com/Q/Halimbawa_ng_Pabuod_na_pangangatwiran
http://tl.answers.com/Q/Mga_halimbawa_ng_pangangatwirang_pasaklaw
http://tl.answers.com/Q/Kahulugan_ng_pagtatalo
http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_kahalagahan_ng_debate
http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_mga_uri_ng_pagtatalo

mula sa : http://delfinomenchie.blogspot.com/

Sa katatapos na talakayan, nadagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa pangangatuwiran.

Panahon ngayon upang magbigay ka ng iyong pangangatuwiran sa isyung masasalamin sa nabasa mong mitolohiya.

## GAWAIN 15. Ilahad mo ang Isyu ko!

Ilahad mo ang iyong katuwiran sa isyung “Bakit kailangang pag-aralan ang mitolohiya ng Africa at Persia? Mahalaga ba ito sa pag-unawa sa kanilang kultura? ”. Isulat mo ang iyong katuwiran sa isyung ito pagkatapos ipaskil sa **facebook.com.**

| **Bakit kailangang pag-aralan ang mitolohiya ng Africa at Persia? Mahalaga ba ito sa pag-unawa sa kanilang kultura? Ipaliwanag.** |
| --- |
| **Katuwiran :** |

Nadagdagan ang iyong natutuhan sa mga gawaing iyong sinagutan. Nagamit mo ang mga ito sa pagbibigay mo ng katuwiran tungkol sa kahalagahan ng mitolohiya ng Africa at Persia.

Sa susunod na inihandang mga gawain ay madaragdagan pa ito. Matutuhan mo rin ang proseso ng pagsasaling-iwka. Isa itong paraan upang lalo mong maunawaan ang iba pang panitikan.

**TANDAAN**



May mga pagkakataong na nakapagbabasa tayo ng mga panitikan na nasa ibang wika. Kadalasan naghahanap tayo ng paraan upang ito ay ating maintindihan. Isinasalin natin ito sa ating wika para ito ay ating maunawaan at makuha ang mensahe nito. Ang paraang ito ay ang tinatawag nating pagsasaling-wika. Ano nga ba ang pagsasaling-wika? Ano-ano ang mga paraan ng pagsasaling-wika? Bakit mahalaga ang pagsasaling-wika? Nakatutulong ba ito para maunawaan natin ang kultura ng ibang bansa? Ito ay ilan lamang sa mga katanungan na ating sasagutin. Kaya para malaman mo ang ang mga sagot, hayaan mong bigyan muna kita ng mga impormasyong tutugon sa mga tanong na iyan.

I-klik ang mga sumusunod na *link* at basahin ang mga impormasyon tungkol sa pagsasaling-wika.

1. https://www.google.com.ph/?gfe_rd=cr&ei=8p_jVdmtO-XH8AfsmLioDQ&gws_rd=ssl#q=pagsasaling+wika
   Mababasa mo rito ang iba't ibang paraan ng pagsasaling-wika.

2. https://anntukin.files.wordpress.com/.../saling**wika**-ii.ppt
   Makikita sa powerpoint ang mga paraan ng pagsasaling-wika.

3. http://www.slideshare.net/kazekage15/pagsasaling-wika
   Sa slideshare na ito matutuhan ang kaligirang kasaysan ng pagsasaling-wika, paraan ng pagsasalin at katangian ng tagasalin.

4. http://www.slideshare.net/allanortiz/pagsasaling-wika-23507045
   Matutuhan sa slideshare na ito ang kasaysayan, larangan, kahulugan, katuturan, kategorya, uri, katangian, pamantayan ng pagsasaling-wika at iba pa.

## GAWAIN 16. Salita sa Salita

Isalin ang sumusunod na salita sa Wikang Filipino.

1. powerful → ________
2. dangerous → ________
3. opposite → ________

4. heroism →

5. environment → [ ]

## GAWAIN 17. Parirala sa Parirala

Isalin ang sumusunod na pariralang nasa Wikang Ingles sa Wikang Filipino.

1. raining cats and dogs = ____________________________
2. hard to tell = ____________________________
3. make a long story short = ____________________________
4. once in a blue moon = ____________________________
5. barking up the wrong tree = ____________________________

Binabati kita sa iyong mahusay na pagsagot sa mga gawain! Subukan pa natin ang iyong husay at galing sa pagsasaling-wika. Gawin mo ang isa pang gawaing inihanda upang mapalalim ang iyong pag-unawa.

## GAWAIN 18. Huling Hirit!

Isalin mo sa Wikang Filipino ang sumusunod na teksto sa ibaba na hindi nalalayo sa diwang ipinapahiwatig nito.



It has long been feared that human activity is causing massive extinctions. Despite increased efforts at conservation, it has not been enough and biodiversity losses continue. The costs associated with deteriorating or vanishing ecosystems will be high. However, sustainable development and consumption would help avert ecological problems.

Mula sa :http://www.globalissues.org/issue/168/environmental-issues

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
___________________________



One type of ecosystem that perhaps is neglected more than any other is perhaps also the richest in biodiversity—the coral reefs. Coral reefs are useful to the environment and to people in a number of ways. However, all around the world, much of the world's marine biodiversity face threats from human and activities as well as natural. It is feared that very soon, many reefs could die off.
Mula sa : http://www.globalissues.org/issue/168/environmental-issues

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
_______________________

Tingnan ko kung talagang lubusan mong naintindihan at napahalagahan ang mitolohiyang iyong nabasa. Sa bahaging ito, sagutin mo ang inihandang gawain na kalulugdan mo.

## GAWAIN 19. *Video*-Mito

Gumawa ka ng iyong sariling bersyon ng mito. Gagawa ka ng isang kakaibang *video* ng mito na maaaring maganap sa Pilipinas. Ang *videong* gagawin ay hindi lalagpas sa sampung minuto at hindi bababa sa pitong minuto. Pagkatapos ng ginawa mong *video*, i-*upload* mo ito sa *youtube*. Humingi rin ng mga komento sa mga manonood. Isulat sa *discussion board* ang *link* upang mabuksan at mapanood.

### RUBRIK SA *VIDEO*-MITO

| **KRAYTERYA** | **Pinaka-mahusay ( 4 pts. )** | **Mahusay ( 3 pts. )** | **Nalilinang ( 2 pts. )** | **Kailangan ng Pagbabago ( 1 pt. )** |
|---|---|---|---|---|
| **Pagpapalutang ng tema/diwa (kultura, tradisyon, pamumuhay, paniniwala ng lugar na napili gamit ang *video ad*** | Napakahusay at napaka-linaw na naipakita sa presentasyon ang inaasa-hang tema/ diwa | Mahusay at malinaw na naipakita sa presentasyon ang inaasahang tema / diwa | Hindi gaanong makita sa presentasyon ang inaasahang tema/ diwa | Hindi naipakita ang inaashang tema/diwa |
| **Orihinalidad ng *video*** | Matibay ang patunay na sadyang pinag-ukulan ng panahon at napaka-orihinal ang presentasyon | May patunay na pinag-ukulan ng panahon at sadyang orihinal ang presentasyon | Hindi masyadong pinag-ukulan ng panahon at kapansin-pansin ang na hinango lamang ang ibang parte ng presentasyon | Hindi pinag-ukulan ng panahon at hinango lamang ang presentasyon mula sa *internet* |
| **Makabuluhan at malikhaing presentasyon** | Pinakama-kabuluhan, pinakamalikhain at sadyang kahika-hikayat at may dating ang galaw sa tanghalan | Makabuluhan at malikhain ang mga galaw sa tanghalan at may dating sa madla | Naaangkop, ngunit kulang sa pagkamalikhain ang mga galaw sa tanghalan | Hindi naangkop at walang dating ang mga galaw sa tanghalan |
| **Maayos at malinaw na mga impormasyon** | Napakatibay at may sapat na batayan ang mga patunay at impormasyon na inilalahad | Matibay at sapat ang mga patunay at impormasyon na inilalahad | Kulang sa katibayan at hindi sapat ang mga patunay at impormasyon na inilalahad | Walang patunay at mali ang mga impormasyon na inilalahad |
| **Hikayat sa madla** | Kapansin-pansin ang pinakama-lakas na palakpak at bilib na ekspresyon sa | Kapansin-pansin ang malalakas na palakpak at bilib na ekspresyon sa mga mukha ng madla | Kapansin-pansin ang manakanakang palakpak at may iilang bilib na ekspresyon sa mga mukha ng madla | Kapansin-pansin ang mahinang palakpak at blangkong ekspresyon sa mga mukha ng madla |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga mukha ng madla. | | | |

**Discussion board**



***Video*** **ng Mito**

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Natitiyak kong malawak na ang iyong kaalaman at pag-unawa. Sa bahaging ito, binabati kita dahil nalampasan mo ang mga pagsubok na ibinigay ko sa iyo.

Sa susunod na gawain, hahamunin ang iyong kasanayan upang maisakatuparan at maisagawa ang gawain.



## PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, inaasahan kang makagagawa ng isang *bookmark* na nagpapakita ng kultura ng Africa at Persia. Naglalayon itong mahikayat ang iba pang mambabasa sa kanilang patuloy na pagbabasa at pagpapahalaga sa mga bansang nabanggit.

### GAWAIN 20. E-Bookmark!

Gumawa ng isang *bookmark* na nagpapakita ng kagandahan ng Africa at Persia sa magkabilang bahagi. Layunin nito na mapalaganap mo ang kagandahan ng Africa at Persia upang mahikayat ang iba pang mambabasa na sa pamamagitan ng kanilang panitikan ay maunawaan at mapahahalagahan nila ang kultura ng dalawang bansa. Pagkatapos mong gawin ang *bookmark* na ito, i-*post* mo agad sa iyong ***Instagram.*** Maaari mong buksan ang mga *link* sa baba para sa mga halimbawa ng paggawa ng *bookmark.*

https://www.google.com.ph/search?q=images+of+a+bookmark&biw=1024&bih=499&tbm=isch&imgil=9LfLhklGGBNvZM%253A%253BlTgKoIL5EA4MbM%253Bhttp%25253A%25252F%25252Fsmartpress.com%25252Foffering%25252Fbookmark-printing&source=iu&pf=m&fir=9LfLhklGGBNvZM%253A%252ClTgKoIL5EA4MbM%252C_&usg=__aoYmeDHmXPVRmfnyvmVyBspIwgg%3D&ved=0CDUQyjdqFQoTCNDnquDP0scCFY8Gjgod

cY0DIg&ei=tOrjVdC9Bo-NuATxmo6QAg#imgrc=9LfLhklGGBNvZM%3A&usg=__aoYmeDHmXPVRmfnyvmVyBspIwgg%3D
https://www.youtube.com/watch?v=cVJNc8G1i-M

| PAMANTAYAN | KAPUGAY-PUGAY 4 | MAHUSAY 3 | UMUUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **MASAKLAW NA NILALAMAN** | Kumprehensibo, napapanahon at makabuluhan ang mga inilahad na impormasyon sa ginawang *bookmark* na lalo pang nagbigay interes. | Sapat ang sakop na mga impormasyong nakita sa nabuong *bookmark* na naging malinaw sa kabuoan ng paglalahad . | Limitado ang mga impormasyong inilahad kaugnay sa ginawang *bookmark* . | Kulang ang mga impormasyong inilahad kaugnay ng itinatampok na *bookmark* upang matamo ang sapat na pag-unawa sa kabuuang paglalahad**.** |
| **KAUGNAYAN/ KABULUHAN** | Sadyang malaki at malalim ang ipinakitang kaugnayan sa pagpapahalaga ng kultura ng 2 bansang nabanggit. | May kaugnayan at makabuluhan ang ipinakitang pagpapahalaga sa kultura ng 2 bansang nabanggit. | Malabo ang kaugnayan at may mababaw na kabuluhan ang ipinakitang kultura ng 2 bansang nabanggit . | Pahapyaw lamang ang kaugnayan at kabuluhan sa ipinakitang pagpapahalaga ng 2 bansang nabanggit.. |
| **MABISANG PAGPALALAHAD** | Natatangi ang paraan ng paglalahad ng *bookmark* dahil litaw na litaw ang kaisipang ipinababatid at gumamit pa ng ibang estilo. | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang kaisipang itinatampok. | Mauunawaan ang mga kaisipang ipinababatid sa *bookmark* ngunit kakikitaan ng kakulangan sa kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ng paglalahad. | Nakapaglahad ng mga kaisipan subalit may kalabuan sa paraan ng pagpapahayag dahil may mga inihayag na walang kaugnayan sa tema. |
| **PAGKAMA-LIKHAIN** | Orihinal at kakaiba ang pagkakagawa sa *bookmark* dahil sa husay ng paggamit ng iba't ibang | Orihinal ang pagkakagawa ng *bookmark* dahil gumamit ng iba't ibang makukulay na disenyo. | Orihinal ang paglalahad ng *bookmark* ngunit hindi ito nagtataglay ng mahusay na paggawa. | Hindi kakikitaan ng kahusayan ang ginawang *bookmark*. Kulang sa disenyo ang biswal na aspekto |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | biswal na aspekto. | | | |

https://www.youtube.com/watch?v=4CG8bTy_Np4

Ilagay sa *discussion board* ang *link* nang nabuong *bookmark.*



## GAWAIN 21. Magtsektlist Muna Tayo

Lagyan ng tsek (√) kung naisakatuparan at natutuhan mo ang sumusunod sa araling
tinalakay.


| Layunin: | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| Naibibigay ang pinagmulan ng mga salita (Etimolohiya) | | |
| Naihahambing ang pagkakatulad at pagkakaiba ny mitolohiya ng Africa at Persia | | |
| Nakapagbibigay ng sariling pangatuwiran sa isang isyu | | |
| Nagagamit nang angkop ang mga pamatayan sa pagsasaling-wika | | |
| Nasusuri ang isang mitolohiya batay sa : suliranin ng akda, kilos at gawi ng tauhan, desisyon ng tauhan | | |

Malalim na ang iyong pag-unawa sa mga aralin tungkol sa panitikan ng Africa at Persia.

Balikang muli ang *KWL Chart* upang sagutin mo ang huling kolum na **L** (*learned*) kung ano ang iyong natutuhan sa pagkakaroon ng pag-unawa at kahalagahan sa kultura at akdang panitikan ng Africa at Persia.

## GAWAIN 22. KWL Chart

Gawin ang KWL chart.  Sagutan sa puntong ito ang bahaging L.




**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ng modyul, lubusan mong nagawa ang gawain mo sa paggawa ng *bookmark*. Nakuha mo ring gawin ang mga itinakdang mga gawain sa gramatika na makatutulong sa iyo sa pag- unawa sa iba pang panitikan na babasahin mo.

Humanda ka na ngayon sa susunod na aralin.

## 1.2 Wika: Gramatikal, Diskorsal at Strategik sa Pagsulat at Pagsasalaysay

### PAGTUKLAS

Persia ang dating tawag sa bansang Iran. Pinalitan ito ng pangalang Iran ng kanilang pamahalaan dahil ang ibig sabihin nito ay pangalan ng kanilang bansa sa wikang Persyano. Simbolo rin ito ng isang bagong yugto sa kasaysayan ng kanilang bansa mula ng sila ay makalaya sa impluwensiya ng bansang Britanya at Rusya.

Sisimulan natin ang araling ito sa pagsagot sa inihandang panimulang gawain.

### GAWAIN 1. Anticipation-Reaction Guide

Basahin ang mga pangungusap na nakasulat sa grapikong pantulong pagkatapos sagutan ang hanay sa BAGO NATALAKAY. Lagyan ng tsek (/) ang salitang tutugon sa iyong sagot. Sumasang-ayon o di- sumasang-ayon? Hintayin mo ang kasunod na panuto kung kailan mo sasagutan ang hanay ng PAGKATAPOS TALAKAYIN.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| **Bago Natalakay** | | **Mga Pahayag** | **Pagkatapos Talakayin** | |
|---|---|---|---|---|
| Suma-sangayon | Di-sumasang-ayon | | Sumasang-ayon | Di-sumasang-ayon |
| | | Ang anekdota ay isang uri ng akdang tuluyan na tumatalakay sa buhay ng karaniwang tao> | | |
| | | Minsan ang anekdota ay nagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari at minsan ay kathang isip lamang. | | |
| | | Si Rizal ang sumulat ng tanyag na anekdota ng “Batang Gamu-gamo.” | | |
| | | Si Aurangzib ang batang nakipaglaban sa elepante. | | |
| | | Ang gramatikal ay isang sangkap sa kasanayang komunikatibo na | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | naglalayong maglahad ng kakayahang berbal at di-beerbal. | | |
| | | Ang diskorsal ay nagbibigay-kakayahang magamit ang kasanayan sa pagsulat at pagsalita. | | |
| | | .Isa sa maaaring paraan ng paglalahad ay ang pagsulat ng anekdota. | | |
| | | Ang solilokwi ay isang paraan kung saan ang actor ay nagpapasaring, nagpapatama, o nagbubulong ng mga salitang nakatuon sa ibang tao ngunit hindi sa taong pinagtungkulan. | | |

Handa ka na bang simulan ang araling ito? Sisimulan ang araling ito sa isang anekdota mula sa Persia. Paano kaya ito makatutulong sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng Persia?

## GAWAIN 2. Ano Ako?

Ibigay ang kahulugan ng anekdota sa pamamagitan ng akrostik sa ibaba.

A =
N =
E =
K =
D =
O =
T =
A =

## GAWAIN 3. Frayer's Model

Gumawa ng isang konseptong naglalahad ng iyong kaalaman ukol sa Balagtasan gamit ang *Frayer's Model.*

**ANEKDOTA**

| | |
|---|---|
| ***Kahulugan*** | ***Katangian*** |
| ***Halimbawa*** | ***Mga Hindi Halimbawa*** |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang anekdota?

2. Ano ang katangian ng anekdota?

3. Ano ang kaibahan ng anekdota sa mitolohiya? Ipaliwanag.

4. Paano makatutulong ang anekdota sa pagpapahalaga sa kultura ng isang bansa?

Hayaan mong dagdagan ko ang iyong kaalaman ukol sa anekdota. Ang susunod na gawain ang lilinang sa iyong pag-unawa ukol dito.

**TANDAAN**

## Anekdota

### Ano ang Anekdota?

Ang anekdota ay isang uri ng akdang tuluyan na tumatalakay sa kakaiba o kakatwang pangyayaring naganap sa buhay ng isang kilala, sikat o tanyag na tao. Ito ay may dalawang uri: katakata at hango sa totoong buhay. Ito rin ang mga ginagawa ng mga pagpapaliwanag sa mga ginagawa ng mga tao.

Ang karaniwang paksa ng anekdota ay mga taong kilala sa iba't ibang larangan ng buhay. Layunin nito ang ipabatid ang isang katangian ng pangunahing tauhan ng anekdota. Minsan ang anekdota ay nagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari at mayroon ding minsan na ang mga pangyayari ay bungang- isip lamang. Mayroon ding mga anekdota na hindi hango sa talambuhay.

Ang mga pangyayaring isinasalaysay sa anekdota ay minsang nagiging pabula na rin, ngunit dahil sa ang mga tauhan ay hindi hayop kundi mga tao, ito'y kapanipaniwala na rin. Ang layunin ng anekdota ay mang-aliw, makapagturo, at makapaglarawan ng ugali at tauhan.

### Mga Halimbawa ng Anekdota

1. **Anekdota sa buhay ni Jose Rizal**
   Isang umaga, kaming mag-anak ay nag-aagahan. Si Pepe noon ay may gulang na dalawang taon lamang. Sinabi niya sa aming ina na nais niyang matutong bumasa ng Abakada. Datapuwa't ang tugon ni Ina'y hindi pa sapat ang taglay niyang gulang upang matupad ang gayong hangarin. Si Pepe'y nagpumilit kaya't sandal munang ipinakilala sa kaniya ni Ina ang bawa'titik. Hindi siya tumigil sa pagkilala sa mga titik at manaka-naka ay nangangailangan siyang magtanong. Pagkatapos ng mga dalawang oras, ang lahat ng titik ng Abakada ay natutuhan niyang basahin. Kaming magkakapatid, pati ng aming mga magulang, ay labis na namangha sa gayong katalinuhan ni Pepe.

2. **Anekdota sa buhay ni Manuel L. Quezon**
   Samantalang ang Pangulong Quezon ay nasa isang pagamutan sapagka't maysakit, dinalaw siya ni Padre Serapio Tamayo, O.P., isang matalik na

kaibigan ng Pangulo noon ay Rektor ng Pamantasan ng Santo Tomas. Bago pa lamang pumapasok ang pari sa silid ng Pangulo ay hinadlangan na siya ng nars. Nang magpilit ang pari ay sinabi ng nars na maghintay nang ilang saglit pagka't ipagbibigay-alam muna niya sa maysakit ang kanyang pagdating.

Wikang Ingles ang ginamit ng nars sa pagpapabatid sa Pangulo na may panauhin. Ganito ang sinabi, "Mr. President, the prest is here."
Dahil sa maling pagbigkas ng nars sa salitang "priest", inakala ng Pangulo na ang kanyang panauhin ay isang mamamahayag. Ang pasigaw nautos ng Pangulo ay, "Sabihin mo sa 'press' na pumunta sa impyerno."
Subali't bago niya natapos ang pangungusap na ito ay nakapasok na ang pari sa silid ng Pangulo at narinig ang pahayag na yaon.

Mula sa: http://misterhomework.blogspot.com/2013/06/anekdota.html

Ngayong may kaalaman ka na tungkol sa anekdota bilang isang anyo ng panitikan, babasahin mo ngayon ang isang halimbawa nito.

Bago mo basahin, gawin mo muna ang mga gawaing inihanda para sa iyo.

## GAWAIN 4. Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng salita ayon sa panlaping ginamit o ang paraan ng pagkakabuo nito. Isulat sa unang kahon ang panlaping ginamit at sa ikalawang kahon naman ang kahulugan nito.

1. labanan — kalaban — panlaban
2. katunggali — tunggalian — magkatunggali
3. kaharian — maghari — naghari-harian

4. inasal | kaasalan | umasal

5. pasalubong | pinasalubungan | pagsalubong

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Isang pagbati at natapos mong gawin ang unang gawain. Inaasahan kong lalo ang maging handa sa susunod na gawain. Basahin mo ang anekdota mula sa Persia.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, babasahin mo ang isang anekdota na kapupulutan mo ng aral. Ang anekdotang ito'y tungkol sa isang makisig na bata at isang elepante.

Magpatulong maghanap ng salin ng anekdotang *The Young Aurangzib Fights with the Elephant* o *Ang Pakikipagtunggali ng Batang Aurangzib sa Elepante*. Basahin ito nang malakas para mas lalo mong maintindihan ang iyong binabasa. I-klik ang link na ito:

*http://persian.packhum.org/persian/pf?file=03002030&ct=11* *Panitikan*

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang paksa ng anekdotang binasa?

2. Sino ang pangunahing tauhan sa akdang binasa? Ilarawan ito.

3. Ano ang katangi-tanging bagay ang pinatunayan ng batang si Aurangzib?


4. Bakit sa palagay mo katangi-tangi ang katangiang ito? Ipaliwanag.

5. Kung si Aurangzib ay may katangi-tanging ugali, ano namang pag-uugali ang ipinakita ng kanyang mga kapatid?

6. Anong kaugaliang Persyano ang ipinakita ni Aurangzib sa kanyang ginawa?

## GAWAIN 5. Ibigay ang Katangian

Batay sa nabasang anekdota, magbigay ka ng mga katangian ni Aurangzib na masasalamin din sa mga katangian ng mga Persyano.




**ISUMITE**

## GAWAIN 6. Ano ang Ma-Say Mo?

Ibigay ang iyong sariling pananaw ukol sa mga sinabi ng tauhan. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1. “Nakuha mong maglakad nang marahan gayong nag-alala ang emperador!”

2. Tumugon ang prinsipe sa mahinahong tono, “Kung ang elepante ay narito, marahil ay maglalakad ako ng matulin. Subalit, ngayon, wala ng dahilan upang mag-alala.”

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
__________________

3. “ Anak ko, salamat sa Diyos na hindi ka napapa’no! Kung (sana’y di ipahintulot ng Diyos) na iba ang kinahinatnan, O, kay laking kahihiyan!”

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
__________________

4. “Nagpalaam si Aurangzib at nagsabing, “Kung iba ang kinahinatnan, walang kahiya-hiya roon. Ang kahiya-hiya ay ang inasal ng aking mga kapatid.”

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
__________________

## GAWAIN 7. Isulat ang Buod!

Isulat sa loob ng kahon ang buod ng anekdotang iyong binasa. Isama sa pagbigay ng buod ang aral na iyong napulot mula rito.

Buod:
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
___________________________________
Aral:

## PAGPAPALALIM

Sa bahaging ito ng modyul, lalo mo pang mauunawaan ang anekdota at ang aralin tungkol sa gramatika at diskorsal. Inaasahan rin mula sa iyo na matapos mo ang mga gawain.

### GAWAIN 8. Pagsusuri ng *Video*

Panoorin ang pinakatanyag na anekdota na sinulat ng ating bayaning Dr. Jose P. Rizal. Sana ito ay makatutulong para magkaroon ka ng kalinawan sa buhay. Manood ka ng isang anekdota at sagutin mo ang mga tanong.

I-klik *ang mga link:* https://www.youtube.com/watch?v=spMtkB0q28A
https://www.youtube.com/watch?v=spMtkB0q28A

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Tungkol saan ang binasang anekdota?

2. Ano ang ginawa ng batang gamugamo na ikinapahamak niya?

3. Saan inihalintulad ni Rizal ang batang gamugamo at ang apoy?

_______________________________________________

4. Ano ang mensaheng nais ipahiwatig ni Rizal sa anekdota?


_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## GAWAIN 9. Damdamin ng Damdamin

Batay sa napanood na anekdota, anong damdamin ang nanaig kay Rizal habang sinusulat niya ang kuwento ng gamugamo? Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

## GAWAIN 10. Ihambing Mo !

Balikan uli ang anekdota tungkol sa batang Aurangzib. Ihambing ito sa kuwento ng batang gamugamo.



**Tanong :**
*Anong kaugalian ng dalawang tauhan ang masasalamin sa kaugaliang Pilipino at Persia?*

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

______________________

Marahil marami ka pang gustong maibahagi tungkol sa layunin ni Rizal kung bakit niya isinulat ang kuwento ng gamugamo. Dahil dito, naghanda pa ako ng isa pang gawin upang maipahayag mo pang lalo ang iyong saloobin.

Sagutin mo ang mga sumusunod na gawaing inihanda upang mapalalim ang iyong pag-unawa.

## GAWAIN 11. Maglahad ka!

Ibigay ang iyong sariling opinyon ukol sa kaisipan sa ibaba.

Si Rizal ay nahatulan ng kamatayan sa pagsusulat niya ng mga subersibong sulatin laban sa apoy ng mga mananakop. Inihalintulad ito ni Rizal sa batang gamugamo. Naniniwala ka ba dito? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## GAWAIN 12. Maalaala Mo Kaya?

Itala mo ang mga bagay-bagay na nagpapaalala sa iyo ukol sa dalawang anekdotang nabasa at napanood. Paano ito nakatutulong sa iyong pamumuhay bilang isang Pilipinong mag- aaral?

| Mga bagay na naalala ko : |
|---|
| |

| Paano ito nakatutulong bilang isang Pilipinong mag-aaral? : |
|---|
| |



Nagustuhan mo ba ang iyong napanood? Nadagdagan kaya ang iyong kaalaman ukol sa anekdota? Hindi lamang panitikan ang dapat mong matutuhan kundi pati na ang gramatika at retorika bilang kasanayang pangkomunikatibo.

Ano ba ang mga sangkap ng kasanayang pangkomunikatibo? Mababasa mo sa ibaba ang impormasyon ukol dito.

**TANDAAN**



**APAT NA SANGKAP NG KASANAYANG KOMUNIKATIBO**

Mayroong apat na sangkap upang malinang ang kasanayang pangkomunikatibo. Ito ay makatutulong para lalo ka pang maging bihasa sa pagsulat man o sa pagsalita.

**A. Gramatikal**

Ito ay nagbibigay kakayahan sa nagsasalita upang epektibong makipagtalastasan gamit ang angkop na mga tuntuning panggramatika. Dito natutukoy ng tagapagsalita ang salitang gagamitin sa pangungusap, ang tamang pagbigkas, ang tono, ang tamang baybay at higit sa lahat ang kahulugan ng salita sa pangungusap.

**B. Sosyo-linguwistik**

Ang sangkap na sosyo-lingguwistik ay nagbibigay kakayahan sa nagsasalita na gumamit ng mga salitang angkop sa sitwasyon, sa lugar na paggamitan at sa mga taong kausap nito. Iniisip ng nagsasalita ang maibibigay niyang impresyon sa salitang gagamitin at kung ano ang magiging dating niya kapag siya ay nagsasalita – kung siya ba ay naging mayabang o hindi- seryoso o natutuwa.

**C. Strategik**

Ang sangkap na ito ay nagbibigay-kakayahan sa nagsasalita na maipahayag ang kanyang sarili maging berbal man o di- berbal na pakikipagtalastasan. Inaasahan mula sa kanya na makumbinsi niya ang kanyang tagapakinig sa mensaheng dala niya sa mga kilos at galaw.

**D. Diskorsal**

Ito ang sangkap na nagbibigay-kakayahang magamit ang kasanayan sa pagsasalita o pagsusulat. Dito nasusukat ang hangganan sa paghahatid ng mensahe kung ito ba ay nakuha ayon sa mensaheng nais nitong ipabatid. Ang paglalahad ng mensahe ay maaaring maging isang : sanaysay, talumpati, dula, artikulo, tula at iba pa.

**PARAAN NG PAGLALAHAD SA DISKORSAL**

- **Diyalogo-*aside* –** Ito ay pasaring, patama, pabulong na mga salitang nakatuon sa ibang tao ngunit hindi sa taong pinatungkulan. Ito rin ang mga salitang binibigkas nang mahina na ang nakaririnig lamang ay isang tao o isang grupo at hindi naririnig ng mga kasamahan.

A. **Solilokwi (Soliloquy)** - Ang aktor ay nagpapahayag ng kanyang iniisip sa mga manonood at hindi naririnig ng iba pang tauhan; nagsasalita ang aktor sa kanyang sarili at sinasabi niya ito nang malakas.

B. **Monologo** - Madamdaming pananalita na sinasabi ng isang aktor nang nag-iisa at walang ibang tao sa tanghalan.

Hango sa : Pinagyamang Pluma Baybayin sa Wika at Panitikan
http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_kombensyon_ng_mga_dula

Isang pagbati sa iyong mahusay na pagsagot sa mga inihandang gawain. Nadagdagang muli ang iyong kaalaman sa aralin kung kaya may mga gawaing naghihintay muli na iyong sasagutan.

## GAWAIN 13. Laro Tayo !

Sumulat ng diyalogo batay sa sumusunod na sitwasyon gamit ang mga *speech balloon.*

| |
|---|
| **Sitwasyon 1** : Nakita mo ang iyong *crush* na dumaan. Gusto mong magpakitang-gilas sa kanya. Ano ang sasabihin mo para mapansin ka niya? |




http://www.pageresource.com/wallpapers/102558/manga-cute-girl-anime-hd-wallpaper.html

**Sitwasyon 2** : Tulala kang nanaginip na balang araw ikaw ay maging isang mayaman. …….mayroon kang mansyon, marami ang iyong katulong at ang lahat na gusto mo ay nakukuha mo.



http://www.pageresource.com/wallpapers/102558/manga-cute-girl-anime-hd-wallpaper.html

**Sitwasyon 3** : Isang gabing madilim, nakarinig ka ng isang kaluskos sa may pintuan ng inyong kusina. Dahan-dahan mo itong binuksan. At sa gulat mo nakabulagta sa iyong harapan ang isang maitim na pusa na nakatingin sa iyo.





Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naramdaman mo dahil nakapaglalahad ka ng iyong damdamin gamit ang mga diyalogong iyong ginawa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Paano nakatutulong ang mga kaalaman mo sa gramatika at retorika sa pagpapahalaga at pag-unawa sa kulturang Africa at Persia?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Malugod na pagbati sa iyo! Mahusay mong nasagutan ang mga gawaing inihanda para sa ubos mong pag-unawa sa aralin.

Upang higit pang mapalalim ang iyong pag-unawa, isagawa mo ang komiks na lilinang sa iyong mga kasanayan.

## GAWAIN 14. Pagsulat ng Anekdota

Gamit ang iyong kaalaman ukol sa anekdota at ang mga sangkap sa kasanayang pangkomunikatibo, inaasahang gagawa ka ng iyong orihinal na likha ng anekdota. Ang nagawa mong anekdota ay i-*post* mo sa iyong **facebook** *account.*

### RUBRIK SA PAGSULAT NG ANEKDOTA

| PAMANTAYAN | NAPAKAHUSAY 4 | MAHUSAY 3 | NILILINANG 2 | NAGSISIMULA PA LANG 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Paggamit ng alinman sa mga komponent o sangkap ng kasanayang pangkomunikatibo** | Nagagamit nang mahusay ang alinman sa mga komponent o sangkap ng kasanayang pangkomunika-tibo: gramatikal, sosyolingguwistik, | Nagagamit nang mahusay ang alinman sa mga komponent o sangkap ng kasanayang komunikatibo: gramatikal, sosyolingguwistik, | Medyo mahusay ang pagkakagamit ng alinman sa mga komponent o sangkap ng kasanayang komunikatibo: gramatikal, sosyolingguwistik, | Hindi nakita sa anekdota ang alinman sa mga komponent o sangkap ng kasanayang komunikatibo: gramatikal, sosyolingguwistik, |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | diskorsal at strategik | diskorsal at strategik | diskorsal at strategik | diskorsal at strategik |
| **Pagiging kawili-wili ng anekdota** | Ang anekdota ay lubhang kawili-wili at talagang kalulugdang basahin mula simula hanggang wakas | Ang anekdota ay kawili-wili at kalulugdang basahin mula simula hanggang wakas | Ang anekdota ay hindi gaanong kawili-wili at maaaring hindi kalugdang basahin ng mga mambabasa | Ang anekdota ay nakababagot o hindi kawili-wili at tiyak na hindi kalulugdang basahin ng mambabasa |

(ANEKDOTA)

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Ang husay mo sa pagsagot sa mga gawaing inihanda! Pagbati sa iyo. Inaasahan ko talagang handang-handa ka na sa pagtatapos ng araling ito.

## PAGLILIPAT

Bilang pagtatapos ng araling ito, inaasahang gumawa ka ng isang komik-istrip batay sa orihinal na anekdotang ginawa mo. Alam kong kayang-kaya mo itong gawain.

### GAWAIN 15. Anekdota Ko, E-Komiks Mo!

Gawin mong komiks ang anekdotang iyong ginawa. Malaya kang makakaguhit o mag-*download* ng blangkong komik-istrip sa *interne*t ayon sa iyong kagustuhan. Pagkatapos ng iyong ginawang komiks, inaasahang i-*post* ito sa *discussion board* sa ibaba.

## RUBRIK SA PAGBUO NG E-KOMIKS

| Pamantayan | Napakahusay 4 | Mahusay 3 | Nalilinang 2 | Kailangan ng Pagbabago 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Lutang na lutang ang ebidensiya na naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto sa paggawa ng komiks. | Naipakita at naipaliwanag nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto sa paggawa ng komiks. | May ilang bahagi ng komiks na walang kaugnay sa konseptong inilalahad. | Halos lahat na mga konsepto ay hindi nagkakaugnay-ugnay. |
| **Dating ng panghihi-kayat** | Kitang-kitang ang patunay ng pagkakaroon ng sapat na oras upang kakakitaan ng lubos na pang-aakit sa mambabasa. | Kakikitaan ng panghihikayat ang ginawang komiks. | May ilang bahagi ng komiks na nakababagot basahin. | Hindi kaakit-akit ang ginawang komiks. |
| **Pagkama-likhain** | Napakalinaw ng pagkakaguhit sa paglalarawan ng nilalalan, konsepto at mensahe. Gumamit din ng pinakaangkop at tamang kombinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto, at mensahe. | Mahusay ang pagkakaguhit sa paglalarawan ng nilalaman, kosepto at mensahe. Gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay sa paglalahad ng nilalaman, konsepto at mensahe. | Ang ilang bahagi ng konsepto, nilalaman at mensahe ay hindi nagagamitan nang tamang kulay at hindi rin malinaw ang pagkakaguhit nito. | Malabo ang pagkakaguhit at paglapat ng kulay sa paglalarawan ng nilalaman, konsepto at mensahe. |
| **Kaangkupan ng Konsepto** | Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto. | Nailalahad ang mensahe ayon sa pagkalalarawan ng konsepto. | Malabo ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto. | Hindi nagkakaugnay ang paglalahad ng mensahe sa paglalarawan ng konsepto. |
| **Pagkaorihinal** | Napakaorihinal ang ideya sa paggawa ng komiks; kakaiba sa ibang komik na nabasa. | Orihinal ang ideya na nakapaloob sa paggawa ng komiks. | May bahagi ng komiks na may pagkakahawig sa ilang nabasa. | Kinopya lamang ang ginawang komiks. |

***Discussion board***



Mainit na pagbati sa iyo! Mahusay mong natapos ang mga gawain na luminang sa iyong mga kasanayan. Masasabing talagang kayang- kaya mo kahit anuman ang ipapagawa sa iyo.

Muli mong balikan ang *Anticipation-Reaction Guide* upang tingnan kung may ganap na masteri sa mga kasanayan.

## GAWAIN 16. Anticipation-Reaction Guide

Basahin ang mga pahayag na nakasulat na nasa grapikong pantulong pagkatapos sagutan ang hanay na **PAGKATAPOS TALAKAYIN**. Lagyan ng tsek (√) ang salita na tutugon sa iyong sagot.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| **Bago Natalakay** | | **Mga Pahayag** | **Pagkatapos Talakayin** | |
|---|---|---|---|---|
| **Sumasang -ayon** | **Di- sumasang- ayon** | | **Sumasang- ayon** | **Di- sumasang- ayon** |
| | | Ang anekdota ay isang uri ng akdang tuluyan na tumatalakay sa buhay ng karaniwang tao. | | |
| | | Minsan ang anekdota ay nagsasalaysay ng mga tunay na pangyayari at minsan ay kathang- isip lamang. | | |
| | | Si Rizal ang sumulat ng tanyag na anekdota ng "Batang Gamugamo." | | |
| | | Si Aurangzib ang batang nakipaglaban sa elepante. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Ang gramatikal ay isang sangkap sa kasanayang pangkomunikatibo na naglalayong maglahad ng kakayahang berbal at di-berbal. | | |
| | | Ang diskorsal ay nagbibigay-kakayahang magamit ang kasanayan sa pagsulat at pagsalita. | | |
| | | .Isa sa maaaring paraan ng paglalahad ay ang pagsulat ng anekdota. | | |
| | | Ang solilokwi ay isang paraan kung saan ang aktor ay nagpapasaring, nagpapatama, o nagbubulong ng mga salitang nakatuon sa ibang tao ngunit hindi sa taong pinagtungkulan. | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Mabuhay ka! Higit na napaunlad at napalalim ang iyong mga kasanayan at pag-unawa sa mga araling inihanda sa modyul na ito.Sa pamamagitan ng modyul na ito, nawa'y napahalagahan mo ang kultura at panitikan ng Africa at Persia.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataong mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung nakapasa ka, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ang kasawian ay galing sa salitang-ugat na sawi na ang ibig sabihin ay _____.
    a. Di-totoo
    b. Masamang kapalaran
    c. Mga kasalanan
    d. Masamang ginawa

2. Ano ang pinakamalapit na salin ng pangungusap na:

    **I had a hard time contacting your mother.**
    a. Mahirap makausap ang nanay mo.
    b. Matigas kausapin ang nanay mo sa oras na ito.
    c. Ako ay nagkaroon nang matagal na panahong kausapin ang nanay mo.
    d. Kay tagal kong hinintay na kausapin ang nanay mo.

3. Kung ang ahas ay isang uri ng hayop na gumagapang, ano naman ang kahulugan ng ahas sa pangungusap sa ibaba?

    **Tinuring ko siyang isang malaking ahas sa aming magkakaibigan.**
    a. uri ng hayop
    b. naghihikahos
    c. taksil
    d. mandaraya

4. Alin ang hindi katangiang ipinakita ng *masamang espirito* nang sabihin niya ang pahayag sa loob ng kahon?

| |
|---|
| “ Bakit kong tutulungan ang iyong likha? Bakit ko silang bibigyang-puri? Mas makapangyarihan ako! Pupuksain kita kasama ng iyong mga ginawa.” |

    a. mapagmalaki
    b. mapagmataas
    c. mayabang
    d. madiskarte

5. Ano ang maging pasya ng Dakilang Panginoon upang maging imortal ang masamang espirito?
    a. Pupuksain niya ang Dakilang Panginoon.
    b. Gagabayan at bibigyang-puri ang lahat na likha ng Dakilang Panginoon.

c. Sasamahan niya ang Dakilang Panginoon upang maglibot sa lahat ng likha nito.
d. Tutulungan niya ang Dakilang Panginoon na lumikha ng iba pang likha sa sanlibutan.

6. Ano ang desisyong ginawa ng masamang espirito upang mapuksa niya ang Dakilang Panginoon?
   a. Pinatay niya ang lahat na likha ng Dakilang Panginoon.
   b. Hindi niya sinunod ang Dakilang Panginoon at nagtago.
   *c.* Humubog ng mga demonyo at mga halimaw na lulusob sa *Walang Hanggang Liwanag.*
   d. Binalaan ang mga banal na espirito na huwag nang sumanib sa Dakilang Panginoon.

7. Ano ang naramdaman ng ama ng batang si Aurangzib nang sinabi niya na sa kanyang ama na: *Kung iba ang kinahinatnan, walang kahiya-hiya roon. Ang kahiya-hiya ay ang inasal ng aking mga kapatid?*
   a. Nagsisisi
   b. Napahiya
   c. Nalulungkot
   d. Nagagalit
8. Anong ugali ang ipinakita ng ama nang sabihin niya: *Anak ko, salamat sa Diyos na hindi ka napapa'no!?*
   a. nag-aalala
   b. naghihinagpis
   c. nanlulumo
   d. naghihimutok

9. Aling salita ang nangangahulugang pondohan ng sasakyang-pandagat?
   a. dagundong
   b. pandaungan
   c. Kadaungan
   d. daungan

10. Anong angkop na salita ang gagamitin sa pangungusap sa ibaba?

    "Nagalit ang mga katutubo sa ginawang __________ ng mga dayuhan sa kanilang lugar."
   a. pasukan
   b. panghihimasok
   c. pang-aapi
   d. pumasok

11. Anong suliraning kinaharap ng mga katutubo nang dumating ang mga dayuhan?
   a. Laging yumayanig ang kabundukan

b. Hindi na sila binibigyan ng biyaya ni Nyaminyami.
c. Nagsimula na silang magputol ng mga malalaking kahoy para sa paggawa ng dam.
d. Unti-unti nang nawawala ang kinagisnang kultura at tradisyon ng kanilang nakatatandang katutubo.

12. Anong kultura ng mga katutubong Tonga ang masasalamin sa kanilang panitikan?
    a. Pagtutulungan
    b. Pagbibigay-galang sa mga pinaniniwalaang elementong di-nakikita.
    c. Ang mabuting gawa ay nasusuklian ng kagandahang-asal.
    d. Ang anumang gawain ay binabantayan ni Nyaminyami.

13. Anong katuwiran ng mga katutubo ng Tonga kung bakit sila nagkaroon ng matinding sakuna?
    a. Walang nakatira doon at walang nagbabantay sa kabundukan.
    b. Nagambala ang tirahan ni Nyaminyami at napalayo siya sa kanyang asawa.
    c. Wala nang naniniwala kay Nyaminyami kaya siya ay nagtampo sa kanila.
    d. Nagalit si Nyaminyami sa kanyang asawa dahil pinagtaksilan siya nito.

14. Ano ang paniniwala ng mga sinaunang ninuno ng Zoroastriano ukol sa mga ibang elemento sa mundo?
    a. Ang bawat nilalang ay pantay-pantay sa mata ng lumikha.
    b. Naniniwala sila sa mga diyos at diyosa na tumutulong sa kanilang pangkabuhayan.
    c. Kung ano ang ginagawa mo sa iyong kalikasan ay babalik din sa iyo.
    d. Magtatagumpay lamang ang isang mithiin ng tao kung maganda ang layunin nito.

15. Aling salita ang may wastong pagkakagamit sa pangungusap?
    a. Hindi ako nakadaan sa sobrang <u>nipis</u> ng eskinita.
    b. Ang <u>tangkad</u> ng bundok na inakyat ng mga Boy Scouts.
    c. Ang <u>malutong</u> na sitsaron ay inihalo naming sa pansit.
    d. Ang bagaheng pinadala ng nanay mula sa Amerika ay nabalot sa <u>malambot</u> na kahon.

16. Ano ang layunin ng awtor sa pagsulat niya ng anekdota tungkol sa batang si Aurangzib?
    a. mangaral

b. mag-aliw
c. manghikayat
d. mangumbinsi

17. Ang mga kabataan sa iyong paaralan ay nagkaroon ng lakbay-aral sa isang pampublikong pamilihan. Pinaalalahanan kayo ng iyong guro na huwag magpahalatang ipakita ang iyong reaksyon sa mga nagtitinda doon. Dahil hindi mo matitiis ang ingay at mabahong amoy ng lugar na iyon. Paano mo ito ipahahayagna hindi naririnig ng mga tindero't tindera?

a. Ang baho naman dito.

b. Ale, ang baho naman dito.

**c.** Ale, hindi ba kayo naglilinis dito? Bakit ang baho?

d. May babaho pa ba sa lugar na ito?

18. Paano inilahad ng may-akda ang bahagi ng seleksyon sa ibaba?

“ Makipot na daan, madilim na paligid, ito ang huling naalala ni Jaime noong lumalakad siya papauwi sa bahay ng kanyang tiya isang gabi. Nagulat siyang natagpuan ang kanyang sarili na nakahilata sa kama ng ospital.  Kuwento ng kanyang tiya na may isang matandang babae na pumunta sa kanilang bahay at sinabing natagpuan niya si Jaime na duguan at puno ng pasa ang katawan.”

a. paglalarawan
b. pagsasalaysay
c. pangangatuwiran
d. pagpapakahulugan

19. Ano ang paraan ng pagsasaling-wika ang ginawaa sa halimbawa sa ibaba?

| |
|---|
| **The beautiful lady remembered her past experiences.**<br>Salin : **Naalala ng magandang babae ang kanyang mga karanasan.** |

a. Salita sa salita
b. Diwa sa diwa
c. Diwa sa kahulugan
d. Kahulugan sa kahulugan

20. Ang kaibigan ng nanay mo sa Amerika ay tumira pansamantala sa inyo. Ang problema mo ngayon ay hindi marunong magsalita ng Filipino / Tagalog si Fely? Ano ang ibig sabihin ni Fely kung sasaibihin niya sa iyo na " You are the apple of the eye of your mother"?
a. Ang nanay ay may mansanas para sa akin.
b. May mata ang mansanas ni nanay na para sa akin.
c. Ako ang paboritong mansanas ni nanay.
d. Ako ang paborito ni nanay.

.

## MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL

**SANGGUNIAN:**

https://www.google.com.ph/search?q=first+day+of+god%27s+creation&biw=1024&bih=455&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0CAYQ_AUoAWoVChMIgPuT_brLxwIVFVOOCh1-wwS2#imgrc=_ Makikita ang unang araw na likha ng Panginoong Diyos

https://ph.search.yahoo.com/search;_ylt=A2oKmJeE0d9VKRUA9XOyRwx.;_ylc=X1MDMjExNDczNDAwMgRfcgMyBGZyA3lvLXlocC1jaARncHJpZAMweDlNM0pmSFJOSzU0R0I3RzJUMkpBBG5fcnNsdAMwBG5fc3VnZwMzBG9yaWdpbgNwaC5zZWFyY2gueWFob28uY29tBHBvcwMwBHBxc3RyAwRwcXN0cmwDBHFzdHJsAzIzBHF1ZXJ5A2ltYWdlcyBvZiBnb2RzIGNyZWF0aW9uBHRfc3RtcAMxNDQwNzU1NDQ0?p=images+of+gods+creation&fr=yo-yhp-ch&fr2=sb-top-ph.search&type=501549&iscqry= Makikita ang mga larawang likha ng Panginoon

http://www.fanpop.com/clubs/god-the-creator/images/10864848/title/beautiful-gods-creation-photo Makikita ang mga larawang nilikha ng Panginoon

https://www.google.com.ph/search?q=seventh+day+of+god+creation&biw=1024&bih=499&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0CAYQ_AUoAWoVChMI6ZK7_vnMxwIVBguOCh3IXQpP&dpr=1#imgrc=aPtFYvBNpd95CM%3A Larawan ng pampitong araw ng paglikha ng Panginoon

https://www.youtube.com/watch?v=VFi2jvBupmA Mapapanaood ang mitolohiya ng Persya

https://www.youtube.com/watch?v=mI0rmCcGdoc Mapapanood ang Iranian/Persian Mythology, Part I, Ahriman, Zoroaster, Ahura Mazda, Mithras, Vayu, Tishtar, Apousha

http://mamsha.tripod.com/id37.html Mababasa dito ang kahulugan ng pangangatwiran at ang iba pang impormasyon ukol dito

http://tl.answers.com/Q/Halimbawa_nang_pangangatwiran Mababasa dito ang uri at halimbawa ng pangangatwiran

http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_iba%27t_ibang_uri_ng_pangangatwiran Mababasa sa linkna ito ang uri ng pangangatwiran

http://wiki.answers.com/Q/3_uri_ng_proposisyon Mababasa ang mga uri ng proposisyon sa link na ito

http://tl.answers.com/Q/Halimbawa_ng_Pabuod_na_pangangatwiran Mababasa ang pabuod na pangangatwiran sa link na ito

http://tl.answers.com/Q/Mga_halimbawa_ng_pangangatwirang_pasaklaw Ang halimbawa ng pasaklaw na pangangatwiran ang mababasa sa link na ito

http://tl.answers.com/Q/Kahulugan_ng_pagtatalo ang kahulugan ng pagtatalo ang mababasa dito

http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_kahalagahan_ng_debate Ang mababasa ang kahalagahan ng debate ang sa link na ito

http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_mga_uri_ng_pagtatalo Ang mga uri ng pagtatalo ang makikita sa link na ito.

http://delfinomenchie.blogspot.com/ Sa blog na ito mababasa ang mga impormasyon ukol sa pagtatalo

https://prezi.com/8buuqpcjfye7/si-nyaminyami/ Ito ay powerpoint presentation ukol sa mitolohiyang si Nyaminyami

https://prezi.com/k7yeq1uzvvtv/si-nyaminyami-ang-diyos-ng-ilog-zambezi/ Sa link na ito makikita ang mitolohiyang si Nyaminyaming Ilog Zambezi

Baybayin : Paglalayag sa Wika at Panitikan

Pinagyamang Pluma 10

Hiyas ng Lahi : Panitikan / Gramatika at Retorika

## Aralin 2: Tula at Maikling Kuwento

☑ **Panimula at mga Pokus na Tanong**

Paano mo ilalarawan ang ginawang paghehele sa'yo ng iyong ina noong ika'y sanggol pa lamang? Ano-anong damdamin ng iyong ina ang masasalamin sa bawat paghehele na ginawa niya sa'yo nang ika'y sanggol pa lamang? Nakatulong ba ang pagheheleng ito upang mapalapit ang ugnayan ninyong mag-ina?

Sa kabilang banda, paano mo kaya haharapin ang kahirapan ng inyong buhay-pamilya dahil sa naging kamatayan ng iyong ama? Paano kung sumunod namang naparalisado ang iyong ina? Paano kung sa inyong paghahanapbuhay ay di naging maayos ang pakikitungo sa inyo ng inyong amo?

Sa modyul na ito, mabibigyang kasagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. **Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan sa Africa at Persia?**
2. Masasalamin ba sa panitikan sa Africa at Persia ang kultura o kalagayang panlipunan ng ating bansa? Pangatuwiranan.
3. **Paano nakaaapekto ang panitikan sa Africa at Persia sa buhay nating mga Pilipino?**
4. **Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikan sa Africa at Persia?**
5. Paano nakatulong ang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa kasiningan ng akda?
6. Ano-ano ang kapakinabangang maidudulot kapag naging mahusay sa pagpapakahulugan ng iba't ibang damdamin?

☑ **Saklaw ng Modyul**

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:

| **Aralin Blg.** | **Pamagat** | **Matutuhan mo ang…** | **Bilang ng Oras/ Sesyon** |
|---|---|---|---|
| Aralin 2.1 | **Panitikan**: Tula mula sa Uganda | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)** | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* (salin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)<br><br>**Wika**: Simbolismo at Matatalinghagan Pahayag | ● **F10PN-IIIc-78** Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br><br>● **F10PB-IIIc-82** Nabibigyang kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>● **F10PT-IIIc-78** Naiaantas ang mga salita ayon sa antas ng damdamin<br>**Panonood (PD)**<br>● **F10PD-IIIc-76** Nasusuri ang napanood na sabayang pagbigkas o kauri nito batay sa:<br>- kasiningan ng akdang binigkas<br>- kahusayan sa pagbigkas<br>- at iba pa<br>**Pagsasalita (PS)**<br>● **F10PS-IIIc-80** Masigasig at matalinong nakikilahok sa mga talakayan<br>**Pagsulat (PU)**<br>● **F10PU-IIIc-80** Naisusulat ang sariling tula na lalapatan din ng himig<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>● **F10WG-IIIc-73** Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito | |
| Aralin 2.2 | **Panitikan**: Maikling kuwento mula sa Iran<br>*Ang Batang Manlalako* ni Samad Behrangi (salin ni Jean L. Royo) | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>● **F10PN-IIId-e-79** Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa napakinggang bahagi ng | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **Wika**: Pagpapakahulugan ng Iba't ibang Damdamin | akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>● **F10PB-IIId-e-83** Naiuugnay ang mga pahayag sa lugar, kondisyon ng panahon at kasaysayan ng akda<br><br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>● **F10PT-IIId-e-79** Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa<br>**Panonood (PD)**<br>● **F10PD-IIId-e-77** Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda<br>**Pagsasalita (PS)**<br>● **F10PS-IIId-e-81** Mapanuring naihahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa: sarili, panlipunan, at pandaigdig<br>**Pagsulat (PU)**<br>● **F10PU-IIId-e-81** Pasulat na nasusuri ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang *social media*.<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>● **F10WG-IIId-e-74** Nagagamit ang wastong mga pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa akda | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.

**MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG AFRICA AT PERSIA**

↓

A. **Tula mula sa Uganda**
**Panitikan:** *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*
(salin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)
**Wika:** Simbolismo at Matatalinghagang Pahayag

↓

B. **Maikling Kuwento mula sa Iran**
**Panitikan:** *Ang Batang Manlalako ni Samad Behrangi*
(salin sa Filipino ni Jean L. Royo)
**Wika:** Pagpapakahulugan ng Iba't ibang Damdamin

**Aralin 2.1 Tula Mula sa Uganda – Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay**

A. **Tula mula sa Uganda**
**Panitikan:** Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay
(salin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora)
**Wika:** Simbolismo at Matatalinghagang pahayag at Mga Elemento ng Tula

## PANIMULANG PAGTATAYA

Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor.
Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang tawag sa awiting may kaugnayan sa paghehele o pagpapatulog sa bata?
   a. Elehiya
   b. Oda
   c. Oyayi
   d. Dalit

2. Sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*, ano ang pangarap ng ina sa kanyang anak?
   a. Maging opisyal ng barangay
   b. Maging mahusay na doktor
   c. Maging magaling na mandirigma
   d. Maging tanyag na mang-aawit

3. Sa maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*, bakit kailangang huminto sa pag-aaral si Tavardi at maghanapbuhay na lamang?
   a. dahil sa wala siyang hilig sa pag-aaral
   b. dahil sa kamatayan ng kaniyang ama
   c. upang matigil na ang pambubuska ng kaniyang mga kaklase
   d. sapagkat napakalayo ng paaralan mula sa kanilang bahay

4. Isa sa mga simbolong nagamit sa tula ay ang paggamit kay "Zeus" para sa kaniyang sanggol. Ano ang nais nitong ipakahulugan?
    a. Nagtataglay ng katawang walang kamatayan.
    b. Nagtataglay ng kakaibang husay at tapang.
    c. Siya'y sasambahin ng lahat ng nilalang.
    d. Siya'y pupurihin sa lahat ng sandali ng kaniyang buhay.

5. Alin sa mga sumusunod na islogan ang *pinakaangkop* na mensahe ng tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*?
    a. "Sanggol na Malusog, Pangarap na Matayog"
    b. "Paghehele ng Ina, Sanggol ay Sasaya"
    c. "Pagpapatulog ng Bata, Ikinasisiya ng Ina"
    d. "Sanggol na inihele, Pagmamahal na Masidhi"

6. Sa maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*, alin sa mga sumusunod na salawikain ang *pinakaakma* para dito?
    a. "Pag maiksi ang kumot, magtiis mamaluktot"
    b. "Kung ano ang puno, ito rin ang bunga"
    c. "May tainga ang lupa, may pakpak ang balita"
    d. "Sundalong nasusugatan, nag-iibayo ang katapangan"

7. Alin sa mga sumusunod na islogan ang *pinakaangkop* na mensahe ng maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*?
    a. "Bata Mang Ituring, May Magagawa ring Magaling"
    b. "Mawalan man ng Ama, May Mapagmahal namang Ina"
    c. "Kapatid ay Mahalin, Pangarap ay Abutin"
    d. "Kahirapan ng Buhay, Di Sagwil sa Tagumpay"

8. Mula sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*, alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na tono ng saknong sa ibaba?

    *"Samakatuwid, ako'y minahal*
    *Samakatuwid, ako'y lumigaya*
    *Samakatuwid, ako'y kapilas ng buhay*
    *Samakatuwid, ako'y nagtamasa ng dangal"*

    a. Paninibugho
    b. Pagbabakasakali
    c. Pagkakontento
    d. Paniniguro

9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang itinuturing na isa sa mga maling palagay o *misconception* ng ilang anak na tulad mo may kinalaman sa tunay na lagay ng isang ina pag siya'y manganganak na? (maling palagay/*misconception*)
    a. Tanging kasiyahan ang bumabalot sa katauhan ng ina pag manganganak na.
    b. Lahat ng mapagmahal na ina ay nangangarap ng isang sanggol na malusog.
    c. Maaaring mawala ang katinuhan ng pag-iisip ng ina pag manganganak na.
    d. Magkahalong saya at pangamba sa oras ng panganganak ng isang ina.

10. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng Africa at Persia?
    a. Mapaigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig.
    b. Maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay.
    c. Mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan.
    d. Di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa Africa at Persia.

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng mga taludtod na hinalaw sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* na *"Ika'y magbunyi kaparis ng aking pagbubunyi, Ika'y irugin kaparis ng ligayang aking nadarama"?*
    a. Nais ng ina na malasap din ng sanggol na anak ang anumang positibong kaniyang tinatamasa.
    b. Hangad ng ina na maranasan ng anak ang magandang buhay na naipagkait mismo sa kaniya bilang kaniyang ina.
    c. Kailangang ipagbunyi ng kaniyang anak ang pagkakataong masilayan niya ang ganda ng buhay.
    d. Sapat ang dahilan upang magalak ang anak dahil sa pagkakaroon niya ng mapag-arugang ina.

12. Alin sa mga sumusunod ang *pinamakakabuting dahilan* kung bakit kailangan ng bawat anak na mahalin ang kani-kanilang ina sa kabila ng kanilang mga pagkukulang?
    a. Itinaya nila ang kanilang buhay sa panganganak masilayan mo lamang ang ganda ng buhay na kaloob ng Poong Maykapal.
    b. Obligasyon mo ito bilang isang anak kundi ika'y aani ng pangungutya mula sa ibang taong nakapaligid sa'yo.
    c. Kung di mo ito gagawin, di ka tatanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos na pinagmulan ng iyong buhay.

d. Tao rin silang tulad mo, nagkakamali sa kanilang mga ginagawa kung papaanong ikaw ay nagkakamali rin.

13. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabigat* na dahilan kung bakit may mga anak ang tuluyan nang humihinto sa kanilang pagpasok sa paaralan?
    a. Dahil sa kahirapan ng buhay na kinabibilangan
    b. Dahil sa kawalan ng hilig sa pag-aaral
    c. Sapagkat nakaaway nila ang kanilang ama't ina
    d. Sapagkat maaari namang mag-aral sa bahay

14. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na paraan ng pakikitungo sa sinumang indibidwal na napagkaitan ng kasaganahan sa buhay?
    a. Laging bigyan ng makakain upang iwas-gutom at di maisipang magnakaw.
    b. Ipagdasal lagi na maging maayos ang kanilang kalagayan.
    c. Turuang maghanapbuhay kung nasa kapangyarihang gawin ito.
    d. Payuhan sila na maging mabuti lagi kahit mahirap ang buhay.

15. Batid mo ang mga sakripisyo ng iyong ina mula nang ika'y sanggol pa lamang. Kaya naman lumaki kang isang mabuting anak, *mama's boy* ika nga. Kasabay nito ang iyong pagiging mabuting kapwa, at mabuting mag-aaral. Gayunpaman, sa paaralan, ilan sa mga kaklase moa ng madalas kang tuksuhing *mama's boy.* Umaabot sa puntong naiinis ka na. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Awayin na lamang sila sa kanilang ginagawa at ipakitang di ka basta-basta nagpapatukso sa kanila.
    b. Humanap din ng paraan para matukso ang mga kaklaseng ito para maramdaman din nila ang iyong nararamdaman.
    c. Ipagpilitan sa mga magulang na tumigil na lamang sa pag-aaral para di na muling matukso pa.
    d. Ipagwalang bahala na lamang sila sapagkat wala namang masama sa pagiging mama's boy, magsasawa rin sila.

16. Lumaki ka sa piling ng iyong lolo at lola. Sila na ang tumayong ama't ina mo mula nang mangibang bansa ang iyong mga magulang noong ika'y limang taong gulang pa lamang. Batid mo na ngayon na kailangan nila itong gawin dahil sa kahirapan ng iyong buhay at makaipon ng sapat na salapi para sa'yong pag-aaral. Kaya, di sila nagkulang sa pagpapadala sa'yo ng iyong mga kakailangan sa pag-aaral tulad ng *laptop, cellphone*, at iba pang gadyet. Hanggang sa natuto kang makipagbarkada at sa tingin mo, sila na ang iyong bagong pamilya. Napansin ito ng iyong lolo't lola at ika'y kanilang pinayuhan. Ano ang *pinakamainam* mong gawin?

a. Huwag na silang pansinin pa total matanda na sila at tiyak di na nila alam ang kanilang ginagawa, baka ulyanin na nga sila.
b. Ipagwalang bahala ang kanilang payo dahil malamang naiinggit lamang sila at gusto nilang sila ang iyong alagaan.
c. Isapuso at gawin ang payo sapagkat alam nila ang nakabubuti sa'yo at hangad nila ang iyong tagumpay.
d. Huwag na silang pansinin pa. Malaki ka na at alam mo na nakabubuti sa'yo. Ikaw naman ang magpasiya para sa'yong sarili.

17. Dala ng kahirapan ng iyong buhay, ikaw at ng iyong nakatatandang kapatid na babae ay namasukan sa isang pabrika. Naging maayos naman ang inyong lagay subalit nagbago ito makalipas ang ilang linggo. Napansin mong iba ang pagtingin ng inyong lalaking amo sa'yong babaeng kapatid. Sinabihan pa nga ang iyong ate na pumayag lamang siya sa kaniyang gusto, tiyak na mapabibilis ang pag-ahon niyo sa kahirapan. Ngunit alam niyong magkapatid na maling-mali ito sapagkat pamilyado ang inyong amo. Paulit-ulit ang ganitong eksena. Ano ang *pinakamabuti* niyong gawin?
    a. Tanggapin na lamang ang iniaalok ng amo dahil malaki ang maitutulong niya upang makaalpas sa kahirapan.
    b. Tanggihan ang kagustuhan ng amo sapagkat ito'y imoral. Hahantong lamang ito sa maraming problema.
    c. Umayon na lamang sa kagustuhan ng amo dahil maaari namang ilihim ang kanilang magiging relasyon.
    d. Tanggihan ito dahil ayaw mong matawag na kabit ang iyong kapatid. Mabuti sana kung hiwalayan niya ang dating asawa.

18. Ipagpalagay mo na isa kang guro. Sa halos araw-araw mong pagtuturo, halos araw-araw rin sa paglalako ng kakanin sa inyong paaralan ang isang binatilyo. Nalaman mong patay na ang kaniyang sundalong ama, at kasalukuyang paralisado naman ang ina. Tanging paglalako ng kakanin ang ikinabubuhay nilang mag-ina. Masidhi ang pagnanais niyang maipagpatuloy ang pag-aaral dahil madalas mong makitang matamang nakikinig sa'yong pagtuturo sa labas ng silid-aralan. Ano ang pinakamabuti mong gawin?
    a. Hayaan lamang siya sa kaniyang ginagawang pakikinig sa labas ng silid-aralan dahil magsasawa at titigil din.
    b. Pag-aralang mabuti kung papaano matutulungan ang batang ito sa hangaring maipagpatuloy ang pag-aaral.
    c. Isangguni na lamang sa DSWD para sila na ang bahalang magbantay sa batang ito dahil nakasasagabal siya sa'yong pagtuturo.
    d. Pagalitan mo ang batang ito sa ginagawang pagtatambay sa labas ng silid-aralan para di na niya ulitin pa ang ginagawa.

19. Isa ka sa mga mag-aaral na naaawa sa mga batang di nakakapag-aral dahil sa kakapusan sa salapi. Abot-langit ang kagustuhan mong sila'y matulungang makapag-aral subalit batid mong walang kakayahan ang pamilyang kinabibilangan mo upang matulungan ang mga nasabing bata dahil madalas, kinakapos din kayo at salat sa mga pangangailangan sa araw-araw. Ano ang pinakaangkop mong gawin?
    a. Ipagpilitan sa'yong mga magulang na suportahan sa kanilang pag-aaral ang mga nasabing bata upang mapanatag na ang kalooban mo.
    b. Lagi mo silang isama sa'yong panalangin na sana'y makagawa ng paraan ang mga pinuno upang mapag-aral sila.
    c. Iwaksi mo na lamang sa'yong isipan ang mga batang ito at ituon ang buong atensyon sa'yong pag-aaral.
    d. Puntahan mo ang mga namumuno sa inyong lugar upang isa-isahin silang kumbinsihing pag-aralin ang mga bata.

20. Bata ka pa lamang, naging hilig mo na ang mga laruang eroplano. Kaya naman sa ngayon, buo na ang pasya mong kumuha ng kursong kaugnay ng pagpipiloto. Gayunpaman, malimit mong naririnig sa'yong minamahal na ina na pagdodoktor ang gusto niya para sa'yo. Gusto mo itong isangguni sa'yong ama ngunit sa di sinasadyang pagkakataon, narinig mong nag-uusap ang iyong ama't ina at sinasabing suportado ng ama mo ang kagustuhan ng iyong ina para sa'yo. Ano ang pinakamainam mong gawin bilang isang mapagmahal na anak?
    a. Buong suyo at mapagkumbabang kausapin ang iyong ama't ina at iparamdam sa kanila ang hangarin mong maging piloto.
    b. Ipagpilitan sa'yong mga magulang ang kagustuhan kahit magbunga pa ito ng di kaaya-ayang relasyon sa inyong mag-anak.
    c. Magkulong sa kuwarto at ipangako sa sariling di ito bubuksan hangga't di pumapayag ang mga magulang sa'yong kagustuhan.
    d. Makikitira ka muna sa'yong mga kamag-anak at uuwi ka lamang sa piling ng iyong ama't ina pag payag na sila sa gusto mong kurso.

## PAGTUKLAS

Ano-ano ang mga paglalarawan sa iyo ng iyong ina nang ika'y ipinaghehele pa lamang niya? Anong damdamin ang namayani sa kanya sa mga sandaling ika'y kaniyang ipinaghehele? Ang iyong mga sagot sa mga tanong na ito ang maghahatid ng kagalakan yamang kay sayang balik-balikan ang panahon ng ating kamusmusan. Kaya atin nang gisingin ang katuwaan sa ating damdamin sa pamamagitan ng susunod na gawain.

### GAWAIN 1. Paghehele Sa akin ni Ina

Bigyang-kasagutan ang dalawang tanong sa itaas. Maging tapat sa'yong mga sagot. Isulat sa loob ng kahon ang iyong tugon sa loob ng lima hanggang walong pangungusap lamang.




_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Tunay na ngiti ang namutawi sa iyong labi pagkatapos mong isagawa ang unang gawain. Alam mo ba na ang gawaing ito ay may kaugnayan sa isang tekstong nagmula pa sa bansang Uganda? Oo ! Kung ganoon, sa simula pa lamang, **makikita mong makatutulong ang** pag-aaral sa mga panitikan ng Africa at Persia sa pagpapaigting **ng ugnayang pandaigdig.**

Ngayon, ang susunod na gawain ay may layuning tuklasin ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa kahalagahan ng panitikang nagmula sa Africa at Pesia sa pagpapaigting ng ugnayang pandaigdig.

## GAWAIN 2. Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Nasa ibaba ang halimbawa ng IRF tsart. Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa katanungang **"Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikang nagmula sa Africa at Persia"** Isaalang-alang ang magiging tugon yamang may posibilidad na ito'y mabago habang at pagkatapos mapag-aralan ang kabuoan ng araling ito.

| |
|---|
| **Unang Tugon (Initial)** |
| Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final) |

**Katapusang Bahagi ng Pagktulas**

Oo, sa tulong ng tinugunan mong *IRF sheet*, nabigyan ka ng pangkalahatang pananaw hinggil sa mga puntong dapat mong bigyang-pansin sa pag-aaral ng araling ito.

Ngayon naman, oras na upang maaliw ka, matuto, at mapakilos sa isang oyayi o paghehele sa isang sanggol na nagmula sa bansang Uganda sa pamamagitan ng susunod na bahagi ng modyul.


## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, mababatid mo na ang nasabing oyayi, isang tekstong nagmula pa sa bansang Uganda na aantig sa iyong damdamin. Isantabi muna ang mga bagay na maaaring maging sagabal upang makuha mo ang diwa ng oyaying iyong babasahin at maramdaman mo ang kagalakang hinahangad na iyong maramdaman.

Bago basahin ang tula, unawain mo muna ang mga salitang maaaring makasagabal sa iyong pag-unawa sa tekstong tatalakayin.

### GAWAIN 3. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Isulat sa kolum A ang kasingkahulugan ng salitang nasa bawat bilang, at sa kolum B naman ang kasalungat nito upang maunawaan nang husto ang oyaying *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* mula sa bansang Uganda. Isulat sa nakalaang kahon ang iyong sagot.




Pagbati sa iyong pagbibigay-kahulugan sa mga sinundang salita. Malinaw na sa iyo ang kahulugan ng mga salitang maaaring makasagabal sa iyong pag-unawa sa babasahing oyayi mula sa Uganda. Masasabing handa ka na sa pagbasa sa *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay.*

Basahin at unawain ang tulang *Ang Hele ng Isang Ina sa Kanyang Panganay na Anak.*

**Teksto 1** Puntahan ang *site* na ito: http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/hele-ng-ina-sa-kaniyang-panganay.html. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga paglalarawan ng ina sa kaniyang iniheheleng sanggol?
____________________
____________________
____________________
____________________

2. Ano ang pangarap ng ina sa kaniyang sanggol?
____________________
____________________
____________________
____________________

3. Ano-ano ang mga tanong ng ina para sa kaniyang sanggol?
____________________
____________________
____________________
____________________

4. Bakit kailangang tanungin ng ina ang kaniyang sanggol gayong alam naman niyang wala siyang makukuhang tugon?
____________________
____________________
____________________
____________________

5. Paano makatutulong ang paghehele para sa relasyon ng ina sa kaniyang sanggol?
____________________
____________________
____________________
____________________

6. Anong damdamin ang nakikita mong nasa likod ng pagheheleng ginagawa ng mga ina sa kani-kanilang sanggol?
____________________
____________________
____________________
____________________

7. **Bakit kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa Oyayi ng Uganda? Ipaliwanag**
   **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa panitikan ng Africa at Persiya?**

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

Pagbati sa ipinamalas mong matuto ng kusa sa nilalaman ng oyayi ngUganda. Tiyak na lumawak muli ang iyong kaalaman. Kasabay nito, nabigyang-diin ang katotohanang nakatutulong ang panitikan mula sa bansang Uganda upang mapaigting ang ugnayang pandaigdig ng ating bansa, maliban sa mga praktikal na gintong aral na natutuhan mo mula rito.

Sa bahaging ito ng modyul, makatuwirang isanib ang pagtalakay sa gramatika, partikular sa simbolismo, matatalinghagang pahayag, at mga elemento ng tula na gumaganap ng mahalagang papel sa kasiningan ng isang akda at sa pagbibigay ng makabuluhang kahulugan.



**Pagsasanib-Gramatika:**
**Simbolismo at Matatalinghagang Pahayag**

**Teksto 2** Basahin at unawaing mabuti ang tungkol sa Simbolismo, Matatalinghagang Pahayag, at Mga Elemento ng Tula. Pagkatapos, subukang sagutan ang mga sumusunod na tanong.

**A. SIMBOLISMO** ● Ito ang tatak, sagisag, o palatandaan ng isang tula. Sa sandaling binabanggit ang simbolo sa tula, sinusubukang tukuyin ng mambabasa ang kahulugan o mensaheng nakapaloob dito.
Halimbawa: 1. simbolo: kalapati --- Kahulugan: kapayapaan
2. simbolo: Haring Solomon --- Kahulugan: katalinuhan/karunungan
3. simbolo: krus --- Kahulugan: pasanin

..

## C. MGA ELEMENTO NG TULA

1. **TUNOG/TUGMA –** tumutukoy ito sa pare-parehong tunog ng huliang pantig ng bawat salita sa bawat taludtod sa bawat saknong. Totoong kawili-wiling pakinggan ang tula na ganito.
   Halimbawa: Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya sa pagkadalisay at pagkadakila gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa? aling pag-ibig pa? wala na nga, wala.
   - Halaw sa *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio
2. **TALINGHAGA –** ito ang mga salitang may malalim na kahulugan.
3. **LARAWANG-DIWA –** ito ang larawan o imaheng nabuo at naiiwan sa isipan ng mambabasa. Pumupukaw ito sa limang pandama: paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandama.
   Halimbawa: Patak-patak, unti-unti at ang bato'y naaagnas Taga-taga, sunod-sunod at ang puno'y nabubuwag Munting bato, naging templo; naging dampa itong patpat At dahil sa katiyagaan, ang lahat ay napatanyag
   - Halaw sa *Katiyagaan* ni Jose Corazon de Jesus
4. **SIMBOLO –** *(tingnan ang nasa sinundang kahon)*

Dagdag-kaalaman ang muling napasaiyo. Mahusay! Magagamit mo ang mga kaalamang ito sa pag-unawa sa anuman tekstong nagtataglay ng mga nabanggit na mga elemento ng tula.
OO, hindi maipagkakailang handa ka na upang isagawa ang mga gawaing nakaabang na susukat sa iyong pa-unawa sa oyaying binasa, gayundin sa gramatika.

## GAWAIN 4. Oyayi ng Uganda, Kayganda!

Mapatutunayan mo sa gawaing ito ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa oyaying *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay.* Iyong susuriin ang nilalaman nito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na impormasyon sa hinihiling ng bawat bilang. Ilagay sa nakalaang patlang ang sagot.



http://cliparts.co/clipart/564204

1. Paglalarawan sa mata ng sanggol:
   ______________________________________
   ______________________________________
2. Paglalarawan sa kamay ng sanggol:
   ______________________________________
   ______________________________________
3. Paglalarawan sa kinabukasan ng sanggol: ________________________
   ______________________________________
   ______________________________________
   ______________________________________

## GAWAIN 5. Elemento ng Tulang Uganda, Ilalantad Kita!

Himay-himayin natin ang nilalaman ng oyayi ng Uganda sa tulong ng mga elemento ng isang tula. Ibigay mo ang hinihiling ng bawat bilang nang higit mo pang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga sa binasang tula.

**1. ILANTAD ANG LAHAT NG TALINHAGANG NAKITA**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**2.TUNOG/TUGMA**

______________________

______________________



https://www.pinterest.com/kfoardlc/breastfeeding-of-course/

**3. ILANTAD LAHAT NG NAKITANG SIMBOLO AT IBIGAY ANG KAHULUGAN NG MGA ITO**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**4. LARAWANG-DIWA**

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

Isang pagbati sa iyong pagkukusang matuto. Pinatunayan mo ang iyong angking kakayahan sap ag-unawa sa mga elemento ng tula.

Pagtuunan mo naman ngayon nang mabuti ang mga pagpapahalagang pangkatauhang masasalamin sa oyayi ng Uganda upang higit na makintal sa iyong puso't isipan ang halaga ng panitikang pandaigdig na ito sa buhay nating mga Pilipino. Maisasagawa ito sa pagsagot mo sa inihandang mga gawain.

## GAWAIN 6. Claim, Evidence, Reason (CER)

Paglalantad sa mga positibong katangian ng ina ang nakapaloob sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*. Isulat sa bahaging *'claim"* ang positibong ugali; sa bahaging *'evidence',* isulat mo naman ang mga taludtod na sumusuporta sa'yong *'claim';* at sa bahaging '*reason'* naman, ang iyong pagpapaliwanag sa'yong isinulat na ebidensya sa'yong naging *'claim'.* Maging mapanuri ka lamang sa kahulugan ng mga taludtod yamang ang mga kaaya-ayang katangian ay di lantad bagkus nangangailangan ng malalimang pag-unawa.



http://cliparts.co/clipart/564204

**MGA POSITIBONG KATANGIAN NG INA**

**#1.**

*Claim:* ____________________________________

*Evidence:* ____________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

*Reason:* ____________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



http://cliparts.co/clipart/564204

**#2.**
*Claim:* ___________________________________
*Evidence:* _________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________

*Reason:* _______________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________
_________________________________________

**REPLEKSYON:** Sa tulong ng sinundang gawain, napagtanto kong nakatutulong ang pag-aaral sa panitikan ng daigdig tulad ng tula mula sa Uganda na pinamagatang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* sapagkat sa pamamagitan nito, napatunayan kong ang ating mga ina pala ay _____________________________________________________________
_____________________________________________________________
_________________________________________________________.
Kaya naman, gagawin ko ang lahat upang ang panitikan ng Africa at Persia ay _____________________________________________________________
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________

Mahusay! Mahalaga ang kasanayang natamo mo gamit ang CER Sapagkat tinulungan ka nitong makibahagi sa mga mahahalagang usapin kapag may sapat kang ebidensiya. Praktikal ang kasanayang ito sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.

Subukan mo naman ngayon ang bumuo ng pahayag na sasaling sa isipan at damdamin lalong-lalo na sa ating mga minamahal na ina. Isasagawa ito sa tulong ng mga inihandang gawain.

## GAWAIN 7. Islogang Pang-Oyayi

Ngayon at batid mo na ang damdaming naghahari sa ating mga ina sa tuwing sila'y naghehele, magiging madali ngayon sa'yo ang bumuo ng pahayag na sa tingin mo'y magbibigay-diin sa nasabing damdamin ng mga ina. Bumuo ka ng isang islogan ukol sa oyayi o pagpapatulog ng sanggol. Isaalang-alang mo ang nilalaman ng tsekbrik sa pagbuo ng islogan. Ilagay sa loob ng kahon sa ibaba, sa tabi ng larawan ang mabubuong islogan.

**TSEKBRIK SA PAGBUO NG ISLOGAN**

| **4 – Eksaktong-sakto 3 – Eksakto 2 – May Kakapusan 1 – Nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Pumapaksa sa damdamin ng ina kaugnay ng paghehele ng kaniyang sanggol. | | | | |
| 2. Kabisaan ng mga salitang ginamit ay sa pagpapalutang ng mensahe. | | | | |
| 3. Kawastuhan ng baybay ng mga salitang ginamit. | | | | |
| 4. Nakakukuha ng atensyon sa mga mambabasa anupa't nasasaling ang isipa't damdamin. | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |



Sadyang nakapupukaw ng damdamin ang ginawa mong pagbuo ng islogan. Tunay na sa puntong ito na masasabi nating nalinang ang ang pagpapahalaga mo sa iyong ina. Salamat sa panitikan ng Uganda! Makatuwiran kung ganoon na yakapin at pagyamanin ang panitikan ng Africa at Persia.

Pagkakataon mo naman na pasalamatan ang iyong inang naghele sa iyo noong sanggol ka pa lamang sa bisa ng susunod na gawain.

## GAWAIN 8. Para Sa'yo Aking Ina

Isa sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa oyaying pinag-aralan ay ang pagtanaw ng utang na loob sa ating ina na walang humpay na naghele noon sa atin.

Sa pamamagitan ngayon ng isang liham, isulat mo ang pasasalamat sa'yong ina. Pagkatapos, basahin ito nang masining o nang may damdamin, gamit ang aplikasyong *Present.me* –www.present.me.com. I-*upload* sa *discussion board* at padalhan din ng kopya ang guro. Isaalang-alang ang nilalaman ng tsekbrik sa pagsasagawa nito.

**TSEKBRIK SA MASINING NA PAGBASA NG LIHAM-PASASALAMAT**

| **4 = Napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Kaangkupan ng nilalaman: kaugnay ng paghehele ng ina sa kaniyang sanggol | | | | |
| 2. Kabisahan ng mga salitang ginamit sa pagpaparating ng mensahe. | | | | |
| 3. Emosyon o damdaming namayani habang binabasa ang tula: nakapupukaw kaisipan at damdamin. | | | | |
| 4. Epekto ng liham-pasasalamat sa mga nakikinig. | | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | | |

*Discussion board*



Binabati kita sa pagsagot mo sa mga gawaing inihanda lalo na sa pagpapahalaga sa iyong ina na naghele sa iyo noon. Salamat sa aral na ito na natamo mo buhat sa panitikan ng Uganda. Muli, damang-dama mo ang makabuluhang tugon sa tanong na **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa Africa at Persia?**

## GAWAIN 9. Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Nakabubuti munang balikan mo ang Mapa ng Konsepto ng Pagbabago na iyong nasimulan sa bahaging PAGTUKLAS. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging **I** ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago hinggil sa tanong na **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa Africa at Persia?** Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot.

| |
|---|
| Unang Tugon (**I**nitial) |
| **Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)**<br><br>***Dahilan/Mga dahilan:*** |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Hindi matatawaran ang ipinamalas mong husay sa pagtugon sa mga sinundang gawain. Dahil dito*, two thumbs up* para sa iyo! Walang kaduda-dudang napagtibay ang katotohanang dapat yakapin ang panitikan mula sa Africa at Persia yamang nakatutulong ito upang mapaigting ang internasyonal na ugnayan ng ating bansa.

Taas-noo kong masasabi ngayon na handang-handa ka na sa susunod na bahagi ng pagkatuto.

## PAGPAPALALIM

Layunin ng bahaging ito ng modyul na palalimin ang mga kasanayan at pagpapahalaga na iyong natamo buhat pa sa simula ng araling ito.

Sa puntong ito, tiyak na magpapalalim ang mga susunod na gawain sa iyong pagkatutong matamo mo ang mga kasanayan sa mga elemento ng tula, kasabay ng pagpapalalim sa mga pagpapahalagang natamo mo mula sa oyaying nagmula sa Uganda, *Ang Hele ng isang Ina sa kanyang Panganay*

### GAWAIN 10. Paggawa ng Collage: Mukha ng Paghehele

Bisitahin ang *site* na www.glogster.com upang humanap ng iba't ibang mukha ng pagmamahal, sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng mga ina sa kani-kanilang sanggol na anak. Puntahan lamang ang *site* ng *glogster* at doo'y magagawa mo ang hinihiling ng gawaing ito. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Limitado ba ang dami ng mga larawang nakuha mo mula sa *site*? Ano ang ibig sabihin ng dami ng larawang iyong nakita?

2. Anong damdamin ang nangibabaw sa'yo habang at pagkatapos maisagawa ang gawaing ito? Ipaliwanag.

3. Paano nakaapekto sa'yong pagkatao ang gawaing ito? Ipaliwanag.

4. **Sa tulong ng gawaing ito, bakit masasabing kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa mga panitikan ng Africa at Persia?**

5. **Paano mapaiigting ng mga panitikan mula sa Africa at Persia ang ugnayan ng Pilipinas mula sa mga bansa sa mundo? Ipaliwanag.**

Pinagtibay mo sa ginawa mong *collage* na sadyang masasalamin ang Positibong saloobin ng mga ina sa tuwing ginagawa nila ang paghehele, bagay na ating pinasasalamatan.

Atin pang palalimin ang iyong pagpapahalaga sa sakripisyong iniuukol ng ating mga ina sa panahon ng kanilang paghehele araw man o gabi sa pamamagitan ng susunod na gawain.

### GAWAIN 11. *Five-Minute Essay:* Paghehele ni Ina, Isang Biyaya

Biyayang maituturing ang pagheheleng ginagawa ng ating mga ina yamang isa itong gawaing maselan ngunit kapaki-pakinabang. Kaya naman, sa sandaling ito,

isasagawa mo ang *Five-Minute Essay* kaugnay ng paksang *Paghehele ni Ina, Isang Biyaya.* Ilagay sa loob ng kahon ang mabubuong tugon.



Umaasa akong sa sinundang gawain ay muling naikintal sa iyo ang sakripisyong ipinamamalas ng ating mga ina nang tayo'y ipinaghehele pa lamang.

Patuloy nating palalimin ang iyong pagkatuto't pagpapahalaga sa tulong ng susunod na gawain. Patuloy mo rin sanang ipamalas ang pagkukusang matuto.

## GAWAIN 12. Mga Awiting Kaygaling!

Bisitahiin ang bawat *site* na nasa loob ng kahon. Alamin at unawaing mabuti ang nilalaman ng mga ito. Pagkatapos, ibigay ang hinihingi ng bawat kahon.

https://www.youtube.com/watch?v=PSKHrmZs064

**Pagtukoy sa mga Larawang-diwa**

**Pagtukoy sa mga Simbolo at Pagbibigay-Kahulugan sa mga Ito**

Pagtukoy sa mga Larawang-diwa

agtukoy sa mga Simbolo at Pagbibigay-Kahulugan sa mga Ito

https://www.youtube.com/watch?v=6jqBCEhFyMQ

https://www.youtube.com/watch?v=4GZgop3tDwM

Pagtukoy sa mga Larawang-diwa

Pagtukoy sa mga Simbolo at Pagbibigay-Kahulugan sa mga Ito

**REPLEKSYON**: Hindi maisasantabi ang katotohanang sa tatlong awiting aking pinakinggan, nabigyang-diin ang ______________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
. Kaya naman, ako'y lubusang nagpapasalamat sa oyaying nagmula sa Uganda sapagkat sa tulong nito, __________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
Karapat-dapat kung ganoon na __________________________ ang mga panitikang nagmula sa Africa at Persia dahil praktikal sa buhay nating Pilipino ang mga aral na makukuha mula rito.
aral na makukuha mula rito.

Umaasa akong ang awit na iyong pinakinggan at sinuri na pinuri at pinasalamatan ang ating mga ina sa dahilang naisa-isa sa tatlong nasabing awit. Mabuhay ang ating mga ina! Mapalad tayo!
Iyong ipagpatuloy ang pagsasagawa sa susunod na gawain nang mapagpatuloy mo rin ang pagpapalalim sa iyong mga natutuhan.

### GAWAIN 13. Ngiting Hatid ng Oyayi

Bumuo ka ng mga mapaglarawang pahayag ukol sa paghehele. Ang paglalarawan ay maaaring halaw sa sarili mong karanasan batay sa kuwento ng iyong ina /magulang, at batay na rin sa naoobserbahan mong karanasan ng iba. Gawin ito sa pamamagitan ng AKROSTIK. Isang pahayag sa bawat titik na mababasa mo sa loob ng kahon. Pagkatapos, i-*upload* ito sa iyong Facebook Account upang makita't mapahalagahan din ng mga ina at ng mga kabataang tulad mo.

**P -**
**A -**
**G -**
**H -**
**E –**
**H –**
**E –**
**L –**
**E -**

**G -**
**A -**
**W -**
**A –**
**I -**
**N –**
**G -**

**M -**
**A -**
**B -**
**U –**
**T –**
**I –**

Pagbati sa nabuo mong AKROSTIK! Hanga ako sa ipinamalas mong kahusayan sa pagbuo ng mga pahayag.

Ngayon, isang mapanghamong gawain ang nahihintay sa iyo. Natatangi ito yamang gaganap kang ina, na naghehele sa kanyang anak. Dama kong kaya mo itong maisakatuparan.

## GAWAIN 14. Ako Naman!

Oo, ikaw naman ngayon ang gaganap na ina at susubukan ang pagheheleng ginagawa ng isang ina sa kaniyang anak. Paano? Bumuo ka ng oyayi. Sundan lamang ang nilalaman ng tsekbrik sa pagbuo. Malaya kang bumuo ng iyong pamagat. Pagkatapos, i-*upload* mo ito sa facebook nang malaman, mahalagahan, at maging sanhi ng pagkatuto ng iba.

### TSEKBRIK SA PAGBUO NG OYAYI

| **4 – Napakahusay 3 – Mahusay 2 – Nalilinang 1 - Nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Tungkol sa oyayi ang paksa | | | | |
| 2. Tugma ng tula | | | | |
| 3. Talinghaga ng tula | | | | |
| 4. Larawang-diwa ng tula | | | | |
| 5. Mga simbolo ng tula | | | | |
| 6. Dating sa mambabasa *(impact)* (Nakapupukaw-puso't kaisipan) | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |



**REPLEKSYON**: Salamat sa karanasan kong maging ina sa ilang sandali sa pamamagitan ng pagbuo ng oyayi. Sa karanasang ito ay ____________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.

Muli, aking pinasasalamatan ang oyayi mula sa Uganda na pinamagatang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* sapagkat sa tulong nito,
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Nararapat lamang na ______________________________________
ang mga panitikan ng Africa at Persia dahil sa kapaki-pakinabang ang mga ito.

Binabati kita dahil sa matagumpay mong pagbuo ng sarili mong oyayi. Kasabay nito, pinupuri kita dahil patuloy mong ipinakikita ang kalugod-lugod na saloobin sa iyong pagkatuto.

Ngayon, huling pagtugon mo na sa Mapa ng Konsepto ng Pagbabago para sa araling ito. Nawa'y maging positibo ang bunga nito.

## GAWAIN 15. Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)

Huling pagsipat na ito sa *IRF sheet*. Punan ang huling bahagi nito bilang pinal na tugon sa tanong na **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa Africa at Persia, partikular na sa bansang Uganda?** Gayundin, nakabubuting ilahad ang/ang mga dahilan kung bakit ito na nga ang pinal mong sagot.

| |
|---|
| Unang Tugon (Initial) |
| Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)<br>Dahilan/Mga dahilan: |
| **Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final)**<br><br>**Dahilan/Mga dahilan:** |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul, magaan ang pakiramdam dahil natuto. Sulit ang pagod na iyong inilalaan para matuto.

Isagawa mo ang huling gawain sa araling ito sa pamamagitan ng pagpunta mo sa huling bahagi ng pagkatuto, ang PAGLILIPAT.

## PAGLILIPAT

Sa bahaging ito ng modyul, praktikal at makatotohanang aplikasyon sa mga bagay na natutuhan ang pangunahing layunin. Hindi lamang upang maisagawang matagumpay ang proyektong nakaabang sa dulo ng modyul na ito kung hindi magagamit ang mga kasanayan sa totoong buhay.

## GAWAIN 16. Mini-Task: Sanaysay na May Saysay!

Hikayatin mo ang madla na pahalagahan nila ang mga panitikan ng Uganda sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay.Ang paksa ng susulating sanaysay ay *Ugandang Kayganda*. Maaaring isama sa susulating sanaysay ang iba pang natutuhan buhat sa ibang *genre* ng panitikang nagmula sa bansang Uganda. Isaalang-alang ang nilalaman ng tsekbrik sa pagsulat ng sanaysay. Ilagay ang kasagutan sa nakalaang kahon sa ibaba. Pagkatapos, i-*upload* o i-*post* mo ito sa iyong Facebook Account para sa ikatututo rin ng iba.

**TSEKBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY**

| **4 – Napakahusay 3 – Mahusay 2 – Nalilinang 1 – Nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Pumapaksa sa panitikan ng Uganda | | | | |
| 2. Kaayusan sa pagkakalatag ng mga impormasyon | | | | |
| 3. Kabisahan ng mga salitang ginamit sa panghihikayat | | | | |
| 4. Kawastuahan ng gramatika tulad ng wastong baybay ng mga salita, at iba pang kaugnay rito | | | | |
| 5. Dating *(impact)* sa mambabasa | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

**KAYGANDA NG UGANDA**

Kay husay ng ginawa mo! Hindi lamang ikaw ang nakaalam at nagpahalaga sa panitikan ng Africa at Persia kundi maging ang makababasa ng isinulat mong sanayasay. Tulad mo, kanila ring napagtanto na nakapagpapaigting ng relasyong pandaigdig ang mga pag-aaral sa nasabing mga panitikan kaya angkop lamang na ang mga ito'y pahalagahan.

**TANDAAN**

Ikaw, ako, at tayong mga Pilipino ay makikinabang mula sa mga panitikan ng Africa at Persia. Ang mga kultura at pagpapahalaga na nakapaloob sa mga panitikang ito ay di nalalayo sa'tin. Kaya naman tayo ay totoong natututo mula sa mga ito. Kapaki-pakinabang kung ganun na ituloy nating yakapin, pahalagahan, at pagyamanin ang mga panitikang nagmula sa Africa at Persia sapagkat pinaiigting ng mga ito ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ang *mini-task* na katatapos lamang na naisagawa ay paghahanda upang maisakatuparan mo nang mahusay ang iyong magiging proyekto sa pagtatapos ng modyul na ito. Ang inaasahang pagganap ay nakatuon na makapanghikayat ng kagandahan ng alinmang bansa sa Africa at Persia batay sa mga nabasang akdang pampanitikan mula rito.

Ngayong handa ka na, pag-aralan mo ang susunod na panitikang nagmula pa rin sa Africa at Persia- ang maikling kuwento ng Iran na pinamagatang *Ang Batang Manlalako*.

# Aralin 2.2: Ang Batang Manlalako

**Maikling kuwento mula sa Iran**

B. **Maikling Kuwento mula sa Iran**
**Panitikan:** Ang Batang Manlalako ni Samad Behrangi
(salin sa Filipino ni Jean L. Royo)
**Wika:** Pagpapakahulugan ng Iba't ibang Damdamin

Sa mga araling ito, matututuhan mo ang mga sumusunod na kompetensi:

| | |
|---|---|
| **Maikling Kuwento** | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>● **F10PN-IIId-e-79** Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa napakinggang bahagi ng akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan.<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>● **F10PB-IIId-e-83** Naiuugnay ang mga pahayag sa lugar, kondisyon ng panahon at kasaysayan ng akda.<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>● **F10PT-IIId-e-79** Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa.<br>**Panonood (PD) ● F10PD-IIId-e-77**<br>Nabibigyang-puna ang napanood na *teaser* o *traile*r ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda.<br>**Pagsasalita (PS) ● F10PS-IIId-e-81**<br>Mapanuring naihahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa: sarili, panlipunan, at pandaigdig.<br>**Pagsulat (PU) ● F10PU-IIId-e-81**<br>Pasulat na nasusuri ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang *social media.*<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>● **F10WG-IIId-e-74** Nagagamit ang wastong mga pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa akda. |

## PAGTUKLAS

Anong damdamin ang maghahari sa iyong kalooban kapag ang dating masaganang buhay-pamilya ninyo ay naging mahirap? Ano-anong katangian ang dapat mong taglayin upang mapagtagumpayan ang bagong lagay ng inyong buhay-pamilya? Sa kabilang banda, paano mo haharapin ang katotohanang di ka na makapag-aral sanhi ng kamatayan ng iyong ama? Paano kung sumunod na naparalisado ang iyong ina? Kanino ka huhugot ng lakas upang mabata moa ng mga ito?

### GAWAIN 1. Ihayag Nang Kusa

**I**lagay sa loob ng *speech balloon* kung paano mo haharapin ang katotohanang ang dating masaganang buhay-pamilya ninyo'y naging mahirap na ngayon. Maging malaya sa paghahayag ng iyong tunay na damdamin.



Salamat dahil naging bukas ka sa paghahayag ng iyong tunay na saloobin. Sa paggawa nito, nabigyan ka na ng ideya sa isa sa mga puntong mailalantad sa araling ito sa tulong ng maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako* mula sa Iran. Mabibigyang-diin muli ang mahalagang tanong na: Paano nakaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa Africa at Persia partikular sa Iran?

Bago mo tuluyang basahin ang nabanggit na kuwento, makatutulong ang pagsasagawa mo sa susunod na gawain.

## GAWAIN 2. Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Sukatin mo kung gaano na kalawak ang iyong kabatiran sa tanong na **Masasalamin ba sa maikling kuwento ng Africa at Persia, partikular sa bansang Iran ang kultura at kalagayang panlipunan ng ating bansa?" at "Bakit mahalagang pag-aralan ang maikling kuwento ng Iran?** Sagutin ang unang dalawang hanay sa KWL tsart sa ibaba.

| **K**<br>**Ano ang alam mo na?**<br>(What do you know?) | **W**<br>**Ano ang nais mong malaman?**<br>(What do you want to find out? ) | **L**<br>**Ano ang iyong natutuhan?**<br>(What did you learn?) |
|---|---|---|
| | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Anuman ang iyong naging tugon sa sinundang gawain, nakabubuting tandaan mo upang maging gabay ang mga ito habang pinag-aaralan mo ang paksa sa araling ito at habang isinasagaw mo ang iba't ibang gawain tutugon mismo sa Mapa ng Konsepto ng Pagbabago.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Layunin ng bahaging ito ng modyul na ipaalam at ipaunawa ang maikling kuwento na nagmula sa bansang Iran, *Ang Batang Manlalako* ni Samad Behrangi.
Sa bahagi ring ito, mailalantad ang mga mahahalagang konsepto na pakikinabangan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Basahin ang maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako"* ni Samad Berangi.

**Teksto 1**

Makabubuting basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwentong pinamagatang *Ang Batang Manlalako* ni Samad Berangi ng bansang Iran, na isinalin sa Filipino ni Jean Royo. Para sa orihinal na teksto sa Ingles, puntahan ang: http://www.iranchamber.com/literature/sbehrangi/works/the_little_sugar_beet_vendor.php. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong na inihanda.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga suliraning dumating sa buhay nina Tarvardi?

2. Bakit naglalako si Tarvardi ng *sugar beet* sa halip na nag-aaral?

3. Paano pilit na pinagtatagumpayan ni Tarvardi at ng kaniyang kapatid na babae ang kahirapan ng kanilang buhay?

4. Anong problema ang kinasangkutan ng magkapatid na Tarvardi sa kompanyang kanilang pinapasukan?

____________________________________________________________
______________________________________________________
_________________________________________________________
_________________________________________________________

5. Kung ikaw si Tarvardi, paaano mo haharapin ang kamatayan ng iyong ama at pagiging paralisado ng iyong ina?

____________________________________________________________
______________________________________________________
_________________________________________________________
_________________________________________________________

6. Isa nga bang huwarang anak si Tarvardi na dapat mong tularan? Pangatwiranan.

____________________________________________________________
______________________________________________________
_________________________________________________________
_________________________________________________________

7. **Bakit mahalagang pag-aralan ang maikling kuwentong ito na mula sa bansang Iran? Ipaliwanag.**

____________________________________________________________
______________________________________________________
_________________________________________________________
_________________________________________________________

8. **Paano nakaaapekto ang pag-aaral ng panitikan ng Africa at Persia sa ugnayan ng Pilipinas sa mga bansa sa mundo? Ipaliwanag.**

____________________________________________________________
______________________________________________________
_________________________________________________________
_________________________________________________________

Batid mo na ngayon ang nilalaman ng maikling kuwentong *Batang Manlalako*. Abangan mo ang mga gawaing sadyang binuo upang higit na malinang ang mga mahahalagang ideyang nakapaloob sa kuwentong ito.

Samantala, iyo munang alamin at unawain ang isang paksa tungkol sa

## TANDAAN

### Pagsasanib-Gramatika: Pagpapakahulugan ng Iba't Ibang Damdamin

Isang biyayang kaloob ng Diyos ang pagkakaroon natin ng damdamin. Ito ang ikinaiba natin sa mga hayop. Sa katunayan, samo't saring damdamin ang maaari nating maibulalas na may kaakibat na kahulugan. Kaya naman isang katalinuhan para sa'yo na alamin ang kahulugan ng iba't ibang damdamin.

**PAGPAPAKAHULUGAN NG IBA'T IBANG DAMDAMIN**

1. Anumang pahayag na nangangahulugan ng matinding damdamin tuld ng galit, paghanga, o pagkagulat. Ginagamitan ang mga ito ng bantas na tandang pandamdam (!) at tandang pananong (?).
   Halimbawa:
   **Paghanga:** Ang galing! **Tuwa:** Yehey!
   **Pagkagulat:** Diyos ko po! **Inis/Galit:** Bakit ngayon ka lang!

2. Anumang damdaming nadarama ay tiyakan itong sinasabi nang walang bahid ng pag-aalinlangan. Gayunpaman, di gaanong matindi ang damdaming inihahayag. Ginagamitan ito ng bantas na tuldok (.)
   Halimbawa:
   **Pagtanggi:** Pasensya ka na di kita masasamahan.
   **Kasiyahan:** Magdiwang tayo sa ating pagkapanalo.
   **Pagtataka:** Siya pala ang tinutukoy mo.
   **Pagkainis:** Naiwan mo na naman, lagi na lang.
   **Pag-asa:** Sana nga tumigil na ang ulan.

3. Naihahayag ang pagkagusto at pag-ayaw sa paraang nagpapahiwatig o hindi tuwirang paghahayag ng damdamin o gustong mangyari.
   Halimbawa:

   **Pahayag #1:** Ang sarap naman ng kain mo. Matamis ba 'yan?

   **Pahiwatig na Damdamin:** Bigyan mo naman ako ng iyong kinakain.

   **Pahayag #2:** Hindi mo ba narinig ang sinabi ng iyong ina na marumi ang iyong silid?

   **Pahiwatig na Damdamin:** Linisan mo ang iyong silid.

> Tandaang mabuti ang kaalamang natutuhan hinggil sa pagpapakahulugan ng iba't ibang damdamin na magagamit mo na maisakatuparan ng buong husay ang mga nakaabang na gawain.
>
> Sa ngayon, gawin mo nang buong puso ang mga gawaing may kinalaman sa maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako* ng bansang Iran.

## GAWAIN 3. Itatama Ko!

Sa dalawang pahayag sa bawat bilang, isulat ang titik **A** kung ang unang pahayag ay tama; titik **B** kung ang ikalawang pahayag ay mali; titik **C** kung ang dalawang pahayag ay tama; at titik **D** kung ang dalawang pahayag ay mali. Isulat sa nakalaang patlang ang titik ng tamang sagot.

_______ 1. ♦ Ang maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako* ay nagmula sa bansang Iraq.
♦ Si Tarvardi ang bunso sa lahat ng magkakapatid.

_______ 2. ♦ Naglalako si Tarvardi ng *sugar beet* habang nag-aaral upang may pantustos siya sa kaniyang mga pangangailangan.
♦ Naglalako si Tarvardi ng *sugar beet* sa kaniyang mga dating kamag-aral.

_______ 3. ♦ Nalaman ng guro ang talambuhay ni Tarvardi sa tulong ng kaniyang mga estudyanteng dating kamag-aral ni Tarvardi.
♦ Isang sundalo ang ama ni Tarvardi na namatay sa pakikipagdigma.

_______ 4. ♦ Sa kamatayan ng ama ni Tarvardi, napilitang mamasukan bilang labandera ang kaniyang ina.
♦ Naparalisado ang ina ni Tarvardi nang dahil sa kaniyang paglalabada.

_______ 5. ♦ Si Tarvardi kasama ang kaniyang ate ay namasukan sa isang kompanya.
♦ Naging malupit ang naging amo nina Tarvardi at ng kaniyang ate sa kompanyang pinasukan.

_______ 6. ♦ Ipinagpatuloy ng magkapatid na Tarvardi at ng kaniyang ate ang pagtatrabaho sa kompanya sa kabila ng kalupitan ng kanilang amo

nang mabilhan ng gamot ang paralisadong ina.
♦ Nakulong ang amo nina Tarvardi dala ng kaniyang kalupitan.

_______ 7. ♦ Sa wakas ng kuwento, nakabalik sa pag-aaral si Tarvardi.
♦ Sa wakas ng kuwento, nanumbalik ang malusog na pangangatawan ng ina nina Tarvardi.

_______ 8. ♦ Laging dinadalaw sa bahay si Tarvardi ng kaniyang mga kaklase.
♦ Sa awa ng guro, nagkusa siyang tustusan ang mga pangangailangan nina Tarvardi at ng kaniyang ate upang maipagpatuloy lamang nila ang kanilang pag-aaral.

Mahusay! Batid mo na nga ang naging banghay ng kuwento. Ngayon naman, sa tulong ng susunod na gawain, mga tauhan sa kuwento ang bibigyang-pansin sa *Ang Batang Manlalako.*

Ipagpatuloy ang pagsagot sa mga inihandang gawain.

## GAWAIN 4. Pagkakakilanlan

Bawat tauhan sa kuwentong *Ang Batang Manlalako* ay nagbigay-epekto ito sa atin, positibo man o negatibo. Sa gawaing ito, higit mong makikilala ang bawat tauhan at makita kung alin sa kanila ang may katangiang dapat tularan ninuman. Ibigay lamang ang hinihingi ng bawat bahagi.




Mga Pisikal na Paglalarawan:
______________________________________________
__________
______________________________________________
______________________________________________
____________________

Mga Pinagkakaabalahan sa Buhay:
______________________________________________
__________
________________________________________________________
________________________________________________________
________________________

Mga Positibong Katangian:
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
______________________________________





Mga Impormasyon Ukol sa Kaniyang Trabaho:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________
______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
_____________

Mga Positibong Katangian:

______________________________________________________________
_____________




Mga Impormasyon Ukol sa Kaniya:

______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________

Mga Positibong Katangian:

______________________________________________________________




Mga Impormasyon Ukol sa Kaniya:

______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
_____________
______________________________________________________________
_____________

Mga Positibong Katangian:



**HADJI QOLI**

Mga Impormasyon Ukol sa Kaniya:

____________________________________________
____________________________________________
__________________
____________________________________________
____________________________________________
__________________

Mga Negatibong Katangian:

____________________________________________
_________


Ang natapos na gawain ang luminang sa iyong pag-unawa sa partikular na sa mga gumanap sa kuwento na sinasalamin ang iba't ibang katangian na ikatututo mo. Nasa iyo na ngayon ang pagpapasya kung alin sa mga nabanggit na katangian ng mga tauhan ang iyong isasabuhay. Salamat sa kapakinabangang dulot ng isa sa mga panitikan ng Africa at Persia, ang panitikan ng bansang Iran dahil naging daan upang mangibabaw ang mga katangiang dapat mong taglayin nang maging mabuting mamamayan.

Ituloy ang pagsasagawa sa susunod na gawain nang magpatuloy din ang paglinang sa mga ideyang nararapat pahalagahan na nakapaloob sa kuwento.

## GAWAIN 5. Damdamin Mo, Ilalantad Ko

Tukuyin ang nangingibabaw na damdamin sa pahayag na makikita sa bawat kahon. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pag-unawa sa mga ito. Ilagay rin sa nakalaang kahon ang tugon.



"Naiwan ang aking mga mag-aaral sa aming lugar na walang gurong nangangalaga."
damdamin: ____________
"Ah si Tarvardi po Sir, nagtitinda po siya ng sugar beet. Kung gusto po niyo, papasukin ko po siya."
damdamin: ________________
"Sir, tanging ang sugar beet lamang po ni Tarvardi ang may ganyang sarap at tamis."
damdamin:
"Hindi po niya maigalaw ang kaniyang mga paa, Sir. Paralisado na raw po siya. Hindi ko talaga alam kung bakit nangyari iyon."
damdamin:



"Di na po maganda ang pagtrato sa'min. Pinag-uusapan nila kami, lalong-lalo na ang kapatid kong babae."
damdamin: ______________
"Tarvardi, bakit di pa nag-aasawa ang kapatid mo?"
damdamin: ________________
"Nairaos din po namin ang kaniyang dote. Ngayon, pinag-iipunan ko po ang aking kasal."
damdamin:
"Binastos po niya ang kapatid ko kaya di ko po napigilang saksakin siya sa mukha sabay takbo."
damdamin: ______________
"Isa po siyang mahusay na mangangabayo. At isang araw habang siya po ay nasa burol, bigla na lamang pong may bumaril sa kaniya. "
damdamin: ______________________________

Binabati kita sa ipinamalas mong kahusayan sa pagtugon sa bawat gawain. Makikita sa sinundang gawain na kayang-kaya mong ilantad ang damdaming nakapaloob sa mga pahayag.
Sa bahaging ito, ang susunod na gawain ay tiyak na muling hahasa sa iyong kakayahan sa pagpapakahulugan ng iba't ibang damdamin.

## GAWAIN 6. Hahanapin Kita!

Sariwain mo ang mga tagpo't pangyayari sa kuwentong *Ang Batang Manlalako.* Pagkatapos, tukuyin at isulat ang pahayag na nagpapakita ng damdaming nakasulat sa bawat kahon. Maging mapanuri sa bawat pangyayari.






Sa gawaing ito, nailantad ang iyong husay sa pag-uugnay ng mga damdamin sa mga tiyak na sitwasyon. Tunay na naging katuwang ang maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako* ng Iran upang mahasa ang iyong kakayahan sa pagbibigay –kahulugan sa mga damdaming nakapaloob sa bawat tiyak na eksena. Dahil dito, iyong napatunayang nakatutulong talaga ang mga panitikan ng Africa at Persia di lamang sa usaping panitikan kundi maging sa usaping gramatika.

Taas-noo mong ipaalam sa kapwa Pilipino ang iyong natutuhan sa nabanggit na maikling kuwento sa pamamagitan ng susunod na gawain.

## GAWAIN 7. Guhit Ko, Pakikinabangang Totoo

Gumuhit ng isang simbolo na angkop na maglalarawan sa pagkakaroon ng pag-asa sa sinumang nakararamdam ng kabiguan dala ng samo't saring problema sa buhay-pamilya. Iguhit mo ito gamit ang *skitch evernote* . Puntahan lamang ang www.evernote.com at hanapin ang *"skitch draw attention".* I-*upload* mo ito sa *discussion board* at padalhan ng kopya ang guro. Mamarkahan ang iyong simbolong gagawin batay sa nilalaman ng tsekbrik.

**TSEKBRIK SA PAGGUHIT NG SIMBOLO**

| **4 – Tunay na Kahanga-hanga 3 – Kahanga-hanga 2 – Di Gaanong Kahanga-hanga 1 – Walang Dating** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Pumapaksa sa Pagkakaroon ng Pag-asa sa Buhay ang Mensahe | | | | |
| 2. Linis ng Iginuhit | | | | |
| 3. Pagkamalikhain | | | | |
| 4. Dating *(impact)* sa Madla | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

## REPLEKSYON

Taos-pusong pasasamat ang nais kong ibulalas sapagkat nabuhay ang aking determinasyong magkaroon ng pag-asa sa buhay. Utang na loob ko ito sa maikling kuwentong nagmula sa Iran na pinamagatang ______________________________.

**Muling napagtibay rin ang aking paninindigang yakapin, ____________, at ___________ ang mga panitikang nagmula sa Africa at Persia dahil naglalaman ang mga ito ng mga aral na nakatutulong sa aking pang-araw-araw na pamumuhay na maging isang mabuting mamamayan ng bansa. Kasabay nito, napatunayan kong nakatutulong ang pag-aaral ng panitikan**

**Kasabay nito, napatunayan kong nakatutulong nga ang pag-aaral ng mga panitikang Africa at Persia sa ______________ ng relasyon ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.**

Isang pagbati sa mahusay na pagsagot sa mga gawain. Maliban sa nalinang na ang iyong kasanayan sa pagguhit, nalinang din ang saloobin ng mga nakakita sa iyong iginuhit na pahalagahan ang panitikan ng Iran yamang kanilang napagtanto na praktikal ang mga aral na nakapaloob sa nasabing panitikan.

**Katapusang Bahagi ng Pagliinang**

Nakatulong ang iba't ibang mga gawain sa bahaging ito ng modyul upang magsilbing pundasyon sa mga kaisipang dapat mamalagi sa iyong puso at isipan. Mga kaisipang mapalalalim pa nang husto sa tulong ng susunod na yugto ng pagkatuto.

## PAGPAPALALIM

Layunin ng bahaging ito ng modyul na palalimin nang husto ang anumang kasanayan at mahahalagang kaisipan na nalinang na sa sinundang yugto ng pagkatuto. Inaasahan din sa bahaging ito na higit na mapanghamon ang mga gawain kaya nakabubuting ituon ang iyong di nahahating atensyon sa pag-aaral.

### GAWAIN 8. Matuto Nang Lubos

Sa puntong ito, muling gamitin ang pamamaraang *Claim-Evidence-Reasons (CER).* Sa bahaging *CLAIM*, palitawin mo ang mga positibo at negatibong katangian ng mga tauhan sa kuwentong *Ang Batang Manlalako.* Sa bahaging *EVIDENCE,* isulat ang tiyak na bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa tinukoy mong katangian. Susunod, lakipan mo ng *REASONS* kung bakit tugma ang mga ebidensya sa iyong naging *claim.* Pagkatapos, lumikha ng isang tiyak na sitwasyon kung kailan mo maaaring maipakita ang nasabing tiyak na katangian at kung papaano mo rin maiiwasan ang negatibong katangian. Ilagay sa mga nakalaang linya ang tugon.



Tauhan: **TARVARDI**
***CLAIM:*** Mga Positibong Katangian: ____________________
***EVIDENCE:*** Tiyak na Bahagi sa Kuwento________________
__________________________________________________
__________________________________________________

***REASONS:***__________________________________________
__________________________________________________
____________________________

Isang Tiyak na Sitwasyon kung Kailan Maisasabuhay ang Nasabing Katangian:
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________




Tauhan: **INA NI TARVARDI**
***CLAIM:*** Mga Positibong Katangian: __________________
_____________________________________________
***EVIDENCE:*** Tiyak na Bahagi sa Kuwento _____________
_____________________________________________
_____________________________________________

***REASONS:***
_____________________________________________________________

Isang Tiyak na Sitwasyon kung Kailan Maisasabuhay ang Nasabing Katangian:
_____________________________________________________________
_____________________________________________________________




Tauhan: **GURO**
***CLAIM:*** Mga Positibong Katangian: __________________
_____________________________________________
***EVIDENCE:*** Tiyak na Bahagi sa Kuwento
_____________________________________________

***REASONS:***_______________________________________________________
_____________________________________________________________

Isang Tiyak na Sitwasyon kung Kailan Maisasabuhay ang Nasabing Katangian:

______________________________________________

______________________________________________




Tauhan: **HADJI QOLI FARSHBAH**

***CLAIM:*** Mga Negatibong Katangian:

______________________________________________

***EVIDENCE:*** Tiyak na Bahagi sa Kuwento

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

***REASONS:***

______________________________________________

Isang Tiyak na Sitwasyon kung Kailan Maisasabuhay ang Nasabing Katangian:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Handa ka na talagang isabuhay ang mga positibong katangian na sinasalamin sa akdang tinalakay.

May isa pang gawaing inihanda upang linangin ang iyong kasanayan. Dalangin kong makatulong sa iyong pagkatuto ang mga inihandang gawain.

## GAWAIN 9. Lilikha Ako!

Sa gawaing ito, ikaw mismo ang lilikha o bubuo ng mga pahayag na kakikitaan ng iba't ibang damdamin. Pagkatapos, tukuyin mo kung anong tiyak na damdamin ang nakapaloob dito.

**DALAWANG MAGKAIBANG PAHAYAG NA NAGSASAAD NG PAREHONG DAMDAMIN:**

**damdaming nakapaloob:**

**DALAWANG MAGKAIBANG PAHAYAG NA NAGSASAAD NG PAREHONG DAMDAMIN:**

**damdaming nakapaloob:**

**DALAWANG MAGKAIBANG PAHAYAG NA NAGSASAAD NG PAREHONG DAMDAMIN:**

**damdaming nakapaloob:**

Kitang-kita ang iyong kahusayan sa mga gawaing iyong ginawa. *Two birds in one stone* ika nga. Oras na upang palalimin mo ang mga mahahalagang kaisipang iyong pinalitaw sa bahaging ito ng PAGLINANG. Habaan pa sana ang iyong pagkukusang matuto yamang pangmatagalang kapakinabangan ang dulot nito sa iyo.

## GAWAIN 10. Mga Awiting Kaygaling!

Nasa ibaba ang mga *site* na kailangan mong puntahan. Mga awitin ito na nagbibigay-diin sa mga ginintuang kaisipang nakapaloob sa kuwento ng Iran na *Ang Batang Manlalako.* **Magpapalalim ito muli sa iyong pagpapahalaga sa mga panitikan ng Africa at Persia na tutulong upang higit mong madama ang katotohanang ang pag-aaral sa kanilang panitikan ay magpapaigting ng ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.**

https://www.youtube.com/watch?v=R08lMJ6_pbE

**Mensahe ng Awit:**

**Mga Damdaming Nakapaloob sa Awit:**

https://www.youtube.com/watch?v=TbdDfWpoKQk

**Mensahe ng Awit:**

**Mga Damdaming Nakapaloob sa Awit:**

https://www.youtube.com/watch?v=TA20pHQjqOg

**Mensahe ng Awit:**

**Mga Damdaming Nakapaloob sa Awit:**

https://www.youtube.com/watch?v=qkoorFYRUQw

**Mensahe ng Awit:**

**Mga Damdaming Nakapaloob sa Awit:**

Naantig ba ang iyong damdamin sa mga pinakinggang awit? O baka naman naluha ka pa? Huwag mag-alala, di ka nag-iisa.

Tunay na angkop na nagkop ang mga awiting iyong pinakinggan sa mensahe ng kuwentong *Ang Batang Manlalako* ng bansang Iran kaugnay ng pagkakaroon ng katatagan ng kalooban upang makamtan ang kasiyahan sa buhay sa halip na hayaang tuluyang malugmok sa kawalan ng pag-asa. Dahil dito, higit nating napatunayang nararapat na pagyamanin ang panitikan ng Africa at Persia dahil akma ang mga aral na nakapaloob dito sa buhay nating mga Asyano, bagay na magpapaigting ng ating ugnayan sa mga bansa sa mundo.

Kung nabuhayan ka ng loob sa mga awit na iyong napakinggan, tiyak na sa susunod na gawain ay magpapalalim sa iyong hangaring mapagtagumpayan ang anumang suliraning maaaring magpasuko sa iyo.

## GAWAIN 11. Larawang Kaybisa!

Bigyang interpretasyon ang editoryal kartun na nasa ibaba. Iugnay ito sa mga katangiang dapat nating taglayin upang maipanalo ang buhay laban sa mga pagsubok na maaaring magpahina sa ating determinasyong mabuhay. Lakipan ang pagpapakahulugan ng mga damdaming angkop para dito. Isulat sa nakalaang *speech balloon* ang tugon.



http://www.cartoonmovement.com/cartoon/969





Mahusay ang ginawa mong pagpapaliwanag sa editoryal kartun. Nabigyang saysay ang katotohanang pagkatapos maranasan ang kadiliman o problema sa buhay, mayroon pa ring liwanag na nakaabang. Kaya huwag manghina. Ituloy ang pakikibaka sa buhay.


Iyo namang gawin ang susunod na magpapatibay sa mga katangiang may saysay.

## GAWAIN 12. Top 5 sa Buhay Natin


Narito ang samo't saring damdamin na dapat at di-dapat taglayin ng bawat isa sa atin. Gamit nito, ihanay ang mga damdaming ito alinsunod sa hinihingi ng bawat kahon sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga sumunod na tanong.

https://skinnurse.files.wordpress.com/2015/04/feeling-wheel.jpg



**TOP 5 na Damdamin Upang Problema'y Mapagtagumapayan**


TOP 5 na Damdamin Upang Sumaya ang Pamilya
TOP 5 na Damdamin Upang Maging Isang Mabuting Lider
TOP 5 na Damdamin na Nakasisira sa Isang Relasyon
TOP 5 na Damdamin Upang Makamtan ang Pangarap sa Buhay

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang kahalagahan ng gawaing ito?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________
______________________________________________________________________
_______

2. Alin sa nabanggit na mga damdamin ang numero unong dapat taglayin ng bawat isa sa atin? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Alin naman sa nabanggit na mga damdamin ang numero unong di-dapat taglayin kailanman ng bawat isa sa atin? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Alin sa mga nabanggit na damdamin ang kailangan upang lubusang maunawaan ang mga panitikan ng Africa at Persia? Ipaliwanag.
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Alin sa mga damdaming nabanggit ang kailangang palalimin natin nang lalo pang mapaigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo? Ipaliwanag.
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Tunay na napalaki ang papel na ginagampanan ng mga damdaming positibo upang ang bawat aspekto ng ating buhay ay hahantong sa tagumpay at malasap ang tunay na diwa nitong buhay. Sa katunayan, ang susunod na gawain ang isa pang magpapatunay tungkol dito.

## GAWAIN 13. Salawikain at Kasabihan

Mayaman ang kulturang Pilipino sa mga kasabihan at salawikain dahil ginamit ito ng ating mga ninuno upang ituro ang batas ng kagandahang asal. Kaya naman, sa puntong ito, magbigay ka ng salawikain o kasabihan na aangkop sa pahayag na mababasa sa loob ng kahon. Ipaliwanag din kung bakit ito ang napiling salawikain o kasabihan.



**PAHAYAG:** Pagpapamalas ng Kasipagan o Pagtitiyaga

**Kasabihan/Salawikain:** ______________________________

______________________________

______________________________

**Paliwanag:** ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**PAHAYAG:** Pagsuporta sa Pamilya

**Kasabihan/Salawikain:** ______________________________

______________________________

__________

______________________________



**Paliwanag:**

______________________________

______________________________

______________________________



**PAHAYAG:** Maayos na Pagtrato sa Iba
**Kasabihan/Salawikain:** ______________________________

______________________________
______________________________

**Paliwanag:** ______________________________

______________________________
______________________________
______________________________

**PAHAYAG:** Pagpapahalaga sa Edukasyon
**Kasabihan/Salawikain:** ______________________________



______________________________
______________________________
______________

**Paliwanag:**

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**ISUMITE**

Sadyang nakatulong ang bawat kasabihan at salawikaing iyong ibinigay upang patuloy na maipakita't maipadama ang mga kawili-wiling pag-uugali. Nawa'y mabuhay ang mga ito sa halip na tuluyang maibaon sa hukay.

Narating mo na ang punto upang magbigay ka naman ng mensahe, hindi sa tao kundi sa Panginoon. Ang susunod na gawain ang magpapangyari nito.

## GAWAIN 14. Pagsusumamo

Isa sa mga aral na nalinang at nangangailangan ng pagpapalalim ay ang tiwala sa Diyos na malampasan ang anumang unos na tila kabuting dumarating sa'ting buhay. Kaya naman, susulat ka ng isang liham-pagsusumamo sa Panginoon.

Sundin ang nilalaman ng tsekbrik sa pagsulat. Pagkatapos, i-*upload* ito sa iyong *FB account* nang mapahalagahan at mapakinabangan din ng ibang makababasa. I-share din ang kopya sa iyong guro.

**TSEKBRIK SA PAGSULAT NG LIHAM-PAGSUSUMAMO**

**4 – Napakahusay** **2 – Di Gaanong Mahusay**
**3 – Mahusay** **1 – Di Mahusay**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Pagsusumamo sa Panginoon ang pangunahing nilalaman | | | | |
| 2. Kabisahan ng mga salitang ginamit | | | | |
| 3. Kawastuhan ng baybay ng mga salita | | | | |
| 4. Kaayusan ng pagkakahabi-habi ng mga pahayag | | | | |
| 5. Kompleto ang mga bahagi ng isang liham | | | | |
| 6. Dating *(impact)* sa mambabasa | | | | |
| **Kabuuan** | | | | |

Petsa
Oras

Mahal na Panginoon,

Tunay na kapaki-pakinang ang ginawa mong liham yamang di lamang ikaw ang nabuhayan ng loob na di susuko sa mga suliranin kundi maging ang lahat ng ng nakabasa at nagpahalaga sa iyong liham. Saludo ako sa iyo!

Salamat sa panitikan ng Africa at Persia dahil naging daan ito upang muling mailantad sa publiko ang bisa ng mga salawikain at kasabihan sa pagbibigay-diin sa mga pag-uugaling dapat nating taglayin. Tunay sa paraang ito, higit nating madarama na hahantong ito sa pagpapaigting ng ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.

Sa kahuli-hulihang pagkakataon, balikan mo't tugunan ang Mapa ng Konsepto ng Pagbabago nang tuluyan mong mapagtanto ang pagsulong ng iyong pagkatuto sa kabuuan ng araling ito.

## GAWAIN 15. Mapa ng Konsepto ng Pagbabago

Muling balikan ang KWL tsart at sagutan ang huling hanay. Isulat din sa hanay na ito kung may nagbago sa dati mong alam at kung bakit kailangang baguhin ang mga ito.

| K<br>**Ano ang alam mo na?**<br>(What do you know) | W<br>**Ano ang nais mong malaman?**<br>(What do you want to find out) | L<br>**Ano ang iyong natutuhan?**<br>(What did you learn) |
|---|---|---|
| | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napalalim mo nang husto ang iyong pagkatuto sa araling ito nang dahil sa mga makabuluhang gawain. Walang pagkukunwaring masasabi natin na napalalim din ang iyong pagpapahalaga sa mga panitikan ng mga bansa sa Africa at Persia. Naikintal sa iyong puso at isipan na karapat-dapat mong pahalagahan ang mga nasabing panitikan dahil magpapaigting ito ng ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.

Muli, ang matamis kong pagbati ay tanggapin mo!

## PAGLILIPAT

Gaya ng iyong nang alam, naglalayon ang bahaging ito ng modyul na ilipat sa tunay na buhay ang mga natutuhan mong konsepto at pagpapahalaga. Ito rin ang maghahanda sa iyo upang maisagawa nang buong husay ang proyektong nakalaan sa pagtatapos ng modyul na ito. Sa paggawa nito, masasabi nating ganap na ang iyong pagkatuto at handang-handa ka na sa pagharap sa mga hamon nitong buhay.

### GAWAIN 16. Mini-Task: Pagbigkas ng Talumpati

**Muli mong hikayatin ang madla na tangkilikin at pagyamanin ang mga panitikan sa Africa at Persia dahil sa kagandahan nitong taglay.** Gagawin mo ito sa pamamagitan ng isang talumpati. Gamitin ang kagandahan ng panitikang natutuhan sa bansang Iran. Sundin ang nilalaman ng analitik rubrik sa pagbigkas ng talumpati. Pagkatapos, i-*upload* mo ang iyong talumpati gamit ang aplikasyong *Present.me* – *www.present.me.com* . I-*upload* sa *discussion board* at padalhan din ng kopya ang guro.

**RUBRIK SA PAGBIGKAS NG TALUMPATI**

| MGA PAMANTAYAN | SADYANG KAHANGA-HANGA 4 | KAHANGA-HANGA 3 | NALILINANG 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN/ MENSAHE** | Buong husay na nabigyang-diin ang iba't ibang anggulo ukol sa kagandahan ng panitikan ng Iran. | Natukoy ang ang kagandahan ng panitikan ng Iran. | Di- gaanong nabanggit ang kagandahan ng panitikan ng Iran. | Wala man lang nabanggit na kagandahan ng panitikan ng Iran. |
| **KABISAHAN NG MGA SALITA** | Nakatulong nang husto ang mga salitang ginamit upang mahikayat ang mga tagapakinig na pakinggan at suriing mabuti ang mensahe ng talumpati. | Nakatulong ang mga salitang ginamit upang pagtuunan ng atensyon at pahalagahan ang nilalaman ng talumpati. | Nakababagot pakinggan ang talumpati dahil di- gaanong nakapupukaw-kaisipan at di-gaanong nakasaling ng damdamin ang mga salitang ginamit. | Hindi man lamang pinag-ukulan ng pansin ang talumpati dahil ang mga salitang ginamit ay hindi nakapukaw ng kaisipan at di nakasaling ng damdamin. |
| **KATATASAN O KALINAWAN SA PAGBIGKAS** | Buong lakas at ubod ng linaw ang pagkakabigkas ng lahat ng salita, at di man lang kinaringgan ng pagkaantala. | Hindi kinaringgan ng pagkautal bagkus maliwanag ang bigkas sa lahat ng salita. | Ilan sa mga salitang binigkas ay di-gaanong narinig at naintindihan. | Marami sa mga salitang binigkas ay malabo at di maunawaan. |
| **KAANGKUPAN NG MGA KUMPAS AT GALAW** | Angkop na angkop ang lahat ng kumpas at galaw kaya nakuha ang buong atensyon ng mga tagapakinig mula simula hanggang sa matapos ang talumpati. | Nakatulong ang bawat kumpas at galaw upang higit na maunawaan ang nilalaman ng talumpati. | Nakasira ang ilang kumpas at galaw sa daloy ng talumpati dahil ilan sa mga ito ay di-akma sa sinasabi at halatang pilit ang ginawang pagkumpas. | Di- nabigyang-diin ang kahalagahan ng nilalaman ng talumpati dahil walang kumpas o galaw na ipinakita. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **TINDIG O PAGHARAP SA MADLA** | Tindig pa lang, mahihikayat ka nang makinig dahil ramdam mong totoo sa bawat pahayag na sasambitin. | Nakatulong ang maayos na tindig upang madama ang sensiridad ng sinasabi. | Kinakitaan ng panlulupaypay ng balikat at ilang palatandaan ng kawalan ng tiwala sa sarili. | Walang konbiksyon at di ramdam ang sensiridad sa sinasabi. |
| **SAULADO ANG PIYESA** | Dahil sa saulado ang piyesa, bawat eskpresyon ng mukha, kumpas at galaw ay nakatulong nang husto upang paglimiing mabuti ang nilalaman ng talumpati. | Napapanatili ang *audience contact* at natural ang pagpapahayag nang dahil sa saulado ang piyesa. | Kinaringgan ng pagkaantala dahil iniisip ang susunod na pahayag na sasabihin. | Binabasa ang piyesa kaya nakapagdulot ito ng kabagutan sa tagapakinig. |
| **KABUUANG PUNTOS** | | | | |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Isang marubdob na pagbati ang nais kong tanggapin mo. Salamat sa pagpapamalas mo ng pagkukusa, kasabikan, at determinasyong gawin ang lahat ng mga nakalaang gawain sa abot ng iyong makakaya. Tandaan na ikaw ang unang makikinabang sa bunga ng iyong mga sakripisyo.

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong saguta ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

**Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na kumakatawan sa tamang sagot.**

1. Ano ang tawag sa awiting may kaugnayan sa paghehele o pagpapatulog sa bata?
    a. elehiya
    b. oda
    c. oyayi
    d. dalit

2. Sa tulang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay", ano ang pangarap ng ina sa kanyang anak?
    a. maging opisyal ng barangay
    b. maging mahusay na doktor
    c. maging magaling na mandirigma
    d. maging tanyag na mang-aawit

3. Sa maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*, bakit kailangang huminto sa pag-aaral si Tavardi at maghanapbuhay na lamang?
    a. dahil sa wala siyang hilig sa pag-aaral
    b. dahil sa kamatayan ng kaniyang ama
    c. upang matigil na ang pambubuska ng kaniyang mga kaklase
    d. sapagkat napakalayo ng paaralan mula sa kanilang bahay

4. Isa sa mga simbolong nagamit sa tula ay ang paggamit kay "Zeus" para sa kaniyang sanggol. Ano ang nais nitong ipakahulugan?
    a. Nagtataglay ng katawang walang kamatayan.
    b. Nagtataglay ng kakaibang husay at tapang.
    c. Siya'y sasambahin ng lahat ng nilalang.
    d. Siya'y pupurihin sa lahat ng sandali ng kaniyang buhay.

5. Alin sa mga sumusunod na islogan ang *pinakaangkop* na mensahe ng tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*?
    a. "Sanggol na Malusog, Pangarap na Matayog"
    b. "Paghehele ng Ina, Sanggol ay Sasaya"

c. “Pagpapatulog ng Bata, Ikinasisiya ng Ina”
d. “Sanggol na inihele, Pagmamahal na Masidhi”

6. Sa maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*, alin sa mga sumusunod na salawikain ang *pinakaakma* para dito?
   a. “Pag maiksi ang kumot, magtiis mamaluktot”
   b. “Kung ano ang puno, ito rin ang bunga”
   c. “May tainga ang lupa, may pakpak ang balita”
   d. “Sundalong nasusugatan, nag-iibayo ang katapangan”

7. Alin sa mga sumusunod na islogan ang *pinakaangkop* na mensahe ng maikling kuwentong *Ang Batang Manlalako*?
   a. “Bata Mang Ituring, May Magagawa ring Magaling”
   b. “Mawalan man ng Ama, May Mapagmahal namang Ina”
   c. “Kapatid ay Mahalin, Pangarap ay Abutin”
   d. “Kahirapan ng Buhay, Di Sagwil sa Tagumpay”

8. Mula sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay*, alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na tono ng saknong sa ibaba?

   *“Samakatuwid, ako’y minahal*
   *Samakatuwid, ako’y lumigaya*
   *Samakatuwid, ako’y kapilas ng buhay*
   *Samakatuwid, ako’y nagtamasa ng dangal”*

   a. paninibugho
   b. pagbabakasakali
   c. pagkakontento
   d. paniniguro

9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang itinuturing na isa sa mga maling palagay o *misconception* ng ilang anak na tulad mo may kinalaman sa tunay na lagay ng isang ina pag siya’y manganganak na? (maling palagay/ *misconception*)
   a. Tanging kasiyahan ang bumabalot sa katauhan ng ina pag manganganak na.
   b. Lahat ng mapagmahal na ina ay nangangarap ng isang sanggol na malusog.
   c. Maaaring mawala ang katinuhan ng pag-iisip ng ina pag manganganak na.
   d. Magkahalong saya at pangamba sa oras ng panganganak ng isang ina.

10. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng Africa at Persia?
   a. Mapaigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig.

b. Maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay.
c. Mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan.
d. Di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa Africa at Persia.

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng mga taludtod na hinalaw sa tulang *Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay* na *"Ika'y magbunyi kaparis ng aking pagbubunyi, Ika'y irugin kaparis ng ligayang aking nadarama"?*
    a. Nais ng ina na malasap din ng sanggol na anak ang anumang positibong kaniyang tinatamasa.
    b. Hangad ng ina na maranasan ng anak ang magandang buhay na naipagkait mismo sa kaniya bilang kaniyang ina.
    c. Kailangang ipagbunyi ng kaniyang anak ang pagkakataong masilayan niya ang ganda ng buhay.
    d. Sapat ang dahilan upang magalak ang anak dahil sa pagkakaroon niya ng mapag-arugang ina.

12. Alin sa mga sumusunod ang *pinamakakabuting dahilan* kung bakit kailangan ng bawat anak na mahalin ang kani-kanilang ina sa kabila ng kanilang mga pagkukulang?
    a. Itinaya nila ang kanilang buhay sa panganganak masilayan mo lamang ang ganda ng buhay na kaloob ng Poong Maykapal.
    b. Obligasyon mo ito bilang isang anak kundi ika'y aani ng pangungutya mula sa ibang taong nakapaligid sa'yo.
    c. Kung di mo ito gagawin, di ka tatanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos na pinagmulan ng iyong buhay.
    d. Tao rin silang tulad mo, nagkakamali sa kanilang mga ginagawa kung papaanong ikaw ay nagkakamali rin.

13. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabigat* na dahilan kung bakit may mga anak ang tuluyan nang humihinto sa kanilang pagpasok sa paaralan?
    a. dahil sa kahirapan ng buhay na kinabibilangan
    b. dahil sa kawalan ng hilig sa pag-aaral
    c. sapagkat nakaaway nila ang kanilang ama't ina
    d. sapagkat maaari namang mag-aral sa bahay

14. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na paraan ng pakikitungo sa sinumang indibidwal na napagkaitan ng kasaganaan sa buhay?
    a. Laging bigyan ng makakain upang iwas-gutom at di maisipang magnakaw.
    b. Ipagdasal lagi na maging maayos ang kanilang kalagayan.
    c. Turuang maghanapbuhay kung nasa kapangyarihang gawin ito.
    d. Payuhan sila na maging mabuti lagi kahit mahirap ang buhay.

15. Batid mo ang mga sakripisyo ng iyong ina mula nang ika'y sanggol pa lamang. Kaya naman lumaki kang isang mabuting anak, *mama's boy* ika nga. Kasabay nito ang iyong pagiging mabuting kapwa, at mabuting mag-aaral. Gayunpaman, sa paaralan, ilan sa mga kaklase moa ng madalas kang tuksuhing *mama's boy.* Umaabot sa puntong naiinis ka na. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Awayin na lamang sila sa kanilang ginagawa at ipakitang di ka basta-basta nagpapatukso sa kanila.
    b. Humanap din ng paraan para matukso ang mga kaklaseng ito para maramdaman din nila ang iyong nararamdaman.
    c. Ipagpilitan sa mga magulang na tumigil na lamang sa pag-aaral para di na muling matukso pa.
    d. Ipagwalang bahala na lamang sila sapagkat wala namang masama sa pagiging mama's boy, magsasawa rin sila.

16. Lumaki ka sa piling ng iyong lolo at lola. Sila na ang tumayong ama't ina mo mula nang mangibang bansa ang iyong mga magulang noong ika'y limang taong gulang pa lamang. Batid mo na ngayon na kailangan nila itong gawin dahil sa kahirapan ng iyong buhay at makaipon ng sapat na salapi para sa'yong pag-aaral. Kaya, di sila nagkulang sa pagpapadala sa'yo ng iyong mga kakailangan sa pag-aaral tulad ng *laptop, cellphone*, at iba pang gadyet. Hanggang sa natuto kang makipagbarkada at sa tingin mo, sila na ang iyong bagong pamilya. Napansin ito ng iyong lolo't lola at ika'y kanilang pinayuhan. Ano ang *pinakamainam* mong gawin?
    a. Huwag na silang pansinin pa total matanda na sila at tiyak di na nila alam ang kanilang ginagawa, baka ulyanin na nga sila.
    b. Ipagwalang bahala ang kanilang payo dahil malamang naiinggit lamang sila at gusto nilang sila ang iyong alagaan.
    c. Isapuso at gawin ang payo sapagkat alam nila ang nakabubuti sa'yo at hangad nila ang iyong tagumpay.
    d. Huwag na silang pansinin pa. Malaki ka na at alam mo na nakabubuti sa'yo. Ikaw naman ang magpasiya para sa'yong sarili.

17. Dala ng kahirapan ng iyong buhay, ikaw at ng iyong nakatatandang kapatid na babae ay namasukan sa isang pabrika. Naging maayos naman ang inyong lagay subalit nagbago ito makalipas ang ilang linggo. Napansin mong iba ang pagtingin ng inyong lalaking amo sa'yong babaeng kapatid. Sinabihan pa nga ang iyong ate na pumayag lamang siya sa kaniyang gusto, tiyak na mapabibilis ang pag-ahon niyo sa kahirapan. Ngunit alam niyong magkapatid na maling-mali ito sapagkat pamilyado ang inyong amo. Paulit-ulit ang ganitong eksena. Ano ang *pinakamabuti* niyong gawin?
    a. Tanggapin na lamang ang iniaalok ng amo dahil malaki ang maitutulong niya upang makaalpas sa kahirapan.
    b. Tanggihan ang kagustuhan ng amo sapagkat ito'y imoral. Hahantong lamang ito sa maraming problema.
    c. Umayon na lamang sa kagustuhan ng amo dahil maaari namang ilihim ang kanilang magiging relasyon.
    d. Tanggihan ito dahil ayaw mong matawag na kabit ang iyong kapatid. Mabuti sana kung hiwalayan niya ang dating asawa.

18. Ipagpalagay mo na isa kang guro. Sa halos araw-araw mong pagtuturo, halos araw-araw rin sa paglalako ng kakanin sa inyong paaralan ang isang binatilyo. Nalaman mong patay na ang kaniyang sundalong ama, at kasalukuyang paralisado naman ang ina. Tanging paglalako ng kakanin ang ikinabubuhay nilang mag-ina. Masidhi ang pagnanais niyang maipagpatuloy ang pag-aaral dahil madalas mong makitang matamang nakikinig sa'yong pagtuturo sa labas ng silid-aralan. Ano ang pinakamabuti mong gawin?
    a. Hayaan lamang siya sa kaniyang ginagawang pakikinig sa labas ng silid-aralan dahil magsasawa at titigil din.
    b. Pag-aralang mabuti kung papaano matutulungan ang batang ito sa hangaring maipagpatuloy ang pag-aaral.
    c. Isangguni na lamang sa DSWD para sila na ang bahalang magbantay sa batang ito dahil nakasasagabal siya sa'yong pagtuturo.
    d. Pagalitan mo ang batang ito sa ginagawang pagtatambay sa labas ng silid-aralan para di na niya ulitin pa ang ginagawa.

19. Isa ka sa mga mag-aaral na naaawa sa mga batang di nakakapag-aral dahil sa kakapusan sa salapi. Abot-langit ang kagustuhan mong sila'y matulungang makapag-aral subalit batid mong walang kakayahan ang pamilyang kinabibilangan mo upang matulungan ang mga nasabing bata dahil madalas, kinakapos din kayo at salat sa mga pangangailangan sa araw-araw. Ano ang pinakaangkop mong gawin?
    a. Ipagpilitan sa'yong mga magulang na suportahan sa kanilang pag-aaral ang mga nasabing bata upang mapanatag na ang kalooban mo.
    b. Lagi mo silang isama sa'yong panalangin na sana'y makagawa ng paraan ang mga pinuno upang mapag-aral sila.

c. Iwaksi mo na lamang sa'yong isipan ang mga batang ito at ituon ang buong atensyon sa'yong pag-aaral.
d. Puntahan mo ang mga namumuno sa inyong lugar upang isa-isahin silang kumbinsihing pag-aralin ang mga bata.

20. Bata ka pa lamang, naging hilig mo na ang mga laruang eroplano. Kaya naman sa ngayon, buo na ang pasya mong kumuha ng kursong kaugnay ng pagpipiloto. Gayunpaman, malimit mong naririnig sa'yong minamahal na ina na pagdodoktor ang gusto niya para sa'yo. Gusto mo itong isangguni sa'yong ama ngunit sa di sinasadyang pagkakataon, narinig mong nag-uusap ang iyong ama't ina at sinasabing suportado ng ama mo ang kagustuhan ng iyong ina para sa'yo. Ano ang pinakamainam mong gawin bilang isang mapagmahal na anak?
    a. Buong suyo at mapagkumbabang kausapin ang iyong ama't ina at iparamdam sa kanila ang hangarin mong maging piloto.
    b. Ipagpilitan sa'yong mga magulang ang kagustuhan kahit magbunga pa ito ng di kaaya-ayang relasyon sa inyong mag-anak.
    c. Magkulong sa kuwarto at ipangako sa sariling di ito bubuksan hangga't di pumapayag ang mga magulang sa'yong kagustuhan.
    d. Makikitira ka muna sa'yong mga kamag-anak at uuwi ka lamang sa piling ng iyong ama't ina pag payag na sila sa gusto mong kurso.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO

**Kamusmusan.** Kawalan ng muwang o alam sa mga nangyayari

**Kinapopootan.** Kinasusuklaman, kinaaayawan

**Mahimok.** Makumbinsi, mahikayat

**Maikintal.** Maitanim sa isip at puso upang matandaan

**Mailantad.** Maihayag, maipaalam

**Mapaigting.** Mapagtibay, mapatatag

**Masasalamin.** Makikita

**Matalinghaga**. Di karaniwan, di lantad ang kahulugan

**Napagtanto.** Nalaman, nabatid

**Oyayi**. Awit sa pagpapatulog ng sanggo

**Pambubuska.** Pangungutya, pambu-bully

**Paralisado.** Di maigalaw na bahagi ng katawan

**Ugnayan.** Relasyon

## MGA SANGGUNIANNG GINAMIT SA MODYUL NA ITO

**Mga Aklat:**

Ipong, Maida L., Diana L. Lacano at Jean L. Royo (2015) **Parola 10**. Valenzuela City:
JO-ES Publishing House, Inc.

Jocson, Magdalena O. (2015). **Hiyas ng Lahi**. Quezon City: Vibal Group, Inc.

Jocson, Magdalena O. (2013). **Hiyas ng Lahi**. Quezon City: Vibal Group, Inc.

**Mga Sangguniang Elektroniko**


Awiting Huwag Ka Nang Umiyak. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
https://www.youtube.com/watch?v=TA20pHQjqOg

Awiting Lipad ng Pangarap. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
https://www.youtube.com/watch?v=TbdDfWpoKQk

Awiting Maghintay Ka Lamang. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
https://www.youtube.com/watch?v=R08lMJ6_pbE

Awiting Natutulog Ba Ang Diyos. Hinalaw noong Huloy 2016 mula sa
https://www.youtube.com/watch?v=qkoorFYRUQw

Awit ng Ina para sa Kaniyang Anak. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
https://www.youtube.com/watch?v=PSKHrmZs064
https://www.youtube.com/watch?v=6jqBCEhFyMQ
https://www.youtube.com/watch?v=4GZgop3tDwM

Editoryal Kartun tungkol sa Pag-asa. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
http://www.cartoonmovement.com/cartoon/969

Ingles na bersyon, Kuwento ng Iran. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
Iba't ibang Damdamin. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
https://skinnurse.files.wordpress.com/2015/04/feeling-wheel.jpg
http://www.iranchamber.com/literature/sbehrangi/works/the_little_sugar_beet_vendor.php

Paghehehe ng Ina sa Kaniyang Anak. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
http://cliparts.co/clipart/564204
https://www.pinterest.com/kfoardlc/breastfeeding-of-course/
https://www.dreamstime.com/illustration/mother.html

Tula ng Uganda. Hinalaw noong Hulyo 2016 mula sa
http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/hele-ng-ina-sa-kaniyang-panganay.html

# Aralin 3: Sanaysay at Nobela

☑ **Panimula at mga Pokus na mga Tanong**

Magulo. Marahas. Kahirapan. Epidemya. Sakuna. Ilan lamang ito sa mga paglalarawan na maaaring maiugnay sa rehiyon ng Middle East at kontinenteng Africa. Magkalapit ang rehiyong ito. Kung pagbabatayan ang prinsipyo ng heograpiya, ang magkakalapit na lokasyon ay higit na may pagkakatulad sa maraming aspekto. At kung ang mga balita at dokumentaryo ang pagbabatayan, hindi maiiwasang mapagtulad ang dalawang rehiyong ito sa mga paglalarawan na una nang binanggit.

Ngunit bakit nga ba magulo at kaawa-awa ang imahen na nalilikha ng mga pangyayari at kalagayan ng mga tao sa mga bansa sa Middle East at Africa? Paano nakaaapekto ang panitikan sa pagpapalala o pagreresolba sa ganitong imahen ng mga rehiyong ito?

Sa modyul na ito, mabibigyan ka ng pagkakataon na suriin at suyurin ang posibleng ugat ng mga suliraning global na naidudulot ng mga bansa sa Middle East at Africa sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga akda.

Sa tatahakin mong mga aralin at gawain sa modyul na ito, dapat na masagot ang mga tanong na ito:

1. **Bakit lumilitaw na problematiko ang mga bansa sa Africa at Persia?**
2. **Paano makatutulong sa pag-angat sa kagandahan ng alinmang bansa ang pag-alam at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia?**

## ☑ Saklaw ng Modyul


Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 5 | **Panitikan**: Ang panganib ng kuwentong may iisang pananaw (Sanaysay/Talumpati)<br>**Wika**: Pagtutumbas ng salita; tuwiran at di-tuwirang pahayag | • pagbibigay-katumbas sa ilang salita sa akda (F10PT-IIIf-g-80)<br>• paghahambing sa pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda (F10PB-IIIf-g-84)<br>• pagpaliliwanag sa mga likhang sanaysay batay sa napakinggan (F10PN-IIIg-g-80)<br>• pagbibigay ng sariling reaksyon sa pinanood na *video* na hinango sa youtube (F10PD-IIIh-i-78)<br>• pagsusulat ng isang talumpati na pang-SONA (F10PU-IIIf-g-82)<br>• paggamit sa angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe (F10WG-IIIf-g-75)<br>• pagsasagawa ng isang radyong pantanghalan tungkol sa SONA ng Pangulo ng Pilipinas (F10PS-IIIf-g-82) | |
| Aralin 6 | **Panitikan**: *Mga Bubungan sa Tehran* (Nobela)<br>**Wika**: Pag-uugnay sa mga salitang nag-aagawan ng kahulugan | • pagsusuri sa binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw/teoryang pampanitikan na angkop dito (F10-PB-IIIh-i-85) | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • pagtukoy sa tradisyong kinalimutan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo (F10PN-IIIh-i-81)<br><br>• pag-uugnay sa mga salitang nag-aagawan ng kahulugan (F10PT-IIIh-i-81)<br>• pagsusuri sa napanood na *excerpt* ng isang isinapelikulang nobela (F10-PT-IIIh-i-83)<br>• paggamit sa angkop na mga pang-ugnay sa pagpapaliwanag sa panunuring pampelikula nang may kaisihan at pagkakaugnay ng mga talata (F10WG-IIIh-i-76)<br>• pagtatanghal ng isang iskrip ng nabuong *puppet show* (F10PS-III-h-i-83)<br>• pagsulat ng iskrip ng isang *puppet show* na naglalarawan sa tradisyong kinalimutan sa Africa at/o Persia (F10PU-IIIh-i-83) | |

☑ **Concept Map ng Modyul**

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.




### ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang matagumpay na matugunan ang mga aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. pagpaliliwanag ang mahahalagang kaisipan sa binasa/napakinggan/napanood na akda.
2. paglalarawan ng mga tauhan, tagapagsalaysay o tagapagsalita sa napanood, napakinggan o nabasang teksto.
3. paglalahad sa sariling pananaw at saloobin hinggil sa mga kaisipan at pamamaraan ng may-akda sa teksto.
4. pagpahahayag ng damdamin at saloobin sa pamamagitan ng pagsulat kaugnay ng mga sinuring akda.
5. paggamit sa mga aralin sa gramatika sa mga pangkomunikatibong gawain.
6. pagsasaliksik tungkol sa mga tuntuning panggramatika sa pagsulat at pag-unawa sa akda.
7. paghahambing sa iba’t ibang kaisipan at pananaw tungkol sa iisa o magkaugnay na paksa.
8. pagpapaliwanag sa kaligirang pangkaysayan ng mga akda at mga epekto nito sa kasalukuyang panahon.
9. pagsasagawa ng pananaliksik ukol sa impluwensya midya at panitikan na paghubog ng kamalayan ng mundo tungo sa mga bansa sa Africa at Middles East.
10. paglikha ng iba’t ibang produkto o pagtatanghal na may layuning makaambag sa pagpapaangat sa dignidad ng mga mamamayan sa Africa at Middle East.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling ito, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Ano ang angkop na katumbas ng salitang *pink* (kulay) sa Filipino alinsunod sa tuntunin sa panghihiram ayon sa Ortograpiyang Filipino?
   a. lila
   b. limbaon
   c. putlang pula
   d. rosas

2. Paano nagkakatulad ang sanaysay, lathalaing-lakbay (*travelogue*) at dokumentaryong pantelebisyon sa aspekto ng pagpapadaloy ng kaisipan o ideya?
   a. Ang layunin ng may-akda o manlilikha ay direktang sinasabi sa umpisa ng mga tekstong ito upang masiguro na matatamo ng mambabasa o manonood an mga kaisipang inilalahad.
   b. Ang mga paksa sa mga tekstong ito ay laging nakabatay sa personal na karanasan ng manunulat o manlilikha sapagkat laging personal ang layunin sa pagbuo ng isang panitikan.
   c. Ang mga tekstong ito ay nangangailangang magpamalas ng padron ng pag-iisip upang tuwirang maihatid sa mambabasa o manonood ang kabuoang mensaheng nais ipabatid.
   d. Ang mga tekstong ito ay tuwirang nagbibigay ng tatlo hanggang limang mahahalagang kaisipan lamang upang matiyak na maunawaan ng mambabasa o manonood ang kabuoang mensaheng ipinababatid.

3. Paano nagkakatulad ang sanaysay, lathalaing-panlakbay (*travelogue*) at dokumentaryong pantelebisyon sa aspekto ng pagpapadaloy ng kaisipan o ideya?

a. Ang estilo ng pagpapadaloy ng mga kaisipan sa sanaysay ay pangangatwiran sa lathalaing-panlakbay ay paglalarawan at sa dokumentaryong pantelebisyon ay sanhi at bunga.
b. Ang proseso ng pagbuo ng sanaysay ay nakasalalay sa mga impormasyong makukuha ng may-akda samantalang ang lathalaing-panlakbay ay nagbibigay-diin sa mga larawang kaakibat ng teksto habang ang dokumentaryong pantelebisyon ay naglalayong makapaglahad ng iba-ibang anggulo ng istoryang pinagtutuunan.
c. Ang sanaysay ay laging naglalahad ng bagong pananaw sa isang isyu smantalang ang lathalaing-panlakbay ay detalyadong pagsasalaysay ng karanasan habang ang dokumentaryong pantelebisyon ay nanghihikayat na magbago ng pananaw ukol sa isang isyu,
d. Ang sanaysay ay purong opinyon ng may-akda samantalang ang lathalaing-panlakbay ay pagsasalaysay at paglalarawan habang ang dokumentaryong pantelebisyon naman ay naglalahad lamang ng mga impormasyong batay sa mga nakalap na datos o footage.*

4. Alin ang di-tuwirang pahayag ang angkop na gamitin sa talata upang mapalutang ang diwa nito?

Ano nga ba ang mga epekto ng pang-aapi sa mga naapi? Tulad ng nangyari kay Prince, ang mga epekto ng pang-aapi ay maaaring hindi lamang mabigat ngunit nagbibigay rin ng ideya sa naapi na magpakamatay. Unang-una, nakararamdam ng mga emosyonal na problema ang naaapi, at ang ganitong asal ay nagbibigay sa kanya ng kalungkutan, mababang kapalaluan at depresyon. Bilang resulta, naaapektuhan tuloy ang araw-araw niyang gawain, tulad ng kanyang ugali, pag-aaral at pakikitungo sa ibang tao. *______________________________* Maaaring mang-api lang nang mang-api ang nang-aapi hangga't gusto niya.

a. Ang *bullying* ay walang hangganan at walang awa.
b. Normal lamang ang *bulying.*
c. Agad na naparurusahan ang isang *bully*.
d. Isang patunay na epekto ng depression ang pambu-*bully.*

5. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang nakahilig kaugnay ng diwang taglay ng talata?

Para sa akin, kailangan nang ipatupad ang panukalang ito bago pa mahuli ang lahat. Tulad ng nabanggit, ***hangad*** lang naman ng *sex education* na matulungan ang kabataang gumawa ng mga responsableng desisyon. Wala naman itong ***balak*** na turuan tayong magsuot ng *condom* o anuman. Wala rin itong balak na ***himukin*** tayo upang makipagtalik o ***madawit*** sa mga seksuwal na gawain. Sa halip, ito ay nagsisilbing gabay sa ating mga *minor na edad* habang tayo ay nakararanas ng pagbabago sa ating seksuwalidad.

a. Ang salitang 'balak ' at 'madawit' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang *sex education* habang ang mga salitang 'himukin' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.
b. Ang mga salitang 'hangad' at 'balak' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang *sex education* habang ang mga salitang 'himukin' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.
c. Ang mga salitang 'hangad' at 'himukin' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang sex education habang ang mga salitang 'balak' at 'madawit' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.
d. Ang mga salitang 'himukin' at 'madawit' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang *sex education* habang ang mga salitang 'balak' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.

6. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang nakahilig kaugnay ng diwang taglay ng saknong?

*Para sa mga Tirano ng Daigdig*

Salin ng tulang *To the tyrants of the world* na sinulat sa wikang Arabe ni Abo Al Qassim Al Shabbi mula sa Tunisia.
Salin sa eleganteng Filipino ni Roberto T. Añonuevo ng Pilipinas.

Kayong mga tiranong ***mapang-api***
Kayong ***mapagmahal*** sa karimlan
Kayong mga ***kaaway*** ng búhay
Inuyam ninyo ang mga walang malay na sugatan.

a. Ang mga salitang 'mapang-api' at 'kaaway' ay nagbibigay ng negatibong paglalarawan sa paksang pinag-uusapan sa saknong.
b. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag na ang pinag-uusapang paksa ay may katangiang dapat purihin ngunit mayroon ding dapat pintasan.
c. Ang mga salitang ito ay parehong nagbibigay ng negatibong paglalarawan sa paksang pinag-uusapan sa saknong.*
d. Ang salitang 'mapagmahal' ay nagpapahayag na kahit na mapang-api at kaaway ang tingin sa pinag-uusapang paksa, ito ay may kabutihang taglay pa rin.

7. Tukuyin ang mga angkop na pang-ugnay na ginamit sa sa pagpapaliwanag nang may kaisahan at pagkakaugnay ang mga talata.

Ang kuwento ay kapana-panabik dahil ipinapakita nito kung ano ang nangyayari sa mga OFW na umaalis papuntang ibang bansa at uuwi dito sa Pilipinas nang puno ng kasabikang makita ang mga anak ngunit dahil sa matagal siyang nawala sa kanila at hindi na niya gaanong kilala ang kanyang mga anak.

Malalim ang hatid ng istorya dahil ito ay makatotohanan. Ang pokus nito ay kung paano maibigay ng ina ang kanyang pagkukulang sa kanyang mga anak upang bumalik ang loob ng mga ito sa kanya. Ang paglabas ng mga tagong detalye sa pelikula ay mabagal ang pag-usad pero hindi masyadong nahuhulaan agad ang susunod na mga pangyayari dito. Ang pelikulang ito ay dapat panoorin dahil pinapahalagahan nito ang isang pamilya at ipinapakita ang isang tunay na pamilyang Pilipino.

*-Halaw sa Suring-Pelikula: Anak ni Michael Tacuyan*

a. at, dahil, subalit, nang sa gayon, ngunit
b. at, ngunit, dahil, upang, pero
c. dahil, sapagkat, nang sa gayon, at, subalit
d. nang sa gayon, ngunit, upang, dahil, pero

8. Tukuyin ang mga angkop na pang-ugnay na ginamit sa sa pagpapaliwanag nang may kaisahan at pagkakaugnay ang mga talata.

Buong ningning na naipakita sa pelikula ang kagandahang taglay ng mga katutubong ritwal ng mga Ifugao. Ang mga ritwal na kanilang isinasagawa upang makipag-usap sa kanilang mga ninuno at anito ay animo mga buhay na larawang naikulong sa malaking telon. Ang pelikula sa biglang tingin ay tila isang paglalahad ng paghihiganti subalit sa isang masusing pagtingin ay makikita ang pusong may taglay na pakikipagkapatiran. Bagamat nagawan ng kalapastanganan ay patuloy pa ring tinulungan ni Joseph ang kanyang mga kalaban. Naipakita ito nang sunduin ng mga kaaway si Joseph upang gamutin ang kanilang mga kababayang biktima ng isang epidemya. Naipakita rin ito nang bigyan ni Joseph ng mga gamot ang kanyang kaibigang doktor upang gamutin sa pagsugpo sa epidemyang kumakalat sa tribong pumatay sa kanyang ama at kapatid.

Mahusay ang pagkakaganap ng bawat artista sa pelikula. Magkagayon man, lutang na lutang ang kahusayan ni Joel Torre bilang isang doktor na dumanas ng malaking kabiguan dala ng kawalan ng suporta ng pamahalaan. Bagamat kakaunti lamang ang kanyang eksena, nagpakita rin ng kahusayan sa pagganap bilang dalagang katutubo si Angel Aquino. Konsistent din ang ipinakitang pagganap ni Raymart Santiago bilang isang doktor na nalito sa pagitan ng katapatan sa kanyang lahi at sa kanyang propesyon.

-Halaw sa Suring-Pelikula: *Mumbaki* ni Cherissa Abay- Omega

a. nang, subalit, magkagayon, sa halip, upang
b. para, ngunit, gayundin, subalit, at
c. upang, pero, sapagkat, datapwat, nang sa gayon
d. upang, subalit, magkagayon, bagamat, at

9. Basahin ang halaw na talata sa ibaba. Batay sa talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan sa Africa?

Sanlibong zebra ang malayang tumatakbo sa damuhan ng Africa. Ang kanilang guhit-guhitang mga tagiliran ay umaalon-alon habang ang kanilang makakapal na kiling ay pumapaling-paling sa ritmo ng kanilang mapupuwersang pagkilos. Ang yabag ng kanilang mga paa sa tigang na lupa ay dumadagundong sa kapatagan. Isang ulap ng pulang alikabok ang umaalimpuyo sa likuran nila at ito'y makikita sa layong maraming kilometro. Tumatakbo sila nang malaya at walang kontrol, nang walang anumang nadaramang hadlang.

-Halaw sa *Ang Zebra – Ang mailap na kabayo ng Africa*

a. Mababatid sa talata na ang Africa ay isang kalupaan ng kabangisan at kawalang kaayusan dahil binanggit sa talata na ang mga hayop tulad ng zebra ay walang kontrol sa kanilang mga sarili at mapupuwersa ang kanilang mga kilos.
b. Mababatid sa talata na ang Africa ay isang malayang kalupaan para sa mababangis na hayop tulad ng zebra na masigla ang pamumuhay na mayroon ang mga ito dahil sinabi sa teksto na walang kumokontrol sa mga ito at hindi sila nakadarama ng takot dahil walang humadlang sa kanilang kalakaran bilang mga hayop.*
c. Mababatid sa talata na inilalarawan ang mga zebra bilang panghalili sa mga Afrikano na matatapang at mababangis sa kabila ng salat nilang pamumuhay ay kinakalaban ng mga ito ang sinumang komokontrol sa kanilang kalakaran bilang mga hayop.
d. Mababatid sa talata na patag at tuyo ang kalakhang bahagi ng kalupaan sa Africa sapagkat nagiging yabag ang mga tunog na nalilikha ng mga hayop tulad ng zebra dahil binanggit sa teksto na "yabag ng kanilang mga paa sa tigang na lupa ay dumadagundong sa kapatagan.

10. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalaing-panlakbay. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa kultura at lugar ng isang bansa sa Africa?

Kung sa atin ay laman ng kalsada ang mga tambay na tagay ang alak...dito sa Bamako, laman ng kalsada ang mga lokal na tsaa ang hawak. Pakukuluan ang lutuing tsaa at pagkaraan ay lalahukan ng maraming asukal at ihahain sa bisita sa maliit na kopita. Pero dahil sa labis na tamis, nagkasya

na ang grupo sa *Chinese green tea* at komersyal na tsaa. Ang aming samahan ay hindi lang sa serbesa...pati na sa tsaa!

Hindi ka man makakita ng mga gusai kagaya ng sa Ayala, mabubusog din naman ang mata mo sa mga estruktura na hindi mo madalas makita. Kaya naman ang kamera, lagi nang tangan sa pagbaybay sa kalsada. Iilan lamang sila sa nagsisilbing pamoso sa mata ng mga taga-Kanlurang Africa. Nariyan ang koreo at estasyon ng sasakyan ng tren.

Sa kahabaan ng dinaraanan, sa bawat *round-a-bout* at ilang gitnang-kalsada, mayroon ding estruktura. Natagpuan ng grupo ang Monumento ng Kalayaan, at ang monumento ng taong nagpasimula ng kolonyanisasyong *French* na si Federbe.

-Halaw sa Mula sa Africa*: Lagalag sa siyudad ng Bamako*

a. Mauunawaan mula sa teksto na hindi lasenggero ang mga taga-Bamako sa halip mahilig sila sa matatamis na inumin tulad ng tsaa.
b. Maunawaan mula sa teksto na hindi umiinom ng serbesa o *beer* ang mga taga-Bamako dahil tsaa lamang ang maaaring itagay.
c. Mauunawaan mula sa teksto na maalaga sa mga bisita ang mga taga-Bamako at patunay nito ang paghahain ng tsaa sa mga kopita na siyang naranasan ng manunulat.
d. Mauunawaan mula sa teksto na may iba ring inumin na maaaring pagsaluhan sa tagayan maliban sa alak, ito ang tsaa na.

11. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura at kalagayan ng isang bansa sa Middle East?

Mula sa tatlong dekada ng giyera at pagkawasak, lumalaganap ang paggamit ng modernong teknolohiya at *media* sa bansang Afghanistan bilang kasangkapan sa muling pagbangon ng bansa at matiyak ang mas magandang bukas para sa susunod na henerasyon. Ang pelikulang *Buz-e-Chini* (o Kambing sa wikang Filipino) ay kauna-unahang 3D na animasyon ng bansa sa wikang Hazariga, isang diyalekto ng lengguwaheng Farsi na ginagamit ng mga mamamayang Hazara sa Aghanistan at Pakistan.

*-Halaw sa Kauna-unahang pelikulang animasyon sa Afghanistan*

a. Sinasabi sa teksto na nakasalalay sa lokal na lengguwahe ang pagpapalaganap ng aspirasyon ng nakatatandang Afghan tungo sa mga nakababatang Afghan.
b. Sinasabi sa teksto na ang mga Afghan ay naghahangad ng mabuting buhay para sa mga susunod na henerasyon kaya pinakikinabangan nila nang husto ang teknolohiya at media.

c. Sinasabi sa teksto na ang pelikulang Bz-e-Chini ay nagpapatunay na tuluyan nang nakalaya mula sa digmaan at karahasan ang Afghanistan.
d. Sinasabi sa teksto na tiyak na malaki ang maitutulong ng 3D animation sa muling pagbangon ng Afghanistn mula sa giyera na kanilang naranasan.

12. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura at kalagayan ng isang bansa sa Africa?

Ito ay tungkol sa isang personal na karanasan. Ang tauhan ay nalulong sa alak, opyum at iba pang ipinagbabawal na gamot. Siya ay mahilig magpinta ng mga disenyo ng mga sisidlan ng panulat. Dito umiikot ang buhay niya - sa pagpipinta at pagkalunod sa alak at opyum. Ang sentro ng kaniyang mga pinta ay ang puno ng *cypress*, ang matandang lalaki at ang dilag na may hawak na lili. Isang araw, dumating ang kaniyang tiyuhin. Habang siya ay kukuha ng alak, nakita niya ang isang dilag. Siya ay sobrang natuwa. Kinuha niya na ang bote at bumalik na siya sa kaniyang silid. Paglipas ng mga araw, hindi niya na nakita ang dilag. Isang gabi, habang siya ay naglalakad, nabigla siya nang makita niya ito patungo sa kaniyang kuwarto. Sinundan niya ito at humiga ang dilag sa kaniyang kama. Naisip niya na baka may karamdaman o naligaw lamang ito. Binigyan niya ito ng pagkain at inumin. Kinuha niya ang pagkakataong iyon para ipinta ang babae. Nang magkamalay ito, ipininta niya ulit ito. Tinabihan niya ang dilag. Akala niya buhay pa ito subalit noong siya'y lumapit, naamoy niya ang nabubulok nitong katawan at may maliliit na uod na gumagalaw at dalawang gintong bubuyog ang umiikot dito. Sa kaniyang kalituhan, naisip niyang ilibing ang babae sa kaniyang kuwarto subalit may naisip siyang mas magandang ideya. Kinuha niya ang kutsilyo sa kaniyang tokador at hinati-hati ang katawan ng dilag. Tinakpan niya ito at inilagay sa isang maleta. Tumawag siya ng makakatulong, isang matandang kutsero, na nagbigay ng garapon kung saan niya maaaring ilagay ang mga larawan ng dilag. Nagpahatid siya sa malayong lugar at doon niya inilibing ang maleta kasama ng mga itim na lili at bato. Nang matapos siya sa kaniyang gawain, minasdan niya ang kaniyang sarili. Wala na ang babaeng nagpatibok ng kaniyang puso. Bumalik na ulit siya sa kaniyang kuwarto. Una niyang hinanap ang garapon na ibinigay sa kaniya. Nakita niya na hawak-hawak ito ng kutsero. Nakabalot ito sa maruming panyo at halukipkip na niya ito sa kaniyang kili-kili. Humalakhak siya: isang makatindig balahibong tawa. Nang siya ang nagsimulang gumalaw, umalis ang kutsero sa kaniyang silid. Nang tumayo siya upang habulin at ito, bigla itong naglahong parang bula. Bumalik sa sa kaniyang silid at binuksan ang bintana. Nakita niyang tangan-tangan ng kutsero ang sisidlan sa kaniyang sa kili-kili. Bumalik siya sa bintana at pinagmasdan ang sarili. Napansin niyang punit-punit ang kaniyang damit at napapaliguan siya ng dugo mula ulo hanggang paa. May maliliit na uod na gumagalaw at dalawang gintong bubuyog ang umiikot sa kaniyang katawan. Kaniyang naramdaman ang bigat ng kamatayan sa kaniyang dibdib.

*-Halaw sa buod ng Ang Bulag na Kuwago* ni Sophia Chua

a. May malikhaing pananaw ang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
b. Kritikal mag-isip ang ilang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
c. May kalayaan sa pagpapahayag ng kanilang pagiging malikhain ang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
d. Bayolente ang mga mamamayan ng Africa at Middle East tulad ng nababasa sa halaw sa itaas.

13. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura, at kalagayan ng isang bansa sa Africa?

Tag-init naman ang Pasko sa Africa. Isinasagawa rin ng maraming Katoliko ang mga nakasanayang tradisyon gaya ng *Christmas carols* at handaan kasama ang pamilya at mga kaibigan pagkatapos ng misa. Mas binibigyang halaga nila ang pang-relihiyong aspekto ng pagdiriwang sa kapanganakan ni Hesus sa halip na pagbibigayan ng regalo. Iba-iba ang wika na ginagamit sa maraming lugar sa Africa. Tulad sa Egypt, "Colo sana wintom tiebee" ang kanilang *Merry Christmas*, Kuwa na Krismasi njema sa Kenya at Tanzania at Merry Kisimusi sa Zimbabwe.

*-Halaw sa Selebrasyon ng Pasko sa buong mundo ng Pinoy Gazette*

a. Maraming wika ang ginagamit sa Africa.
b. Magkakaugnay ang kultura sa Africa kahit na magkakaiba ang kanilang wika.
c. Magkakaiba ang pananaw ng mga taga-Africa sa Pasko kaysa sa ibang lahi.
d. Malungkot ang pagdiriwang ng Pasko sa Africa dahil sa kanilang kalagayan.

14. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isag lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura, at kalagayan ng isang bansa sa Middle East?

Malaki ang interes ng mga Kazahk pagdating sa mga laro o isports. Marami na rin silang napanalunang mga palaro sa larangan ng *weightliftng*, *ice hockey* at *boxing*. Nanalo sila ng walong medalya sa 2004 Summer Olympics, pinakamaraming medalyang natanggap sa buong rehiyon. *Football* ang pinakasikat at pinakakilalang laro sa buong bansa, dahilan para magkaroon ng *Football Federation of Kazakhstan*. Maraming propesyonal na nagbibisikleta ang pumupunta pa sa Europa para makilahok sa mga palaro. Isa na rito si Alexander Vinokourov na marami nang napanalunang medalya.

Kilala din ang isport na *Rugby*, kung saan tinalo ng kuponang Kazakhstan *National Rugby Team* ang Sri Lanka at Arabia para sa 2011 *Rugby World Cup*.

-Halaw sa *Kazakhstan: Kultura (Laro) ng Asia Group Four*

a. May mga pangkaraniwang hilig din ang mga tao sa Middle East tulad ng isport.
b. Mahuhusay sa larangan ng isport ang mga mamamayan sa Middle East.
c. Marahas makipaglaro ang atleta mula sa Middle East at maruming maglaro.
d. Malaki ang interes ng mga atleta mula sa Middle East sa karangalan tulad ng medalya.

15. Bilang isang *travel service professional*, paano ka makaaambag sa pag-angat sa kalagayan ng mga mamamayan sa mga bansa sa Africa at Middle East?
    a. Ibahagi sa kapwa ang mga katangian ng mamamayan at lugra na maaaring makakuha sa interes ng mga mahilig maglakbay.
    *b.* Ilarawan ang bansa batay sa mga balitang namamayagpag sa *media.*
    c. Ilatag ang mga posibilidad ng karahasan sa rehiyon dahil sa kalagayang pangkapayapaan dito.
    d. Ipakita ang mga larawan ng magagandang tanawin sa mga rehiyong ito tulad ng kalikasan at mga popular na *tourist destination*.
    *Ang wastong saagot ay titik a. Mahalagang malaman ng manlalakbay*

16. Kapag naglalakbay ka, ano ang mainam na paghahanda ang dapat gawin upang maiwasan ang makasakit ng mga mamamayan sa pupuntahang lugar?
    a. Alamin ang magagandang tanawin na maaaring puntahan.
    b. Alamin ang mga dapat at di-dapat gawin upang maging sensistibo at maingat.
    c. Alamin nag mga presyo ng bilihin upang maiwasang magreklamo.
    d. Alamin ang paraan kung paanno makatipid sa paglalakbay

17. Ano ang nararapat na pinakalayunin ng isang proyekto o panukalang panturismo?
    a. Mailarawan ang magagandang tanawin sa bansa.
    b. Maingat ang buhay ng mga mamamayan sa bansang tampok.
    c. Maipagmalaki ang sariling karanasan sa paglalakbay sa bansang tampok.

   d. Mapatunayan ang mga impresyon ng ibang tao tungkol sa bansang tampok.

18. Paano mo mahihikayat ang ibang tao hinggil sa kagandahan ng alinmang bansa sa Africa o Middle East?
    a. Bumuo ng iba't ibang materyal na nagtatampok sa kagandahan ng mga bansa sa Africa at Middle East.
    b. Magpasa ng mga newsfeed sa social media tungkol sa mga balitang di-kaaya-aya sa Africa at Middle East.
    c. Manood ng iba't ibang Youtube tungkol sa turismo sa Africa at Middle East.
    d. Tangkilikin ang mga pelikulang gawa ng mga mamamayan sa Africa at Middle East.

19. Paano mabisang makapaglahad ng mga kaisipan sa akdang nanghihikayat tungko sa isang bansa?
    a. Alamin ang mga nakaugaliang kultura na nakalimutan na.
    b. Kilalanin ang kalakasan, kabutian at kagandahang taglay ng mga mamamayan.
    c. Piliin ang mgagandang salita na naglalarawan sa bansa.
    d. Unawain ang kalagayang panlipunan at bigyang-tuon ang mga suliranin.

20. Bakit mahalagang may sapat na pinagbabatayan ang sinomang naglalayong ilarawan ang isang bansa o pangkat ng tao?
    a. Upang hindi makapaminsala sa dignidad ng mga taonng inilalarawan.
    b. Upang maingat ang pansariling interes sa aspekto ng kultura at pagkakakilanlan.
    c. Upang maiwan niyang mahaluan ng personal na opinyon ang paglalarawan.
    d. Upang makapagbigay siya ng makabuluhang opinyon tungkol dito.

## Aralin 3.1: Ang Panganib ng Kuwentong may Iisang Pananaw (Sanaysay, Nigeria)

**Pagtutumbas ng salita; Tuwiran at Di-tuwirang pahayag (Wika)**

## PAGTUKLAS

Isang masayang pagbati. Ito ang ikalimang aralin para sa ikatlong modyul sa ikasampung baitang sa Filipino. Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsuri sa sariling pananaw at kaalaman kaugnay ng pag-aaralan mong sanaysay. Mahalagang isaalang-alang sa bahaging ito ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: *Bakit mahalagang makapagbasa ng sanaysay o iba pang anyo ng akda na nagpapahayag ng mga ideya, kaisipan at opinyon? Paano mo magagamit sa iyong pang-araw-araw at pangkaraniwang gawain ang pagbabasa ng mga sanaysay at katulad na akda? Paano naman makatutulong sa sarili mong pag-unlad ang pag-aaral ng mga sanaysay at katulad na akda mula sa Africa at/o Persia?*

### GAWAIN 1. Ano ngayon kung Nagbabasa?

Tingnan mo ang larawan sa ibaba. Bilang isang mag-aaral na inaasahang nagbabasa ng iba't ibang akda, ano sa palagay mo ang ipinababatid ng larawang ito? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa kahon kasunod ng larawan.



## GAWAIN 2.  Inside-Outside the Box

Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Anong impresyon ang naibibigay ng mga larawang ito tungkol sa sitwasyon sa mga bansa sa Africa at Middle East? Isulat ang iyong sagot at paliwanag sa loob ng parisukat na makikita sa kahon.









**Africa at Middle East**

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ito ba ang una mong pagkakataong mabigyan ng impormasyon tungkol sa kalagayan ng mga tao sa Africa at Middle East?

Kung oo, paano nakaimpluwensiya ang mga larawan sa iyong pagkilala sa mga Africa at Middle East?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
__________

Kung hindi, ano-ano naman ang ipa bang impormasyon na iyong nalaman tungkol sa Africa at Middle East?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
__________

2. Sa palagay mo, paano nagiging makapangyarihan ang midya sa pagkilala o pagtingin ng mundo sa kalagayan ng mga tao sa isang panig ng daigdig lalo na sa Africa at Middle East? Ipaliwanag.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
__________

3. Ano naman ang iyong tungkulin bilang mamamayan ng mundo sa pag-alam sa kalagayan ng mga tao sa ibang panig ng daigdig tulad ng sa Africa at Middle East? Bakit?

________________________________________________________________
________________________________________________________________
__________

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pagpapahalaga ukol sa kaisipan ng sanaysay na iyong pinag-aralan pati na ang kalagayan ng mga lugar na pinagbatayan ng mga ito. Mahalagang maisaalang-alang mo na sa iyong pag-aaral ng panibagong sanaysay, kailangan mong balikan ang mga dati nang natutuhan upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral na ito. Isaisip din ang mga kaisipang inimumungkahi ng mga tanong na ito: *Bakit mahalagang pag-aralan ang sanaysay ng Africa at/o Persia? Paano higit na magiging mabisa ang iyong kakayahan sa pagsulat at pagbasa pagkatapos mong pag-aralan ang mga sanaysay mula sa Africa at/o Persia?*

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Marahil may ilang bagay nang sumagi sa iyong isipan habang kinukondisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng sanaysay mula sa Africa at/o Persia. Mahalagang natutukan mo ang unang dalawang gawain sa PAGTUKLAS dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang nilalaman at estruktura ng isang sanaysay (talumpati) ng isang kuwentista at nobelistang Nigerian. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa kahalagahan ng pag-aaral ng sanaysay at mga kauri nitong akda.

### GAWAIN 3. *Evernote:* Pagbabalik-aral sa Pagtutumbas ng Salita

Balikan ang iyong napag-aralan tungkol sa pagtutumbas ng salita sa Filipino alinsunod sa tuntunin sa panghihiram ng salita ayon sa Ortograpiyang Filipino. Gawing batayan ang mga sumusunod na *link* sa ibaba sa pagbabalik-aral. Upang magkaroon ka ng elektronikong pagtatalaan ng iyong mga aralin, i-*download* ang *application* na *Evernote* sa kompyuter o *cellphone* o *tablet* na iyong katuwang sa pag-aaral. Iimbak mo sa iyong *Evernote* ang iyong mga tala sa araling ito. Pagkatapos magrepaso, subukin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagtutumbas sa mga salita na nasa talahanayan sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| ***Download App then Create an Account*** | **Evernote** | https://evernote.com<br>o<br>**Google Playstore** |

Mga tuntunin sa panghihiram ng salita (Slide 18-22) ni Clifford Marollano
https://www.slideshare.net/cli4d/mga-tuntunin-sa-panghihiram-ng-mga-salita

Panghihiram ng salita ni Alecs Carillo
http://halo-halong-info.blogspot.com/2015/02/panghihiram-ng-salita.html

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang unang tuntunin sa pagtutumbas ng salita sa Filipino? Magbigay ng halimbawa.

2. Kung hindi angkop ang unang tuntunin, ano naman ang pangalawang tuntunin na maaaring ipamalas sa pagtutumbas ng salita sa Filipino? Magbigay ng halimbawa.

3. Kailan hihiram ng salita sa Espanyol at English kapag may itinutumbas na salita sa Filipino? Ipaliwanag at magbigay ng halimbawa.

4. Maliban sa pagsunod sa tuntunin sa pagtutumbas, ano pa ang alternatibong paraan o teknik o *tools* na maaari mong gawin o gamitin sa paghahanap ng katumbas na salita sa Filipino? Ipaliwanag at magbigay ng halimbawa.

## GAWAIN 4. Pagtutumbas sa Salita

Subukin mo ang iyong kaalaman sa pagtutumbas sa mga salita sa Filipino sa pamamagitan ng pagtugon sa talahanayan sa ibaba. Lagyan ng markang tsek ( ✔ ) ang tuntunin na iyong isinakatuparan sa pagtukoy ng katumbas na salita. Pagkatapos, gamitin ang katumbas na salita sa isang makabuluhang pangungusap.

*I-klik ang icon*

*Mag-email sa iyong guro sakaling may nais itanong o linawin.*

| Mga salitang dapat tumbasan sa Filipino | Kasalu-kuyang leksikong Filipino | Batay sa mga salita sa mga katutubong wika sa Pilipinas | Batay sa panghihiram mula sa Espanyol | Batay sa paghiram mula sa English | Batay sa tuwirang paghiram sa salita | Katumbas sa Filipino |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *yam* | | | | | | |
| 2. *raffia* | | | | | | |
| 3. *tribal music* | | | | | | |
| 4. *tortillas* | | | | | | |
| 5. *nkali* | | | | | | |
| 6. *serial killer* | | | | | | |
| 7. *fire truck* | | | | | | |
| 8. *jam* | | | | | | |
| 9. *margarine* | | | | | | |
| 10. *hair extensions* | | | | | | |

Gamitin sa pangungusap

1. (*yam*) ______________________________
2. (*raffia*) ______________________________
3. (*tribal music*) ______________________________
4. (*tortillas*) ______________________________
5. (*nkali*) ______________________________
6. (*serial killer*) ______________________________
7. (*fire truck*) ______________________________
8. (*jam*) ______________________________
9. (*margarine*) ______________________________
10. (*hair extensions*) ______________________________

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Aling paraan sa pagtutumbas ng salita ang sa palagay mo ay higit na komportable para sa iyo? Bakit?

2. Bakit sa palagay mong tama o naaayon lamang na sa kasalukuyang aralin ng Filipino o mga salita sa mga katutubong wika sa Pilipinas ang unang dapat isaalang-alang sa pagtutumbas ng salita sa Filipino?

3. Paano nakaaambag sa pagpapayaman at pagpapaigting ng pagiging intelektuwalisado ng wikang Filipino ang angkop na pagtutumbas ng mga salita? Magbigay ng halimbawa.


## GAWAIN 5. TED Talk

Panoorin ang pagtatalumpati ni Chimamanda Ngozi Adichie sa TED Talks noong Hulyo 2009 sa TEDxOxfordEngland na makikita sa Youtube *link* sa ibaba. Pagkatapos panoorin, ibigay ang iyong reaksyon sa napanood na *video* nang tinutugunan ang talahanayan sa ibaba.

## REAKSYON SA NAPANOOD NA *VIDEO*

| Kaaya-ayang Reaksyon | Di Kaaya-ayang Reaksyon |
|---|---|
| | |

*Panonood 1*



**CLICK LINK:** https://www.youtube.com/watch?v=D9Ihs241zeg

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Alin sa mga kaaya-aya mong reaksyon ang higit na tumatak sa iyo? Bakit?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

2. Alin naman sa mga di kaaya-aya mong reaksyon ang higit na tumatak sa iyo? Bakit?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

3. Ano ang dahilan ng mga reaksyong ito? Bakit?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

4. Paano mo nakikitang makaiimpluwensiya sa iyong pag-uugali ang mga reaksyon iyong natamo buhat sa pinanood na *video*? Ipaliwanag.
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

5. Batay sa talumpati ni Adichie, bakit lumilitaw na problematiko ang mga bansa sa Africa at Middle East?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

6. Batay sa mga puntong binigyang-diin ni Adichie sa kanyang talumpati, paano makatutulong sa pag-angat sa kagandahan ng alinmang bansa ang pag-alam at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Africa at Middle East?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

***I-klik ang icon***

***Mag-email sa iyong guro sakaling may nais itanong o linawan.***

**Pagbasa 1**

Basahin ang sanaysay na *Ang Panganib ng Kuwentong may iisang Pananaw* na halaw sa talumpati ni Chimamanda Ngozi Adichie nang nagtalumpati siya sa TEDx Oxford England noong Hulyo 2009. Ipaliwanag ang nilalaman ng sanaysay sa pamamagitan ng pagtukoy sa paksa, layunin, mga kaisipan at padron ng pag-iisip na ipinamalas dito.

**Ang Panganib ng Kuwentong may iisang Pananaw**

Talumpati ni Chimamanda Ngozi Adichie sa TED Talks July 2009

*Salin ni Francis Rodolfo M. Marcial Jr.*

Isa akong kuwentista. At gusto kong makapagsalaysay ng ilang personal kong kuwento tungkol sa ideyang tinatawag kong “ang panganib na dulot ng kuwentong may iisang pananaw”.

Lumaki ako sa isang *university campus* sa silangang Nigeria. Sabi ng nanay ko na nagsimula raw akong magbasa sa edad na dalawang taon, ngunit sa palagay ko ay mas malapit sa katotohanan ang apat na taon. Tama, maaga akong natutong magbasa noon ng mga aklat-pambata na British at American.

Pitong taong gulang ako nang natuto akong sumulat, at napipilitan ang nanay ko ng aking mga isinulat na may kasama pang mga guhit na nilikha gamit ang krayola. Ang mga sinusulat ko noon ay parehong-pareho sa mga uri ng kuwento na aking binabasa: lahat ng mga tauhan ay may maputing balat at bughaw na mga mata, naglalaro sila sa niyebe, kumakain ng mansanas, at lahat sila’y pinag-uusapan ang tungkol sa panahon – kung gaano ito kaganda kapag sumikat o nagpakita ang araw.

Sa banda ito, ang katotohanan noon ay nakatira ako sa Nigeria at hindi pa ako kailanman nakalabas ng bansa. Wala kaming niyebe, mangga ang kinakain namin, at hindi namin kailanman pinag-uusapan ang tungkol sa panahon dahil wala namang dahilan.

Ang mga tauhan ko sa aking mga kuwento ay umiinom ng *ginger beer*, dahil ang mga tauhan ko sa mga *British* na librong nabasa ko ay umiinom ng *ginger beer*. Di na baleng wala akong ideya kung ano ‘yang *ginger beer*.

At pagkalipas ng maraming taon, nagkakaroon ako ng pagnanasa makatikim ng *ginger beer*. Pero ibang kuwento naman iyon.

Sa aking palagay, ipinapakita sa naging sitwasyon ko kung paano tayo basta-basta nauuto o napaniniwala kapag nakatatanggap tayo ng kuwento, lalo na noong bata pa tayo.

Sapagkat ang lahat ng aking mga nabasang libro ay may mga tauhang dayuhan, nakumbinsi ako na kalikasan o bahagi na ng aspekto ng alinmang libro ang magkaroon ng dayuhang tauhan at iba pang mga bagay na hindi ako makauugnay pa.

Ngunit ngayon, nagbago na ang lahat nang natuklasan ko ang mga librong African. Hindi kasingdami ng mga dayuhang libro ang mga librong African at hindi ito basta-basta mahahanap.

Ngunit dahil may mga manunulat gaya nina Chinua Achebe at Camara Laye, nagbiglang-liko ang pagtingin at pagkilala ko sa panitikan. Napagtanto kong ang mga taong tulad ko, mga babaeng kulay tsokolate ang balat, may kulot na buhok na hindi maaaring ianyong *ponytail*, ay maaaring maging laman ng panitikan. Kaya sumulat ako tungkol sa mga bagay na makauugnay ako.

Nagugustuhan ko ang mga librong American at British na akin nang nabasa. Pinalalawak nito ang aking imahinasyon. Nagbukas ito ng mga bagong mundo para sa akin. Ngunit disbentahe naman na di-sinasadya ay nabubulag ako sa ideya na maaari palang maging tauhan sa panitikan ang mga taong tulad ko. Ano ngayon ang naidulot sa akin ng pagtuklas ko sa mga manunulat na African: niligtas ako nito mula sa pagkakaroon ng iisang pananaw tungo sa mga libro.

Galing ako sa isang kumbensyonal at katamtamang Nigerian na pamilya. Isang propesor ang aking ama. Isa namang administrador ang aking ina. At dahil nakasanayan na sa ganitong antas ng pamumuhay ang pagkakaroon ng kasambahay o katulong, may mga namamasukan sa amin mula sa kalapit na mga nayon. Magwawalong taong gulang ako noon nang may namasukan sa aming isang bagong kasambahay na batang lalake. Fide ang kanyang pangalan. Ang tanging bagay na sinabi ng nanay ko sa akin tungkol kay Fide ay mahirap ang kanyang pamilya. Kaya pinadadalhan sila ng nanay ko ng mga *yam* at bigas at pinaglumaan naming mga damit. At sa tuwing hindi ko nauubos ang pagkain sa hapunan napagsasabihan ako ng nanay ko ng, “Ubusin mo ang pagkain! Hindi mo ba alam na may mga tao na tulad ng pamilya ni Fide ang walang kahit na anong makain?”. Kaya nagkaroon ako ng napakalaking pagkaawa sa pamilya ni Fide.

Kaya minsan isang Sabado, bumisita kami sa nayon nina Fide, at pinakitaan ako ng nanay niya ng isang magandang basket na gawa sa tininang *raffia* na gawa ng kanyang kapatid. Nagulat ako. Hindi kailanman

sumagi sa aking isipan na sinoman sa pamilya ni Fide ay may kakayahang gumawa ng kahit na ano dahil ang lagi kong naririnig tungkol sa kanila ay mahirap sila kaya hindi nasasakop ng aking pang-unawa ang tingnan sila ng iba pa maliban sa isang mahirap na pamilya. Ang kanilang kahirapan ay nag-iisa kong pananaw tungkol sa kanila.

Pagkalipas ng ilang taon, naisipan kong umalis sa Nigeria at magtungo sa United States para pumasok sa isang pamantasan. Ginulat ko ang aking kasama sa kuwarto nang nagsalita ako sa English at talagang marunong ako ng English. Nagtanong siya kung saan ako natuto ng mahusay na English, lalo lang siyang nagulat sinabi kong isang opisyal na wika sa Nigeria ang English. Tinanong niya ako kung maaari niyang pakinggan ang aming *tribal music* at dismayadong-dismayado siya nang ipinakita ko sa kanya ang pag-aari kong *tape* ni Mariah Carey. Ipinagpalagay niya na hindi ako marunong gumamit ng *stove*. Ang nakintal sa akin: kinaawaan na niya ako bago pa man kami nagkita. Ang agad niyang impresyon sa akin bilang isang African ay kailangang itaguyod at bigyang kabuluhan ang awa tungo sa aming mga African. May iisang pananaw ng kuwento ng Africa ang aking kasama, isang kuwento ng sakuna. Sa ganitong uri ng pananaw, walang posibilidad kailanman na kaming mga African ay maging tulad niya o kapantay niya bilang tao.

Kailangan kong sabihin ngayon na bago ako nagtungo sa *U.S.,* wala sa aking kamalayan ang aking pagkakakilanlan bilang isang *African.* Pero dito sa *U.S.,* kahit saan man ako magpunta, lahat ng tao ang pagkakilala sa akin ay isa akong *African.* Hindi na baleng hindi ko alam ang tungkol sa mga lugar gaya ng Namibia. Subalit natututuhan ko na ring tanggapin ito at maraming beses ko na ring kinikilala ang aking sarili bilang isang African kahit na naiinis pa rin ako kapag tinutukoy na isang bansa ang *Africa*. Halimbawa ko nito ang pinakahuling lipad ko mula sa Lagos noong makalawa, kung saan nag-anunsyo ang *Virgin Airlines* ng kanilang pagkakawanggawa sa India, Africa at iba pang bansa.

Sa kalaunan, dahil sa tagal na rin ng aking panananaliti sa U.S. bilang African, dahan-dahan kong naunawaan ang ganoong reaksyon ng aking kasama. Siguro kung hindi ako lumaki sa Nigeria at kung ang lahat ng alam ko tungkol sa Africa ay batay sa mga popular na paglalarawan nito, pati siguro ako maiisip ko na ang Africa ay isang lugar na may magagandang tanawin, magagandang hayop, at magugulong mga tao na naglalaban sa walang kuwentang digmaan, namamatay dahil sa kahirapan at *AIDS*, hindi makapagsalita para sa kanilang sarili, at naghihintay lamang na masagip sila ng mababait at mapuputing dayuhan. Titingnan ko ang mga African sa parehong pagtingin na mayroon ako noon sa pamilya ni Fide noong bata pa ako.

Ang kuwento na may iisang pananaw tungkol sa Africa ay mauugat sa panitikang Kanluranin, sa palagay ko. May sinabi itong isang mangangalakal na nagngangalang John Locke na naglakbay sa kanlurang Africa noong 1561 at iningatan ang kanyang kamangha-manghang salaysay ng kanyang paglalakbay. Pagkatapos niyang tukuyin ang itim na mga African bilang "mga halimaw na walang bahay", isinulat niya, "Mga tao silang walang ulo ngunit ang kanilang bibig at mata ay nasa kanilang mga suso". Natatawa ako sa tuwing nababasa ko ang tungkol dito. At dapat naman talagang hangaan ang malikhaing pag-iisip na ito ni John Locke. Ngunit ang mahalagang bagay sa kanyang isinulat ay sumasagisag ito sa simula ng tradisyonal na pagsasalaysay ng mga kuwentong African sa kanluran: isang tradisyong naglalarawan sa *Sub-Saharan* Africa bilang isang lugar ng kataliwasan, ng pagkakaiba, ng kadiliman, ng mga tao na nasa salita ni Rudyard Kipling bilang "kalahating demonyo, kalahating bata". Kaya naudyok akong pagtantuhan na baka ang aking kasamahang American sa aking kuwarto ay may iisa lamang na bersyon ng kuwentong narinig at nabasa tungkol sa Africa.

Kagaya ng aking propesor nang minsang sinabihan akong hindi "tunay na African" ang aking nobela. Totoo naman at tanggap ko na may iilang mali sa aking nobela, ngunit hindi ko kailanman lubos maisip na papalpak ako sa pagtamo at pagkilala sa aking nobela bilang "tunay na African". Sa katunayan, ni hindi ko nga alam kung ano ang tunay na African. Binigyang-diin ng aking propesor ang aking mga tauhan sa nobela, na masyado daw katulad niya, edukado at may katamtamang antas ng pamumuhay. Ang mga tauhan ko ay nagmamaneho ng kotse. Hindi sila nagugutom. Kaya daw hindi ito tunay na African. Kailangan kong idagdag na napag-isipan ko rin na ako mismo ay may bahid na rin ng pagkakaroon ng iisang pananaw ng Africa.

Lumipas ang ilang taon, bumisita ako sa Mexico mula sa U.S. Tensyonado ang kondisyong politikal sa U.S. sa mga panahon na iyon at pinagtatalunan ang imigrasyon. At gaya ng madalas na nangyayari sa America, laging iniuugnay sa mga Mexican ang imigrasyon. Walang katapusan ang balita tungkol sa mga Mexican na hinuhuthot ang *healthcare system* at lumumusot sa hangganan o *border.*

Naalala ko noong unang araw ko sa Guadalajara at naglakad-lakad ako, pinagmamasdan mo ang mga taong nagtatrabaho, nagbibilot ng *tortillas* sa palengke, naninigarilyo, nagtatawanan. Naaalala ko ang unang damdamin ng saglit na pagkamangha. Saka ako nilamon ng kahihiyan. Napagtanto kong masyado na akong babad sa iba't ibang balita tungkol sa mga Mexican at naging isang konsepto na lang sila sa aking isip, mga kasuklam-suklam na imigrante. At sa ganoong paraan nakalilikha ng iisang pananaw ng isang kuwento, paulit-ulit na inilalarawan sa mga tao ang isang bagay na nasa iisang anyo – at ganoon ang kanilang nagiging kapalaran.

Imposibleng pag-usapan ang tungkol sa pagkakaroon ng iisang pananaw ng kuwento nang hindi pinag-uusapan ang tungkol sa kapangyarihan. Sa katunayan may katumbas itong salita sa wikang Igbo, sa tuwing naiisip ko ang esktruktura ng kapangyarihan sa mundo, ito ay "*nkali*". Isa itong pangngalan na kapag pinalawak ang kahulugan at isinalin ay mauunawaang "ang maging higit kaysa iba". Katulad sa mundong politikal at pang-ekonomiko, ang mga kuwento ay isinasalaysay alinsunod sa prinsipyo ng *nkali*: nakasalalay sa kapangyarihan at kakayahan ang paraan ng pagsasalaysay nito, kung sino ang magsalaysay nito, kung kailan ito isasalaysay at kung gaano karaming kuwento ang dapat maisalaysay. May kapangyarihan hindi lamang sa kakayahang makapagkuwento tungkol sa ibang tao kundi maging sa pagtitiyak na iyon talaga ang kuwento ng ibang tao.

Isinulat ng makatang Palestinian na si Mourid Boarghouti na kapag gusto mong hubaran o burahin ang tao, pinakamadali ito kapag ikukuwento mo sa ikalawang punto ng paningin. Simulan mo ang kuwento gamit ang mga pana ng mga Native American at hindi sa pagdating ng mga British, magkakaroon ka ng ibang-ibang kuwento. Simulan mo ang kuwento sa pagbagsak ng estadong African at hindi sa pagbuo ng estadong African, siguradong mayroon kang ibang-ibang kuwento.

Kamakailan lamang ay naanyayahan akong magtalumpati sa isang unibersidad kung saan may isang mag-aaral na nagsabi sa akin na kahiya-hiya ang mga lalakeng Nigerian dahil nananakit sila tulad ng tauhang ama sa aking nobela. Sinagot ko siya na nabasa ko ang nobelang "American Pyscho" – at kahiya-hiya rin ang mga batang American dahil sila'y *serial murderers*. Halata namang nasabi ko iyon bunga ng pagkapikon. Pero hindi ko naman talaga naisip na sapagkat nabasa ko sa isang nobela ang tauhan na *serial killer* ay kinakatawan nito ang kabuoan ng mga American. Hindi dahil higit akong mabuting tao kaysa sa mag-aaral na iyon, kundi dahil sa kapangyarihang kultural at pang-ekonomika ng America. Marami akong nabasang kuwento tungkol sa America. Nabasa ko si Tylet at Updike at Steinbeck at Gaitskill. Hindi iisang pananaw ang kuwentong alam ko tungkol sa America.

Nang malaman ko noong mga nakaraang taon na inaasahang may malungkot na kabataan ang isang nag-aasam na manunulat para maging matagumpay na manunulat, nagsimula akong mag-isip kung papaano ako makaiimbento ng masasamang bagay na maaaring ginawa sa akin ng aking mga magulang. Pero ang totoo'y may masaya akong kabataan, puno ng saya at pagmamahal, malapit na malapit kami ng aking pamilya. Pero may mga lolo at lola akong namatay sa mga *refugee camp*. Ang pinsan kong si Polle ay namatay dahil hindi siya nabigyan ng sapat na serbisyong medikal. Isa sa malapit kong kaibigan, Olokoma, ay namatay sa isang *plane crash* dahil walang tubig ang mga *fire truck*. Lumaki ako sa ilalim ng malupit na pamahalaang militar na hindi pinahahalagahan ang edukasyon, kaya minsan hindi nasuswelduhan ang aking mga magulang. Kaya bilang bata, nasaksihan kong nawala ang *jam* sa aking almusal, saka ang *margarine*, hanggang nagmahal ang tinapay at naging rasyon ang gatas. Higit sa lahat ang pangambang bumabalot sa aming buhay dahil sa kalagayang politikal. Ito ang mga kuwentong bumuo sa akin. Pero kung ang mga negatibong karanasang ito ang aking pagdidiinan ay matatambangan nito ang iba ko pang karanasan na humubog sa akin.

Ang pagkakaroon ng iisang pananaw ng kuwento ay lumulikha ng mga isteryotayp, at ang problema sa mga isteryotayp ay hindi dahil hindi ito totoo kundi hindi ito kompleto. Ginagawa nitong natatanging kuwento ang isang kuwento. Siyempre, ang Africa ay isang kontinenteng puno ng kataliwasan: may mga malalala tulad ng karumal-dumal na mga panggagahasa sa Congo, at mga nakalulungkot tulad ng katotohanang may 5,000 taong nag-*apply* para sa iisang *job vacancy* sa Nigeria. Pero may iba namang mga kuwento na hindi naman tungkol sa kataliwasan o sakuna, at mahalagang-mahalaga na napag-uusapan ang mga ito. Lagi kong naipalalagay na mahirap isangkot nang maayos ang isang lugar o tao nang hindi isinasali ang lahat ng kuwento tungkol sa lugar o tao na iyon.

Ito ang kinalalabasan ng pagkakaroon ng iisang pananaw ng kuwento: ninanakaw nito ang dignidad ng tao. Pinahihirap nito tayo na kilalanin na may pagkapantay-pantay ang sangkatauhan. Binibigyang-diin nito ang pagkakaiba-iba sa halip na pagkakatulad at pagkakaugnay.

Ano na lang kaya ang mangyayari kung bago ako bumiyahe sa Mexico ay sinundan ko ang magkaibang naglalabang panig ng U.S. at mga Mexican hinggil sa imigrasyon? Paano kaya kung ang sinabi sa akin ng nanay ko tungkol sa pamilya ni Fide ay mahirap sila ngunit masipag? Ano kaya kung ang African *television network* ay naghahayag ng sari-saring kuwentong African para sa buong mundo? Ito ang tinatawag ng manunulat na Nigerian na si Chinua Achebe na "isang balanseng istorya".

Ano kaya kung ang aking kasama sa kuwarto ay nakilala ang aking Nigerian na *publisher,* si Muhtar Bakara, isang kahanga-hangang lalaki na

iniwan ang kanyang trabaho sa bangko para tuparin ang kanyang pangarap at nagtayo ng sariling *publishing house*? Hindi siya sang-ayon na kumbensyonal na karunungang hindi nagbabasa ng panitikan ang mga Nigerian. Sa palagay niya makababasa ang mga tao, magkukusang magbasa, kung ginawang mura at madaling mahanap ang panitikan.

Agad-agad pagkatapos niyang ilathala ang aking unang nobela, lumabas ako para sa isang panayam sa isang estasyon ng TV sa Lagos, at may isang babaeng nagtatrabaho doon bilang tagahatid ng mga sulat para sa estasyon ang lumapit sa akin at nagpahayag na, "Gusto-gusto kong ang nobela mo. Pero di ko gusto ang wakas nito. Ngayon, kailangan mong sumulat ng karugtong nito...". Saka niya ikinuwento kung paano ang magiging takbo ng karugtong ng aking nobela. Hindi lamang ako naakit, nayanig ako ng sandaling iyon. Heto ang isang ordinaryong mamamayang Nigerian, na inaasahang hindi nagbabasa. Binasa lamang niya ang libro pero inako niya ito nang parang kanya na ipinipilit niyang dugtungan pa ito.

Ngayon, ano kaya kung nakilala ng aking kasama sa kuwarto ang kaibigan kong si Funmi Iyanda, isang host sa *TV show* sa Lagos, na pinipiling itampok ang mga kuwentong namamalayang nakakalimutan namin. Ano kaya kung nalaman ng aking kasama na may naisagawang isang matagumpay na *heart procedure* sa isang ospital sa Lagos noong nakaraang linggo? Ano kaya kung nalaman ng aking kasama ang tungkol sa musikang Nigerian, mga mahuhusay at talentadong mang-aawit at musikero na lumilikha ng musika at kanta sa wikang English at Pidgin, Igbo at Yoruba at Ijo, na naimpluwensyahan nina Jay-Z, Fela, Bob Marley hanggang sa kanilang sa kanilang mga pinakalolo? Paano kung nalaman niyang may isang abogada na kamakailan ay nagtungo sa korte upang hamuning baguhin ang isang walang kapararakang batas na nagtatakda sa mga babaeng humingi muna ng permiso sa kanilang mga bana bago nila muling iparehistro ang kanilang pasaporte? Paano kung nalaman niya ang tungkol sa Nollywood na puno ng mga taong malikhain at gumagawa ng mga pelikula kahit na gipit dahil napakapopular ng midyum na ito sa masa – halimbawa sila ng mga Nigerian na tinatangkilik ang kanilang sariling gawa? Paano naman kaya kung nalaman niyang ang aking napakahusay at dating nangangarap lamang na *hair braider* ay nakapagsimula na ng kanyang sariling negosyo sa pagbebenta ng *hair extensions*? O kaya naman ang milyong iba pang Nigerian na nagpundar ng negosyo at ilan sa kanila'y di nagtagumpay pero patuloy na inaabot ang hangarin sa buhay?

Sa tuwing umuuwi ako sa Nigeria, nahaharap ako sa madalas na sanhi ng pagkainis ng mga Nigerian: palpak na imprastraktura, palpak na pamahalaan, at siyempre ang katatagan ng mga mamamayan na umuunlad sa kabila ng kahinaan ng pamahalaan kaysa magmukmok dahil dito.

Nagtuturo ako ng malikhaing pagsulat tuwing bakasyon sa Lagos, at nakatutuwa lang kung gaano karaming tao ang gustong pumasok, gaano karaming sabik na sabik sumulat – magsalaysay ng kuwento.

Kasama ang aking Nigerian *publisher* ay simulan namin ang isang *non-profit* na organisasyon na tinawag naming *Farafina Trust*, at malalaki ang aming hangad tulad ng pagtayo ng mga silid-aklatan at pagpapaganda sa mga silid-aklatan dati nang nagsisilbi at makapagbigay ng mga libro sa mga pampublikong paaralan na walang silid-aklatan, at siyempre ang pagtataguyod ng maraming pagsasanay sa pagbasa at pagsulat para sa mga taong sabik na sabik na makapagsalaysay ng marami naming kuwento. Makabuluhan ang mga kuwento. Maraming makabuluhang kuwento. Mga kuwentong hindi nakasisira at hindi nambubura, subalit mga kuwentong makatao at magagamit din para palakasin ang sambayanan. Maaaring wasakin ng kuwento ang dignidad ng tao, ngunit maaari din nitong ayusin ang nasirang dignidad.

Sinulat ito ng American na manunulat na si Alice Walker tungkol sa kanyang mga kamag-anak mula sa Katimugan na lumipat sa Hilaga. Ipinakilala niya sa kanyang libro ang mga kamag-anak niyang hindi kinalimutan at iniwan ang buhay sa Katimugan. “Umupo silang nakapalibot, binasa ko para sa kanila ang libro tungkol sa Katimugan habang nakikinig sila sa akin, at may kung anong paraiso ang muli nilang nabalikan.”

Gusto kong magtapos sa pamamagitan ng kaisipang ito: na kapag tatanggihan natinang kuwentong nasa iisang pananaw, kapag napagtanto natin na walang iisang kuwento ang kahit na anong lugar, may kung anong paraiso muli’t muling babalikan.

## GAWAIN 6. Triple Inverted Cornell Note-taking

Sagutin ang grapikong pantulong.

***TRIPLE INVERTED CORNELL NOTE-TAKING***

| | **Mga tala mula sa teksto** | **Mga palagay batay sa mga tala** |
|---|---|---|
| ***Ano ang paksa?*** | | |
| ***Ano-ano ang layunin ng may-akda?*** | | |

| | | |
|---|---|---|
| ***Ano-ano ang mahahalagang kaisipan na binanggit sa sanaysay?*** | | |
| ***Ano ang padron ng pag-iisip sa sanaysay?**** | | **Padron at Paliwanag** |

**Ang padron ng pag-iisip isang simpleng pamamaraan kung paano pinadadaloy ang mga ideya, kaisipan o opinyon upang mapalutang ang kabuuang diwa o mensahe sa isang akda alinsunod sa layunin nito.*

| **MGA KARANIWANG GINAGAMIT NA URI NG PADRON NG PAG-IISIP** | |
|---|---|
| ***Padron ng Pag-iisip*** | ***Pakay sa Paggamit*** |
| **Sanhi/Bunga** (cause/effect) | • Paano nagdudulot o nakaaapekto ang isang bagay o konsepto |
| **Paghahambing** (compare/contrast) | • Paano magkatulad o magkaiba ang mga bagay-bagay o ideya |
| **Ilustrasyon** (illustration) | • Pagpapatunay sa isang kaisipan o ideya gamit ng maraming tiyak na halimbawa |
| **Pagbibigay-kahulugan** (definition) | • Ano ang kahulugan ng salita o konsepto na nagtataglay ng natatanging katangian |
| **Pag-uuri** (classification) | • Paghihiwa-hiwalay ng mga bagay o konsepto batay sa pagkakakilanlan o ugnayan |
| **Proseso** (process) | • Paano nagaganap o gumagana ang isang proseso o daloy ng mga pangyayari |
| **Paglalarawan** (description) | • Ano ang kalidad ng isang bagay batay sa itsura, amoy, lasa, kinis, bigat, atbp |
| **Argumento** (argument) | • Bakit tama ang isang pananaw sa isang isyu at mga dahilan nito |

Hango sa: http://www.dunwoody.edu/pdfs/Elftmann_UsingParagraphPat_Writing.pdf

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano nakatulong ang napakinggan mong talumpati sa *video* sa Gawain 5 sa iyong pag-unawa sa sanaysay na binasa?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________

2. Paano napalutang ng mga kaisipan ang kabuoang diwa ng sanaysay?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________

3. Paano posibleng maiwawasto ng sanaysay na ito ang persepsyon ng mundo tungkol sa mga taga-Africa? sa kanilang mga talino't kakayahan?
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________

## GAWAIN 7. Pagpapaliwanag sa Sanaysay

Gamit ang mga naitala mong impormasyon sa *Triple Inverted Cornell Note-Taking*, sumulat ng ilang talata na nagpapaliwanag sa nilalaman ng sanaysay na sinuri at ang layunin nito para sa mga mambabasa.

### TSEKBRIK SA PAGSULAT NG PALIWANAG NG NILALAMAN NG SANAYSAY

| Puntos | Aspekto ng paliwanag |
|---|---|
| 1❑ | Angkop ang natukoy na ***paksa*** sa sanaysay at napatutunayan gamit ang teksto. |
| 1❑ | Naaayon sa diwa ng sanaysay ang natukoy na mga ***layunin*** at napatutunayan ito. |
| 1❑ | Litaw na litaw sa sanaysay ang mga kinilalang ***mahalagang kaisipan*** at napatunayan. |

| | |
|---|---|
| 1❑ | Naaayon ang tinukoy na ***padron ng pag-iisip*** at naipaliliwanag ito nang may patunay. |
| 1❑ | Tumutupad sa mga tuntuning gramatika ang kabuoan ng paliwanag. |

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano mo tiniyak na tama ang natukoy mong paksa sa sanaysay na iyong binasa?
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   ____________

2. Paano mo nakikitang magkaugnay ang layunin at padron ng pag-iisip sa sanaysay na iyong binasa?
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   ____________

3. Bakit mahalagang natutukoy mo ang layunin at padron ng pag-iisip sa sanaysay na iyong binabasa?
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   _____________________________________________
   ____________

4. Paano nakatutulong ang pagkakaroon ng isang makabuluhang padron ng pag-iisip sa sanaysay upang mapalitaw ang mga katalinuhan at hangarin ng mga mamamayan ng mga bansa sa Africa at Middle East?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
________________

Nabigyan mong pansin sa mga naunang gawain ang pagsusuri sa iba't ibang elemento at aspekto ng isang sanaysay. Ngayon, subukin mo nang tingnan kung paano nagkakatulad at nagkakaiba ang sanaysay sa iba pang uri ng panitikan.

## GAWAIN 8. Paghahambing sa Sanaysay sa ibang Akda o Teksto

Suriin ang tatlong teksto na makikita sa mga *link* sa ibaba. Sa gagawin mong pagsusuri, maliban sa nilalaman, higit mong pagtutuunan ng pansin ang pamamaraan o estilo ng paglalahad ng mga ideya, kaisipan o opinyon sa pagtiyak sa mensaheng layon nitong mapabatid sa mambabasa o manonood. Bigyang-pansin din ang padron ng pag-iisip na naipamamalas sa mga teksto.

Pagkatapos suriin, tugunan ang grapikong pantulong na gagabay sa iyo sa paghahambing sa sanaysay sa tatlong tekstong iyong sinuri. Layunin mong matukoy ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba sa paraan ng pagpapalutang sa mensaheng layon nilang mapabatid.

***Holistic Rubric***

| Puntos | **Katangian ng talata** |
|---|---|
| 3 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto at nakapagbibigay ng mga tiyak na patunay buhat sa teksto. |
| 2 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto subalit pangkalahatan ang ibinibigay na patunay at hindi buhat sa teksto. |
| 1 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto ngunit hindi nakapagbigay ng mga patunay. |
| 0 | Hindi angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto. |

*Teksto 1*
*Travelogue*

- LAKBAY SANAYSAY: Baguio Trip
- https://http543.wordpress.com/2016/10/17/lakbay-sanaysay-baguio-trip/


*Teksto 2*
Lathalaing-salaysay

- Steve Tamayo: Nasa Pagsisikap ang Pag-unlad
- http://www.gmanetwork.com/news/news/content/78630/steve-tamayo-nasa-pagsisikap-ang-pag-unlad/story/

*Teksto 3*
Dokyumentaryong pantelebisyon

- *Special Report:* Mga Ipinagmamalaking Kultura at Pagkain ng Saudi Arabia
- https://www.youtube.com/watch?v=0z7ylojZpnc

**Paghahambing: Pagkakatulad at Pagkakaiba sa Pamamaraan**


Ang panganib ng kuwentong may iisang pananaw
LAKBAY SANAYSAY: Baguio Trip
Steve Tamayo: Nasa pagsisikap ang pag-unlad
Mga ipinagmamalaking kultura at pagkain ng Saudi Arabia
Paano sila nagkakatulad?
Paano sila nagkakaiba?

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-anong aspekto ang iyong sinuri sa paghahambing sa apat na teksto? Bakit?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

2. Aling konsepto o aspekto hinggil sa paghahayag at paglikha ng akda ang litaw na litaw sa apat na anyo ng teksto? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa o patunay.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

3. Aling konsepto o aspekto hinggil sa paghahayag at paglikha ng akda ang natatangi sa bawat anyo ng teksto? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa o patunay.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

4. Anong pananaww o kaisipan ang sumagi sa iyong kamalayan (*awareness*) habang sinusuri mo ang pagkakatulad at pagkakaiba ng sanaysay sa iba pang uri ng teksto? Magbigay ng kaunting paliwanag at detalye ukol dito.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

5. Sa iyong pananaw, bakit mahalagang may pag-unawa ang isang mambabasa at manonood sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga tekstong kanyang sinusuri at tinatangkilik? Ipaliwanag.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

6. Paano nakatutulong sa paggabay sa sinomang mambabasa o manonood ang pagkakaroon ng isang tiyak na paksa na binabanggit mismo sa teksto?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

7. Paano nakakaimpluwensiya sa pag-unawa ng isang mambabasa o manonood tungo sa teksto ang layunin ng may-akda o may-likha?

8. Bakit mahalagang may isang malinaw na padron ng pag-iisip ang isang teksto?

9. Sa iyong palagay, saan nahango ang mga impormasyon o kaisipan na inilahad sa mga teksto? Datos mula sa pananaliksik o panayam? Impormasyon na bunga ng obserbasyon? Personal na impormasyon? Patunayan.

10. Ipaliwanag ang kaisipang ito: ***Ang alinmang akda ay may tiyak na paksa o temang pinagtutuunan ng pansin sapagkat may nais na matamo ang sumulat o lumikha nito kaya inihahanay ang mga ideya, kaisipin at/o opinyon sa isang litaw na litaw na padron upang tuwirang maihatid sa tumatanggap ang mensaheng gustong ipabatid nito.***

***I-klik ang icon*** 

***Mag-email sa iyong guro sakaling may nais itanong o linawan.***

## GAWAIN 9. Tuwiran vs Di-Tuwirang Pahayag

Basahin ang mga halaw na talata sa ibaba. Tukuyin kung ang pangungusap ay tuwiran o hindi tuwiran sa pamamagitan ng pagsalungguhit ng pagkakakilanlan sa loob ng panaklong, saka ibigay ang kaisipan na ipinahahayag nito.

**TANDAAN:**



Tuwiran ang isang pahayag kapag ang kaisipan na dapat maibigay nito ay agad na mababatid sa mga salita at parirala na ginamit dito. Samantalang di-tuwiran naman ang isang pahayag kapag kailangan pang suriin ang ugnayan nito sa iba pang pahayag upang maibigay ang kaisipan na nais nitong mapabatid – samakatuwid hindi direktang sinasabi ang kaisipan.

***Talata na halaw** sa Steve Tamayo: Nasa Pagsisikap ang Pag-unlad*

(1) Kuwento ni Steve, mahigpit siya bilang amo dahil kailangan ito sa kanilang negosyo sa paghahanda ng pagkain at pag-aayos ng lugar na pagdarausan ng iba't ibang okasyon katulad ng kasal, debut, ordinaryong kaarawan at iba pa. (2) ***Kabilang sa kanyang mga napagsilbihan ay ang kaarawan ng sikat na komedyanteng si Dolphy, kasal ng anak nina Alma Moreno at Rudy Fernandez na si Mark Anthony Fernandez, at debut ng mahusay na mang-aawit na si Sarah Geronimo.***

1. (Tuwiran o Di-Tuwiran)

   ________________________________________

2. (Tuwiran o Di-Tuwiran)

   ________________________________________

Talata na halaw sa *Baguio Trip*

(1) Bilang isang kabataan, nais kong pumunta sa iba't ibang lugar na may iba't ibang tanawin. (2) Lalong-lalo na ang mga lugar na talaga namang tinatangkilik ng mga turista, mapadayuhan man na galing ibang bansa o 'yung mga taong doon na mismo sa lugar na 'yon lumaki at nagkaisip. (3) Hindi ko ginagawa ito upang magbakasyon lamang at magmuni-muni kundi para malaman ko kung saan at paano nga ba ganoon ang tawag sa lugar na iyon.

1. (Tuwiran o Di-Tuwiran)

   ________________________________________

2. (Tuwiran o Di-Tuwiran) ________________________________
3. (Tuwiran o Di-Tuwiran) ________________________________

Talata na halaw sa *Ang panganib ng kuwentong may iisang pananaw*

> (1) Nagugustuhan ko ang mga librong American at British na akin nang nabasa. Pinalalawak nito ang aking imahinasyon. (2) ***Nagbukas ito ng mga bagong mundo para sa akin.*** (3) Pero disbentahe naman na di-sinasadya ay nabubulag ako sa ideya na maaari palang maging tauhan sa panitikan ang mga taong tulad ko.

1. (Tuwiran o Di-Tuwiran) ________________________________
2. (Tuwiran o Di-Tuwiran) ________________________________
3. (Tuwiran o Di-Tuwiran) ________________________________

> Natutuhan mo sa Gawain 9 ang tungkol sa pagkakaiba ng mga pahayag na tuwiran at di-tuwiran kapag nababasa ang mga ito sa talata. Sa susunod na gawain, ipamamalas mo naman ang iyong kaalaman tungkol dito sa pamamagitan ng paggamit ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagsulat ng isang talata na naglalahad ng iyong opinyon tungkol sa isang paksa o tema.

## GAWAIN 10. Paggamit sa Tuwiran at Di-tuwirang Pahayag

Bumuo ng tig-isang talata na naglalahad ng iyong opinyon tungkol sa (1) suliraning pangkapayapaan sa Mindanao at (2) pagkamkam sa lupain ng mga katutubo. Ang bubuoing talata ay dapat may tiglimang pangungusap na may dalawa sa mga ito ay di-tuwirang nagpapahayag ng kaisipan. Salungguhitan ang pangungusap na nagtataglay ng pahayag na di-tuwiran. Gamitin din bilang batayan sa pagsulat ang *holistic rubric* sa ibaba.

***Holistic Rubric***

| Puntos | **Katangian ng talata** |
|---|---|
| 3 | Makabuluhan ang pagsasanib ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagpapalutang sa iba't ibang kaisipan sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa kaya mabisang naihahatid ang mensaheng sadya sa talata. |
| 2 | Makabuluhan ang mga tuwiran at di-tuwirang pahayag na ginamit sa talata ngunit hindi nagkakaisa ang mga kaisipan ng mga ito kaya hindi malinaw ang kabuoang mensaheng sadya sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa. |
| 1 | Gumamit ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagbuo ng talatang naghahayag ng personal na opinyon tungkol sa paksa ngunit magkakaiba-iba ang mga kaisipan na taglay ng bawat isa kaya hindi lumulutang ang iisang mensaheng layong ipabatid. |
| 0 | Hindi malinaw ang mga kaisipan sa iba't ibang pahayag na ginamit sa talata. |

1. Suliraning pangkapayapaan sa Mindanao

2. Pagkamkam sa lupain ng mga katutubo

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang iyong layunin sa unang talata na iyong nabuo? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

2. Anong mensahe ang gusto iparating sa iyong unang talata? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

3. Anong padron ng pag-iisip ang iyong ipinamalas sa iyong unang talata? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

4. Ano ang ibig mong ipahiwatig sa mga di-tuwirang pahayag na iyong ginamit sa unang talata? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

5. Bakit mo idinisenyo ang di-tuwirang pahayag sa unang talata sa anyo o ayos na iyong pinili?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

6. Ano ang iyong layunin sa ikalawang talata na iyong nabuo? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

7. Anong mensahe ang gusto iparating ng iyong ikalawang talata? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

8. Anong padron ng pag-iisip ang iyong ipinamalas sa iyong ikalawang talata? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

9. Ano ang ibig mong ipahiwatig sa mga di-tuwirang pahayag na iyong ginamit sa ikalawang talata? Ipaliwanag.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
________________

10. Bakit mo idinisenyo ang di-tuwirang pahayag sa ikalawang talata sa anyo o ayos na iyong pinili?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
________________

11. Paano mo nasisiguro na kahit na gumamit ka ng mga di-tuwirang pahayag sa iyong mga talata ay napapanatili mo ang kabuoang diwa ng mga ito?

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa at napatibay mo na rin ang iyong kasanayan sa pagsusuri ng sanaysay at kauri nitong akda ukol sa mga pananaw ng mga African at Persian sa kanila kalagayan at sa mundo sa kabuoan. Nalaman mong mahalaga pala ang papel na ginagampanan ng panitikan sa paghubog ng pagtingin at pagkilala ng mga tao sa isang sektor ng lipunan o lugar na pinamumuhayan ng isang pangkat ng mamamayan. *Batay sa mga natamo mong kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang tekstong sinuri at gawaing tinupad, paano naimpluwensyahan ng mga ito ang iyong impresyon tungo sa mga mamamayan ng mga bansa sa Africa at Middle East?*

## PAGPAPALALIM

Inaasahang iyong natamo sa PAGLINANG ang sapat na kaalaman at kasanayan upang maunawaan mo ang kabuluhan ng mga sanaysay mula sa Africa at Persia. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing susubok at magpapaigting sa mga kaalaman at kasanayang ito. Inaasahang masasagot mo ang tanong na ito: *Bakit lumilitaw na mga problematikong bansa ang nasa Africa at Middle East? Paano makaaambag sa pag-angat ng mga bansa sa Africa at Middle East ang pagbabasa o pagtunghay ng kanilang mga sanaysay at katulad na akda?*

### GAWAIN 11. Pagtataya sa Sariling Kaalaman at Pag-unawa

Tayain ang iyong sariling pag-unawa sa pagpapahalaga ng mga sanaysay. Basahin ang mga sumusunod na pahayag hinggil sa sanaysay at sa pagpapahalaga nito. Lagyan ng markang tsek ( ✔ ) ang bahagi ng hanay na Tama kung sa palagay mong naaayon at angkop ang konseptong ipinahahayag nito. Kung sa palagay mo namang hindi, lagyan ng markang tsek ( / )ang bahagi ng hanay na Mali.

| | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1. Ang sanaysay ay isang anyo ng pagkukuwento ng kalagayan at pangyayari sa mundo. | | |
| 2. Ang sanaysay ay may makabuluhang paksa at layunin kaya dapat nababasa ito at nagkakaroon ng interkasyon sa isip ng mambabasa. | | |
| 3. Mahalaga na naiintindahan mo bilang mambabasa ang mga di-tuwirang pahayag na ginamit sa sanaysay. | | |
| 4. Mahalagang alam mo ang estilo o padron ng pag-iisip sa binabasang sanaysay. | | |
| 5. Ang mahahalagang kaisipan sa isang sanaysay ay nararapat na matamo ng isang mambabasa. | | |
| 6. Sa pagbabasa ng sanaysay, mahalagang aktibong mambabasa ka – inaalam ang pagkamakatotohanan ng mga impormasyon at napagtitimbang-timbang ang mga opinyon na ibinahagi ng may-akda. | | |
| 7. Sa pagbabasa ng sanaysay, mahalagang mayroon kang bukas ngunit maingat na isipan. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 8. Ang kakayahan sa pagsusuri ng sanaysay ay tulad ng pagkilatis sa mga balita, lathalain, komentaryo, blog at dokumentaryo. | | |
| 9. Hindi dapat matapos ang proseso ng pagbabasa ng sanaysay pagkatapos mong magbasa. | | |
| 10. Makatutulong sa paglawak ng pag-unawa at pagtingin ng isang tao ang pagbabasa ng mga sanaysay gayundin ang pagsusulat nito. | | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Sa iyong personal na pananaw, bakit importanteng nakapagbabasa o nagbabasa ng sanaysay, o ng katulad na anyo ng akda, ang isang tao? Bakit?

2. Bakit kaya bentahe para sa isang mambabasa kung isa siyang aktibo at interaktibong mambabasa? Lalo na sa sanaysay?



3. Paano gumaganap bilang isang makabuluhang salik ang kalayaan ng isipan sa pagtanggap ng iba't ibang impormasyon, kaisipin at opinyon sa sinusuring sanaysay?

## GAWAIN 12. Radyong Pantanghalan

Makipag-ugnayan sa iyong kaklase at bumuo ng isang pangkat na may 2 o tatlong miyembro. Bilang pangkat, mahanap ng kompletong *audio* o *video* na bersyon ng pinakahuling SONA ng Pangulo ng Pilipinas. Pakinggan o panoorin nang mapanuri ang SONA. Pagkatapos suriin, magplano ng isang pagtatanghal para sa radyo gamit ang online radio broadcasting sites na “Listen 2 My Radio” o “My Radio Stream” – maaaring isang programang komentaryo o dulang panradyo ang itanghal kung saan pinag-uusapan ninyo ang SONA ng Pangulo batay sa inaasahang aspekto sa ibaba. Gawing batayan sa disenyo ng mga talakayan ang *holistic rubric.*

| | |
|---|---|
| **Upload URL** | |

| | |
|---|---|
| **Upload File** | |

| | |
|---|---|
| Listen 2 My Radio<br>http://www.listen2myradio.com/ |  |
| My Radio Stream<br>https://myradiostream.com/ |  |





Suriin ninyo at talakayin ang talumpating pang-SONA batay sa mga sumusunod:

- Ang iba’t ibang paksa na saklaw ng talumpati
- Ang mga layunin sa iba’t ibang bahagi ng talumpati batay sa paksa
- Ang mahahalagang kaisipan na batay sa mga tuwiran at di-tuwirang pahayag
- Kilalanin ang iba’t ibang padron ng pag-iisip na ginamit sa bawat bahagi
- ang kabuoang direksyon at mensahe na nais matahak at maihatid ng Pangulo

***Holistic Rubric***

| Puntos | Katangian ng talakayan sa bawat aspekto |
|---|---|
| 3 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot at nakapagbibigay ng mga tiyak na patunay buhat sa talumpati sa SONA. |
| 2 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot subalit pangkalahatan ang ibinibigay na patunay at hindi buhat sa talumpati sa SONA. |
| 1 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot ngunit hindi nakapagbigay ng mga patunay. |
| 0 | Hindi makabuluhan ang kaisipang ipinababatid sa bahagi ng talakayan. |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano nakatulong sa iyo sa pag-unawa at pagsuri sa talumpati sa SONA ang iyong kaalaman sa iba't ibang padron ng pag-iisip?

2. Bakit mahalagang natutukoy mo ang iba't ibang paksa sa napakinggang talumpati sa SONA?

3. Bakit mahalagang nabibigyan ng angkop na pagpapakahulugan ang mga pahayag ng Pangulo sa kanyang talumpati sa SONA lalo na ang mga di-tuwirang pahayag?

4. Bakit sa palagay dapat maging maingat ang Pangulo sa mga pahayag na kanyang binibitiwan sa kanyang SONA makatuwiran man o di-tuwiran?


5. Bakit sa palagay mo dapat maging maingat ang mga namamahayag at iba pang manunulat sa pagpapahayag tungkol sa mga bansa sa Africa at Middle East?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________

## GAWAIN 13. Pagpapaliwanag sa Nilalaman ng Talumpati

Panoorin ang talumpati ni Bahia Shebab na pinamagatang *Isang Libong Hindi*. Sa iyong panonood, bigyang-tuon ang paksa na pinag-uusapan; tukuyin ang layunin ng tagapagsalita; ilahad ang mahahalagang kaisipan na lumulutang sa talumpati; kilalanin ang padron ng pag-iisip sa talumpati at ipaliwanag kung paano ito nakaambag sa pagpapalutang sa mensahe; at ipahayag ang iyong hinuha hinggil sa pinagmulan ng mga impormasyon o opinyon sa ipinahayag ng tagapagsalita. Gamiting gabay sa pagsagot ang *holistic rubric* sa ibaba.

**Isang Libong Hindi**




https://www.ted.com/talks/bahia_shehab_a_thousand_times_no/transcript?language=fil

***Holistic rubric***

| Puntos | **Katangian ng talata** |
|---|---|
| 3 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot at nakapagbibigay ng mga tiyak na patunay buhat sa teksto. |
| 2 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot subalit pangkalahatan ang ibinibigay na patunay at hindi buhat sa teksto. |
| 1 | Naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot ngunit hindi nakapagbigay ng mga patunay. |
| 0 | Hindi naaayon ang kaisipang ipinababatid sa sagot. |

Pagpapaliwanag sa sanaysay/talumpati.

| | |
|---|---|
| ➢ Ano ang paksa ng talumpati ni Shebab? Patunayan. | ③ ② ① ⓪ |
| ➢ Ano-ano ang layunin ni Shebab sa kanyang pagtatalumpati? Bakit mo nasabi? | ③ ② ① ⓪ |
| ➢ Ano-ano ang mahahalagang kaisipang nangingibabaw sa talumpati ni Shebab? Magbigay ng patunay buhat sa teksto. | ③ ② ① ⓪ |
| ➢ Anong padron ng pag-iisip ang ipinamalas ni Shebab sa kanyang talumpati? Paano nakatulong ang ipinamalas na padron ng pag-iisip sa pagpapalutang sa mga kaisipan at kabuong mensahe sa kanyang talumpati? | ③ ② ① ⓪ |
| ➢ Sa iyong palagay, ano ang naging batayan ni Shebab para sa mga impormasyon, ideya, saloobin at opinyon sa kanyang talumpati? Patunayan. | ③ ② ① ⓪ |
| ➢ Ano ang pangkalahatang mensahe o diwa na gustong ihatid o itawid ni Shebab sa kanyang mga tagapakinig? Patunayan. | ③ ② ① |

| | |
|---|---|
| | ⓪ |
| ➢ Ano naman ang iyong opinyon o saloobin sa mga sinabi ni Shebab sa kanyang talumpati? Ipaliwanag. | ③<br>②<br>①<br>⓪ |
| ➢ Sa iyong palagay, paano makaambag sa pagpapalawak ng kamalayan ng isang tao ang talumpati ni Shebab? Patunayan. | ③<br>②<br>①<br>⓪ |

## GAWAIN 14. Pagsusuri ng iba't ibang Tekstong Sanggunian

Panoorin at/o basahin ang mga teskto tungkol sa katutubo at kontemporaryong sining ng mga mamamayan sa kontinente ng Africa. Sa pamamagitan iyong **Evernote**, itala ang mga impormasyon at impresyon na iyong nakalap. Ipasa sa iyong guro ang elektronikong dokumento na naglalaman ng iyong mga tala mula sa apat na teksto. Pagkatapos sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

| **Upload URL** | |
|---|---|

- The unexpected beauty of everyday sounds ni Meklit Hadero (TED Talk video)
  - ➢ **https://www.youtube.com/watch?v=NAkkckxE9i8**
- South African Films Making Global Impact (Artikulo/Lathalain)
  - ➢ **https://www.brandsouthafrica.com/south-africa-fast-facts/arts-facts/sa-films-making-global-impact-021015**
- Documentary on Fashion Academy in Nigeria (Video)
  - ➢ **https://www.youtube.com/watch?v=h4BiNmWQW1s**
- Tribal Art: BBC Documentary (Video documentary)
  - ➢ **https://www.youtube.com/watch?v=7Q1M-jiKcXQ**
- South African artist Lady Skollie explains why she paints burning vaginas (*Radio interview with brief transcription*)
  - ➢ https://www.pri.org/stories/2017-08-11/south-african-artist-lady-skollie-explains-why-she-paints-burning-vaginas

| Paano nagkakatulad sa nilalaman ang mga tekstong sinuri? Patunayan. | Paano nagkakaiba sa nilalaman ang mga tesktong sinuri? Patunayan. |
|---|---|
| **Paano nagkakatulad sa estilo ang mga tesktong sinuri? Patunayan.** | **Paano nagkakaiba sa estilo ang mga tekstong sinuri? Patunayan.** |

***Holistic Rubric***

| Puntos | **Katangian ng talata** |
|---|---|
| 3 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto at nakapagbibigay ng mga tiyak na patunay buhat sa teksto. |
| 2 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto subalit pangkalahatan ang ibinibigay na patunay at hindi buhat sa teksto. |
| 1 | Angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto ngunit hindi nakapagbigay ng mga patunay. |
| 0 | Hindi angkop ang inilahad na pagkakatulad o pagkakaiba ng mga sinuring teksto. |

## GAWAIN 15. Talatang may Tuwiran at Di-tuwirang Pahayag

Sumulat ng apat na magkakaibang talata na nagbubuod sa iyong naunawaan sa apat na tekstong iyong sinuri sa Gawain Blg. 13. Sa iyong pagbubuod, huwag mong kalimutang isaalang-alang na matupad pa rin ang padron ng pag-iisip ng bawat teksto. Gawing batayan sa pagbubuod ang *holistic rubric* na makikita sa dulo ng gawaing ito.

| ***Buod ng teksto 1*** | |
|---|---|
| | ③<br>②<br>①<br>⓪ |
| ***Buod ng teksto 2*** | |
| | ③ |

| | |
|---|---|
| | ②<br>①<br>⓪ |
| ***Buod ng teksto 3*** | |
| | ③<br>②<br>①<br>⓪ |
| ***Buod ng teksto 4*** | |
| | ③<br>②<br>①<br>⓪ |

***Holistic Rubric***

| Puntos | **Katangian ng talata** |
|---|---|
| 3 | Makabuluhan ang pagsasanib ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagpapalutang sa iba't ibang kaisipan sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa kaya mabisang naihahatid ang mensaheng sadya sa talata. |
| 2 | Makabuluhan ang mga tuwiran at di-tuwirang pahayag na ginamit sa talata ngunit hindi nagkakaisa ang mga kaisipan ng mga ito sa kaya hindi malinaw ang kabuoang mensaheng sadya sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa. |
| 1 | Gumamit ng mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagbuo ng talatang naghahayag ng personal na opinyon tungkol sa paksa ngunit magkakaiba-iba ang mga kaisipan na taglay ng bawat isa kaya hindi lumulutang ang iisang mensaheng layong ipabatid. |
| 0 | Hindi malinaw ang mga kaisipan sa iba't ibang pahayag na ginamit sa talata. |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano nakapagbigay ng panibagong perspektibo sa iyo ang mga natunghayan mong teksto tungkol sa Africa? Patunayan.


____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________


2. Bakit mahalagang napaglalaanan ng panahon na makapagbasa, makapakinig o makapanood ng makabuluhang midya upang makilala ang ibang mga bansa at lahi tulad sa Africa? Patunayan


_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________


## GAWAIN 16. Inside-Outside the Box

Pagmasdan ang mga larawan sa ibaba. Anong impresyon ang naibibigay ng mga larawang ito tungkol sa sitwasyon sa mga bansa sa Africa at Middle East? Isulat ang iyong sagot at paliwanag sa bahagi ng parihabi na kinalalagyan ng parisukat na iyong sinulatan ng sagot sa Gawain 1.










Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. May pagbabago ba sa iyong impresyon hinggil sa Middle East at Africa pagtapos mong sumuri ng iba't ibang teksto na nagtatampok ng mga karanasan at opinyon ng mga mamamayan ng mga rehiyong ito? Ipaliwanag.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________

2. Paano mo nakikitang isang malaking salik sa pagkilala ng tao sa isang lugar o lipunan ang kalidad ng akdang tumatalakay ukol sa mga ito gaya ng mga bansa sa Africa at Middle East?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________

3. Bakit mahalagang may malawak na kamalayan at bukas na isipan ang isang mamamayan upang higit siyang maging mamamayang global na sangkot sa iba't ibang aspekto ng kamunduhan at sangkatauhan lalo na para sa Africa at Middle East?

   ______________________________________________
   ______________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

________________________

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Napatunayan mong mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa mga sanaysay at katulad na akda mula sa Africa at Middle East. Sa iba't ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit at pagsubok sa kaalaman at pag-unawa na iyong natamo sa PAGLINANG. Nagawa mo ring ipamalas ang mga pag-unawa at kasanayang iyong natamo sa araling ito. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng araling ito – ang PAGLILIPAT.

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na may makabuluhan pa lang ugnayan ang nilalaman at kalidad ng mga sanaysay o katulad na akda sa pagkakakilanlan ng mga bansa sa Africa at Middle East, inaasahan namang matagumpay mong maililipat ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapamalas sa mga kakayahan at pag-unawang natamo sa isang makabuluhan at makatotohanang gawain. Simulan mo na ang PAGLILIPAT.

### GAWAIN 17. Talumpating Pang-SONA

**TASK**

Bumuo ng isang talumpati na magiging bahagi ng mahabang talumpati ng Pangulo ng Pilipinas para sa *State of the Nation Address* (SONA). Ang bahaging ito ng SONA ng Pangulo ay naglalayong ipabatid sa bayan ang **isinusulong na pagpapahalaga at pagpapayaman sa katutubo at kontemporaryong sining** upang dahan-dahang makilala ang sining bilang isang larangan na makaaambag sa ekonomiya ng bansa. Gagawin mong batayan sa pagsulong ng

katutubo at kontemporaryong sining ang mga teksto at *video* tungkol sa mayamang sining ng mga bansa sa Africa na iyong sinuri sa Gawain 14.

Sa iyong bubuoing bahagi ng talumpati, gumamit ng mga tuwirang pahayag katuwang ng ***5 hanggang 7 di-tuwirang pahayag*** sa paglalahad ng iba't ibang kaisipan at magbanggit din ng mga ***2 o 3 salita na natumbasan*** mo mula sa katutubong salita o konsepto sa pinagbatayang mga materyal.

Isumite ang iyong binuong talumpati sa pamamagitan ng **Word Document File**. Upang magabayan ang iyong guro sa pagtataya sa mga ginamit mong tuwiran at di-tuwirang pahayag, gawing **bold** ang mga **pahayag na di-tuwiran** nang mahiwalay ito sa tuwirang pahayag. Gawin namang *italized* ang mga *salitang tinumbasan* mo sa Filipino na ginamit mo sa talumpati ngunit ipaloob sa panaklong ang batayang salita; halimbawa: mantikilya (*margarine*).

| **Upload File** | |
|---|---|

Format ng isusumiteng sanaysay para sa SONA

- Maikling *bond paper*
- 1 pulgadang palugit sa lahat ng gilid
- *Font* Arial *size* 12
- 1.5 *spacing* sa lahat ng talata
- 2 hanggang 3 pahina lamang

***I-klik ang icon***

***Mag-email sa iyong guro sakaling may nais itanong o linawin***

**RUBRIK SA PAGSULAT NG TALUMPATI**


| **PAMANTAYAN** | **KAPUGAY-PUGAY** 4 | **MAHUSAY** 3 | **UMUUNLAD** 2 | **NAGSISIMULA** 1 |
|---|---|---|---|---|
| **MABISANG PANGHIHIKAYAT** | Kapaki-pakinabang ang kabuuang kaisipan sa akda o pagtatanghal dahil napalulutang ang isang tiyak na kaisipan hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa* | Lumulutang sa kabuuan ng akda o pagtatanghal ang isang tiyak na kaisipan hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa* | May ilang konsepto o aspekto sa akda o pagtatanghal ang hindi naayon sa diwa nito kaya hindi ganap ang kaisipang | Malabo ang mga konsepto o aspekto sa akda o pagtatanghal ang hindi naayon sa diwa nito kaya hindi ganap ang kaisipang isinusulong hinggil sa *panghihikayat* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *sa Middle East at Africa* dahil isinusulong ang isang tiyak na pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng bansang tampok na dapat pamarisan ng iba. | *Middle East at Africa* dahil isinusulong ang iba't ibang perspektibo at aspekto ng bansang itinatampok bilang *travel destination.* | isinusulong hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa Middle East at Africa.* | *sa tampok na bansa sa Middle East at Africa.* |
| **PAGLALARAWAN SA PAMUMUHAY NG MGA TAO SA TAMPOK NA BANSA** | Naipakikilala ang mga pinagkunan ng impormasyon, ideya, opinyon o karanasan na naging batayan sa paglalarawan sa bansang tampok na isang *travel destination.* | Makabuluhan ang lahat ng paglalarawan sa uri ng pamumuhay na mayroon ang mga tao sa bansang tampok na isang *travel destination* dahil nakapagbigay ng sapat na impormasyon, ideya, opinyon o karanasan batay sa pananaliksik. | Makabuluhan ang ilang paglalarawan tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa bansang itinatampok ang taliwas sa mga impormasyon, ideya, opinyon o karanasan alinsunod sa datos na ibinibigay ng pananaliksik. | Hindi makabuluhan ang paglalarawan tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa bansang itinatampok ang taliwas sa mga impormasyon, ideya, opinyon o karanasan alinsunod sa datos na ibinibigay ng pananaliksik. |
| **PAGGAMIT NG TUWIRAN AT DI-TUWIRANG PAHAYAG** | Malinaw na malinaw ang ugnayan ng mga makabuluhan tuwiran at di-tuwirang pahayag na isinanib sa teksto sa layunin mapalutang ang iba't ibang kaisipan sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa kaya mabisang naihahatid ang mensaheng sadya sa talata. | Makabuluhan ang pagsasanib sa lahat ng ginamit na tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagpapalutang sa iba't ibang kaisipan sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa kaya mabisang naihahatid ang mensaheng sadya sa talata. | Makabuluhan ang mga ilang tuwiran at di-tuwirang pahayag na ginamit sa talata ngunit hindi nagkakaisa ang mga kaisipan ng mga ito kaya hindi malinaw ang kabuoang mensaheng sadya sa talata hinggil sa personal na opinyon tungkol sa paksa. | Hindi makabuluhan ang mga ginamit na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa pagbuo ng talatang naghahayag ng personal na opinyon tungkol sa paksa ngunit magkakaiba-iba ang mga kaisipan na taglay ng bawat isa kaya hindi lumulutang ang iisang mensaheng layong ipabatid. |
| **PAGTUTUMBAS NG MGA SALITA** | Makasaysayan ang paggamit sa mga tinumbasang mga salita sa Filipino mula sa pinagbatayan. | Angkop ang ibinigay na katumbas sa Filipino ng salitang katutubo mula | Angkop ang karamihan sa mga ibinigay na salitang itumbas sa Filipino mula sa | Hindi angkop ang ibinigay na katumbas na salita sa Filipino mula sa katutubong pinagbatayan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | sa pinagbatayan. | katutubong pinagbatayan. | |
| **GRAMATIKA** | Angkop ang paggamit sa matatalinhagang pahayag sa akda o pagtatanghal maliban pa sa mahusay na pagtupad sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa kabuoan. | Naaayon sa mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) ang kabuoan ng pagpapahayag sa akda o pagtatanghal. | May 1 pagtaliwas sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa kabuoan ng pagpapahayag sa akda o pagtatanghal. | May 2 o higit pang pagtaliwas sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa kabuoan ng pagpapahayag sa akda o pagtatanghal. |
| **ORGANISASYON** | Iba-iba ang mga estilo sa paglalahad sa mga kaisipang binibigyang-diin para sa isang *travel expo* at lantad na lantad ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito sa isa't isa. | Buo ang pagkakaugnay-ugnay ng mga kaisipan sa akda o pagtatanghal na ipinamalas sa panghihikayat para sa isang *travel expo* sapagkat mababatid na nagkakaisa ang mga ito sa mga ideyang binibigyang-diin. | May ilang kaisipan na inilahad sa panghihikayat para sa isang *travel expo* ang hindi nakikiisa sa mga ideyang binibigyang-diin sa kabuoan. | Magulo ang pagkakaayos sa mga kaisipan na inilahad sa panghihikayat para sa isang *travel expo* ang hindi nakikiisa sa mga ideyang binibigyang-diin sa kabuoan. |

## GAWAIN 18. Ano Ngayon kung Nagbabasa?

Muling tingnan ang larawan sa ibaba. Bilang isang mamamayan na tumatanggap, nangangalap at bumubuo ng mga ideya mula sa iba't ibang akdang sinusuri, ano sa palagay mo ang ipinababatid ng larawang ito?



____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa puntong ito, naipamalas mo na sa isang makabuluhan at makatotohanang gawain ang iyong mga natamong kaalaman, kasanayan at pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang bahagi ng talumpati para sa SONA, higit mo dapat na maunawaan na kailangang maisaalang-alang na dapat may malinaw na layunin ang isang sanaysay o talumpati, at maingat na inihahanay ang mga kaisipan gayundin ang maingat na paggamit sa mga tuwiran at di-tuwirang pahayag. Batid mo rin na isang paraan ng pagsusulong at pagpapalaganap ng isang hangarin ang pagsulat ng mga akdang naglalayong iangat ang kalagayan ng mamamayan sa isang positibong paraan.

Ngayon handa ka nang magpatuloy sa huling aralin sa modyul na ito.

## Aralin 3.2 *Mga Bubungan sa Tehran* (Nobela, Iran)

### Pag-uugnay sa mga salitang nag-aagawan ng kahulugan (Wika)

## PAGTUKLAS

Isang masayang pagbati. Ito ang huling aralin para sa ikatlong modyul sa ikasampung baitang sa Filipino. Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsuri sa sariling pananaw at kaalaman kaugnay ng pag-aaralan mong nobela. Mahalagang isaalang-alang sa bahaging ito ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: *Bakit mahalagang makapagbasa ng nobela o iba pang anyo ng akda na naglalarawan sa kalagayang panlipunan ng mga mamamayan sa Africa at Middle East? Paano mo magagamit sa iyong pang-araw-araw at pangkaraniwang gawain ang pagsubaybay at pagsusuri sa pag-aaral ng nobela? Paano naman makatutulong sa sarili mong pag-unlad ang pag-aaral ng mga nobela at katulad na akda mula sa Africa at/o Middle East?*

### GAWAIN 1. Bubungan at Tag-init

Balikan ang iyong mga karanasan sa mga nakalipas na tag-init (bakasyon/*summer*). Sa grapikong pantulong sa ibaba, ilista mo ang mahahalaga at makakabuluhang alaala mo na may kinalaman sa tag-init; ganoon din ang mga nakahihiligan at iniiwasan mong gawin o mangyari kapag tag-init.

| Mga alaala ng tag-init (summer) | Ano nakahihiligan mong gawin tuwing tag-init (*summer*)? |
|---|---|
| | |

| | |
|---|---|
| | **Ano ang iniiawasan mong mangyari tuwing tag-init (*summer*)?** |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Kailan mo masasabing isang makabuluhan o mahalagang alaala ang isang pangyayari sa tag-init? Bakit?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
__________________

2. Bakit may mga nakahihiligan kang gawin tuwing tag-init?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
__________________

3. Bakit may mga iniiwasan kang mangyari tuwing tag-init?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
__________________

4. Paano nakaimpluwensiya sa iyong pagkatao ang mga karanasan at alaala mo kapag tag-init?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
__________________

## GAWAIN 2. Inaasahan sa Nobela

Sa pamamagitan ng grapikong pantulong sa ibaba, itala ang mga inaasahan mong matamo sa pag-aaralan mong nobela at iba pang kaugnay na akda sa araling ito. Maaaring salita o parirala na nagsisimula sa titik sa gitna ang isulat. Paghiwalayin ang mga inaasahan para sa nobela mula sa Africa at Persia.

| AFRICA ↓ | | PERSIA ↓ |
|---|---|---|
| | N | |
| | O | |
| | B | |
| | E | |
| | L | |
| | A | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy ng iyong mga inaasahan sa pag-aaralang nobela at mga kaugnay na akda? Ipaliwanag.
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

2. Alin sa mga naisulat mo sa grapikong pantulong ang higit mong gustong matamo sa wakas ng aralin? Bakit?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________

3. Bakit makabuluhang natataya mo ang iyong sarili bago magbasa ng isang nobela?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pagpapahalaga ukol sa kaisipan ng nobela na iyong pag-aaral pati na ang kalagayan ng mga lugar na pinagbatayan ng mga ito. Mahalagang maisaalang-alang mo na sa iyong pag-aaral ng panibagong nobela, kailangan mong balikan ang mga dati nang natutuhan upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral na ito. Isaisip din ang mga kaisipang inimumungkahi ng mga tanong na ito: *Bakit mahalagang pag-aralan ang nobela ng Africa at/o Middle East? Paano higit na magiging mabisa ang iyong kakayahan sa pagsubaybay at pagsusuri pagkatapos mong pag-aralan ang nobela mula sa Iran?*

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Marahil may ilang bagay nang sumagi sa iyong isipan habang kinukondisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng nobela mula sa Africa at/o Middle East. Mahalagang natutukan mo ang unang dalawang gawain sa PAGTUKLAS dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang nilalaman at pakay ng isang nobela mula sa Iran. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa kahalagahan ng pag-aaral ng nobela at mga kauri nitong akda.

## GAWAIN 3. Excerpt ng The Kite Runner

Panoorin ang dalawang *excerpt* mula sa isinapelikulang nobela na *The Kite Runner.* Sa iyong panonood, pagtuunan ng pansin ang ugnayan na mayroon ang mga tauhan sa isa't isa gayundin ang kani-kanilang pananaw sa mga bagay-bagay.

### *The Kite Runner*, Part 2 – Tears into Pearls




https://www.youtube.com/watch?v=20zF8Ug0MjM

- Ano ang mababatid sa katangian ni Amir batay sa ideya sa isinulat na kuwento? Ipaliwanag.

- Ano ang mababatid sa katangian ni Hassan nang pinuri niya ang kuwentong gawa ni Amir at nang nilinaw niya ang tungkol sa desisyon ng lalake sa kuwento ni Amir? Ipaliwanag.

- Paano naipakita ang mga pagbabagong naganap sa naging daloy ng mga pangyayari sa eksena? Patunayan.

| |
|---|
| |

### *The Kite Runner, Part 3 – Kite Fighting*




https://www.youtube.com/watch?v=1TroueqxAtM

- Ano ang mababatid sa katangian ni Amir batay sa kanyang kilos at paraan ng pag-iisip sa eskena? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |

- Ano ang mababatid sa katangian ni Hassan batay sa kanyang kilos at paraan ng pag-iisip sa eksena? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |

- Paano naipakita ang mga pagbabagong naganap sa naging daloy ng mga pangyayari sa eksena? Patunayan.

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang naging batayan mo sa paglalarawan sa mga tauhan? Bakit?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

2. Bakit mahalagang nasusuri mo ang tauhan nang higit sa panlabas na aanyuan?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

3. Ano ang naging batayan mo sa pagtukoy sa mga pagbabagong naganap sa eksena? Bakit?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

4. Bakit makabuluhang napapansin mo ang mga naganap na pagbabago sa daloy ng mga pangyayari sa eksena?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

Sa babasahin mong tampok na nobela sa araling ito, marami kang makakatagpo na mga salita na tila naglalaban ang mga kahulugan dahil sa kakanyahan nito ngunit kapag nagsama ang mga salitang ito sa iisang pahayag nagdudulot ang mga ito ng kakaibang impresyon sa estilo ng may-akda at lalim ng mga kaisipan na nais ipabatid ng akda. Kaya bago tuluyang basahin ang isang kabanatang tampok ng nobela, bigyang-tuon mo muna sa kasunod na gawain ang pag-uugnay sa mga salitang may nag-aagawang kahulugan.

## GAWAIN 4. Pag-uugnay ng mga Salitang Nag-aagawan ng Kahulugan

Basahin ang mga sumusunod na talata. Nakasalungguhit ang mga salita na maaaring magkataliwas o nagtatalo ang mga kahulugan kapag uunawain nang literal sa talata. Gamit ang konotatibong pagpapahiwatig ng mga salitang ito, ipaliwanag kung ano ang kaisipang ipinababatid ng talata.

"**Ipinagtataka** ko kung bakit hindi **nahihiya** ang tao na **kinatatakutan** nila ang dilim," sa isip ko, at **tumawa** lang nang marahan si Ahmed. Alam kong kahit hindi tanungin **nahahalina** siya ng aking kakaibang pananalita, dahil ito sa halos habambuhay ko nang pagbabasa.

- *Ang mga salitang 'ipinagtataka', 'nahihiya', 'kinatatakutan', 'tumawa' at 'nahahalina' ay mga pandiwa na nagpapakita ng damdamin. Kahit na magkakaiba ang mga ibig ipahiwatig ng mga ito, mababatid na may makabuluhang ugnayan ang mga ito.*
- *Sa pahayag na binanggit ng tagapagsalita sa talata, nagpapahiwatig ito ng mga seryosong kaisipan at di-kaaya-ayang damdamin. Samantalang taliwas naman dito ang naging tugon ng kanyang kaibigan na si Ahmed, sa halip na makiramay ay pinagtawanan siya, patunay ang salitang 'tumawa' at ginamit niya ang salitang 'nahahalina' na taliwas sa mga salitang 'nahihiya' at 'kinatatakutan'. Ganoon pa man, may makabuluhang ugnayan ang mga salitang ito.*
- *Ang salitang 'nahahalina' ay nagpapahiwatig na hinahangaan ni Ahmed ang pagiging mapagtaka o kritikal na pag-iisip ng tagapagsalita.*
- *Ang salitang 'tumawa' naman na taliwas sa salitang 'kinatatakutan' ay nagpapahiwatig na kahit na masyadong seryoso sa kanyang pananaw*

*ang tagapagsalita, likas naman sa kaibigan niyang si Ahmed ang pagiging mapagbiro at insensitibo sa mga reaksyon.*

**TANDAAN**

Sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikan, mahalaga ang iyong kaalaman sa kahulugan ng mga salita o parirala upang lubos na maunawaan ang kaisipang taglay nito. Maaaring gumagamit ng *oxymoron* o *paradox* ang manunulat sa paglalantad ng mga kanyang mga gustong sabihin. Ngunit maaari ring hindi tuwirang *oxymoron* o *paradox* ang ginagamit sa halip kalat-kalat na salitang may nagkakatunggaling kahulugan kapag nag-iisa ngunit nagdudulot naman ng panibagong lasa sa pandinig o pagbasa kapag nagkasama. Higit na makatutulong sa pag-uugnay o pagpapalitaw sa makabuluhang ugnayan ng mga salitang nag-aagawan ng kahulugan ang kasanayan ng mambabasa o tagapakinig sa pagwawari kontekstuwal na kahulugan ang mga salita.

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang *oxymoron*? Magbigay ng halimbawa.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

2. Ano ang *paradox*? Magbigay ng halimbawa.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

3. Bakit mahalagang may malawak na kaalaman sa kahulugan ng mga salita?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

4. Bakit mahalagang marunong umunawa sa kontekstuwal na kahulugan ng mga salita sa teksto?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ________________

5. Paano angkop na pinag-uugnay ang mga salitang nag-aagawan ng kahulugan sa isang teksto?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________

Ngayon, subukin mo namang suriin ang ugnayan ng mga salitang nag-aagawan ng kahulugan dahil sa kahulugang sarili nito.

## GAWAIN 5. Pag-uugnay sa mga Salitang Nag-aagawan ng Kahulugan

Basahin ang talata sa ibaba. Nakasalungguhit ang mga salita na maaaring magkataliwas o nagtatalo ang mga kahulugan kapag uunawain nang literal sa talata. Gamit ang konotatibong pagpapahiwatig ng mga salitang ito, ipaliwanag kung ano ang kaisipang ipinababatid ng talata.

> **Pumalakpak** ang mga kaibigan ng aking ama subalit **nahiya** ako noong sandaling iyon. **Yumuko** patungo sa akin si Ahmed sabay bulong na malapit na akong bansagang pinakamatandang labimpitong taong gulang sa buong mundo, lalo na't tuwing binabanggit ko ang mga bagay tulad ng "**kompiyansa**" at "magagandang likhang dagli."

Kaisipan batay sa ugnayan ng mga salitang nag-aagawan ng kahulugan
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
________________________________________

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang iyong mga isinaalang-alang sa pag-uugnay sa mga salitang natukoy na nag-aagawan ng kahulugan? Ipaliwanag.
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_________________

2. Paano mo nakikitang makatutulong ang pag-uugnay sa mga salitang may nag-aagawan ng kahulugan sa pag-unawa mo ng isang nobela?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_________________

**Pagbasa 1**

Sa kasunod na gawain, babasahin mo ang isang kabanata na hango sa nobelang *Rooftops of Tehran* ni Mahbod Seraji. Iminumungkahing ipamalas mo ang kasanayan mo sa pag-uugnay sa mga salita at pagsusuri sa karakterisasyon ng tauhan at takbo ng mga pangyayari.

Basahin at unawaing mabuti ang bahagi ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran.*

**Mga Bubungan ng Tehran**
ni Mahbod Seraji

Unang Kabanata
Tag-init noong 1973 sa Tehran
*Ang aking mga kaibigan, pamilya at ang aking eskinita*
Salin ni Francis Rodolfo M. Marcial Jr.

Nakasanayan na sa amin sa Tehran ang matulog sa bubungan kapag tag-init. Ang tuyong alinsangan sa araw ay lumalamig pagkatapos ng hatinggabi, at kaming natutulog sa bubungan ay nagigising ng pagsikat ng araw sa aming mga mukha at sariwang hangin sa aming mga baga. Mahigpit na ipinagbabawal ito ng aking ina, at lagi niya akong pinaaalahanan na "Daan-daang tao ang namamatay taon-taon dahil sa pagkahulog mula sa bubungan. Patago na lang kaming nagngingitian ng matalik kong kaibigan, si Ahmed, sa tuwing naririnig namin ang babalang ito saka papanhik sa hagdanan upang lipasin ang gabi sa ilalim ng mga bituin na tila napakalapit at maaari mo nang hawakan, habang ang makipot na kalsada sa aming ilalim ay nanahimik sa buhol-buhol ng ilaw-lansangan, anino at iilan-ilang tunog. May kotseng marahang-marahang binabaybay ang kalsada ngunit maingat na maingat na hindi makabulabog ng mga natutulog samantalang isang asong kalye naman sa di kalayuan ay bumibitaw ng nakakainis na mga tahol.

"Naririnig kong tumatawag ang nanay mo," bulong ni Ahmed habang nasa dilim. Ngumiti ako habang inihahanda ang aking sarili para pabiro siyang sisipain na naiiwasan naman niya.

Pinakamataas ang bahay namin sa aming lugar, kaya't pinakamainam na pagmasdan ang mga bituin mula sa aming bubungan. Sa katunayan nga pinangalanan namin ang mga bituin para sa aming mga kaibigan at mga taong minamahal bilang paboritong naming pampalipas oras.

"Lahat ba ng tao ay mga bituin?" tanong ni Ahmed.

"Ang mabubuting tao lang."

"At kapag mas mabuti ka higit na malaki ang bituin mo, tama ba?"

"Mas malaki at mas maliwanag," sabi ko sa kanya, tulad ng palagi kong sagot sa tuwing itinatanong niya ito.

"At ginagabayan ka ng bituin mo kung nasa panganib ka, hindi ba?"

"Hindi lang ng bituin mo kundi pati ang bituin ng mga taong minamahal mo."

Ipinikit ni Ahmed ang isa niyang mata at inangat ang kanyang hinlalaking daliri para takpan ang isa sa pinakamaliwanag na bituin. "Sawa na akong tumingin sa iyong malaki't matabang mukha."

"Tumahimk ka nga't matulog na lang," sabi ko sa kanya sabay tawa habang ipinapahinga ko ang aking paningin sa pelusang kawalan sa pagitan ng mga nagtitipakang ilaw. Naglakbay ang aking mata pababa ng alapaap hanggang naglagi ito sa lagi kong sinusubaybayan na paglitaw at pagkawala ng Bulubunduking Alborz, na malaahas sa pagitan ng disyerto at makaberdeng-bughaw na tubig ng Caspian Sea. Naguguluhan ako minsan habang nagtatalo sa

aking isipan kung ang kadiliman ba ay itim o malabisang bughaw na tila tinta lamang ang mapaghahambingan.

"Ipinagtataka ko kung bakit hindi nahihiya ang tao na kinatatakutan nila ang dilim," sa isip ko, at tumawa lang nang marahan si Ahmed. Alam kong kahit hindi tanungin ay nahahalina siya ng aking kakaibang pananalita, dahil ito sa halos habambuhay ko na pagbabasa. Isang araw, tinawag kami ni Ahmed ng aking ama at sa harap ng mga kamag-anak at malalapit na kaibigan, tinanong niya ako kung tungkol saan ang buhay. Agad akong sumagot na ang buhay ay isang di-tiyak na serye ng kalat-kalat na magagandang likhang dagli na pinagbubuklod ng magkakaugnay na mga tauhan at panahon. Pumalakpak ang mga kaibigan ng aking ama subalit nahiya ako noong sandaling iyon. Yumuko patungo sa akin si Ahmed sabay bulong na malapit na akong bansagang pinakamatandang labimpitong taong gulang sa buong mundo, lalo na't tuwing binabanggit ko ang mga bagay tulad ng "kompiyansa" at "magagandang likhang dagli."

Katatapos lamang namin ni Ahmed ang ika-11 baitang at papasok na kami sa aming huling taon sa hayskul pagdating ng taglagas. Inaabangan ko ang katapusan ng *preparatory school* kaysa ipagdiwang ang aking ikalabimpitong taon, subalit naglaho ang pananabik na ito kapag naaalala ko ang balak ng aking ama na pag-aralin ako ng *civil engineering* sa Estados Unidos. Dati kasi, nagtrabaho siya bilang *ranger,* pinangangalagaan ang mga pambansang mga gubat mula sa mga *illegal loggers* para sa pansariling kapakanan. Pero nailipat na siya sa opisina na nangangasiwa sa mga *mountain ranger* ng buong rehiyon.

"Kailangang- kailangan ng Iran ng mga *engineer*," paalala ni Ama kung may pagkakataon siya. "Nasa bingit na tayo ng pagbabago sa ating mga sarili mula sa isang bansang may tradisyong pang-agrikultura tungo sa isang bansang pang-industriya. Ang isang taong nakapagtapos ng *engineering* mula sa isang unibersidad sa America ay makasisiguro ng magandang kinabukasan para sa kanyang sarili pati na sa kanyang pamilya, maliban pa sa tinatamasang karangalan na tawaging "Mr. Engineer" habambuhay. Mahal ko ang aking ama at hindi ko siya susuwayin, pero ayaw ko ng Math, ayaw kong maging *engineer*, at lalong ayaw kong tawagin akong Mr. Engineer. Ang pangarap ko magpakadalubhasa ako sa panitikan at mag-aral ng pilosopiya ng mga sinaunang Griyego, ebolusyon, Markismo, *pyschoanalysis*, Erfan at *Budismo*. O kaya, kumuha ng kurso sa paggawa ng pelikula at maging isang manunulat o direktor, isang taong may makabuluhang saysay.

Sa ngayon namumuhay ako kasama ang aking mga magulang sa isang katamtamang kapitbahayan. Mayroon kaming isang tipikal na tahanang Iranian na may simpleng bakuran, may isang malaking kuwarto para sa bisita, at isang *hose* – isang maliit na *pool* sa aming bakuran. Ang aming kapitbayan, gaya ng ibang mga lugar, may matataas na dingding na humihiwalay na itinayo nang magkakadikit sa isa't isa. Ang amin ay may dalawang buong palapag, at matatagpuan ang aking kuwarto na pinakamaliit na silid na malapit sa balkonahe

na konektado sa aming bubungan. Pinakatamaas sa lahat ang aming bahay at kitang-kitang mula sa timog.

Ang katahimikan ng bawat gabi ng tag-init ay nalulusaw sa ingay ng mga mag-anak na sinisumulan ang kanilang araw, hanggang mapuno ng mga bata ang mga kalsada. Nagsisigawan ang mga batang lalake habang hinahabol ang mga mumurahing bola ng *soccer* na gawa sa plastik, samantalang ang mga batang babae ay namamahay-mahay at ginagawa ang kanilang kinahihiligan. Nagkukumpulan naman ang mga babae kaya sa iba't ibang bahagi ng kalsada kaya't madaling matukoy kung sino ang hindi magkasundo. Kaya hinati ni Ahmed ang tatlo ang kumpol ng mga babae: ang silangan, kanluran at sentro ng mga tsismisan.

Isang matangkad at payat na morenong bata si Ahmed at taglay niya ang ngiti ng isang matalino. Ang malakas kahit payat niyang katawan, mapangahas at malapad niyang panga, at makikislap na kulay-kastanyas na mga mata ay larawan ng isang malusog na tao, ayon sa ekspertong opinyon ng ina ko. Nakakatuwa siya at gustong-gusto siya ng aming mga kapitbahay. Sinasabihan ko nga siya na magiging isang mahusay siyang komedyante kung seseryosohin niya ang talentong bigay sa kanya ng Panginoon.

"Oo, kung mas seseryosohin ko," sagot niya. "Puwede akong maging pinakaseryosong payaso sa bansa."

Kilala ko na si Ahmed buhat noong labindalawang taong gulang ako, nang lumipat ang aming pamilya sa kapitbahayan. Una kaming nagkita sa paaralan nang binubugbog ako ng tatlong *bully.* Nanonood lang ang ibang bata noon, maliban kay Ahmed na sumugod para saklolohan ako. Matatangkad at malalaki at kay papangit ng mga lalakeng sumasapak sa akin. Pero kahit na nagpakabayani kami, pareho rin naman kaming nabugbog sa huli.

"Ako si Pasha," ipinakilala ko ang aking sarili pagkatapos ng laban.

Ngumiti si Ahmed ay lumapit para makipagkamay. "Ano ang dahilan ng kaguluhan?" tanong niya.

Napatawa ako. "Anong hindi mo alam? Eh bakit mo ako tinulungan?"

"Tatlo laban sa isa! Hindi ako papayag n'on. Siyempre, alam ko namang dadaigin pa rin nila tayo, pero kahit papaano medyo patas na kaysa nilalampaso kang nag-iisa ng tatlong tao.

Sapol noon alam kong magiging matalik ko nang kaibigan sa Ahmed habambuhay. Ang matapang at masiglang ugali ang pinakagusto ko. Sabay kaming tinuruan ng aking tatay ng pagboboksing, dating *heavyweight boxing champion* ang tatay ko, ngunit kinaiinisan ito ng nanay ko.

"Tuturuan mo lang silang maging mapanakit," sabi ng nanay sa tatay kong wala namang pakialam. At para di umano'y maituwid ako, tuwing gabi pagkatapos ng hapunan, pinaiinom niya ako ng isang baso ng mainit na inumin na singpanghi ng uri ng kabayo kapag tag-init. "Ito, para hindi maging mainitin ang ulo mo," na tila sigurado siyang mawawala ang pagiging pikon ko kapag ininom ko ang nakakasukang inumin na iyon.

Kinahihiligan ko ang pagboboksing pero inilalayo ako ng nanay ko sa hilig na ito. Pagkalipas ng ilang buwang pagsasanay, higit na nagiging malutong ang aming mga suntok – mabilis na parang kidlat, ngunit bumibigat kapag kailangan. Doon ako nagsimulang manggigil na muling makasuntukan ang tatlong *bully* sa paaralan namin. Pero narinig ng tatay ko ang aming balak na maghiganti at sinuway kami.

"Maupo ka, Ginoong Pasha," sabi ni Ginoong Shahed isang araw pagkatapos ng aming pagsasanay. Saka niya tinuro si Ahmed. "Maaari mo ba kaming samahan dito?"

"Sige po, Ginoong Shahed," tugon ni Ahmed, at habang nakaupo siya sa aking tabi, binulungan niya ako, "Palagay ko mapapahamak tayo nito Ginoong Pasha!"

"Kung sinuman ang matutong sumuntok," umpisa ni Ama, "nabibilang na siya sa hanay ng mga atletang hindi kailanman nagtataas ng kamay sa mga taong higit na mahina kaysa kanila."

Napatigil ang ina ko sa kanyang ginagawa at lumapit upang tumayong mahigpit sa tabi ng aking ama.

"Pero, Tay, kung hindi natin susuntukin ang mga taong higit na mahina sa atin, eh sino naman ang uupakan namin?" tanong ko. "At hindi ba kalokohang kalabanin ang mga taong mas malakas kaysa atin?"

Iniiwasan ng tatay ang matatalim at mapanising tingin ng nanay na nakikinig sa aming usapan dahil ito na nga ang sinasabi niya na magiging mapanakit kami. "Tinuruan ko kayong sumuntok para maipagtanggol ninyo ang inyong sarili," bulong niya. "Huwag kayong maghanap ng away."

Hindi kami makapaniwala ni Ahmed sa aming naririnig.

"Gusto kong ipangako ninyo sa akin na lagi ninyong gagalangin ang tuntunin ng ating *fraternity*," giit ng tatay.

Siguro hindi niya napansing naiintindihan namin siya kaya inulit niya ang kanyang sinabi ngunit ngayo'y mas mataas na ang kanyang pananalita.

At sumali kami ni Ahmed sa *fraternity* ng mga boksingero na hindi raw kailanman mambubugbog ng mga *bully* na nananapak ng mga batang mas maliit kaysa kanila –pero di talaga namin gusto ang ideyang ito. May mga ganito palang *fraternity* – ayaw ng suntukan at rambol.

“Ang suwerte-suwerte naman ni Iraj dahil nangako tayo sa iyong tatay,” sabi ni Ahmed sa akin, at nagtawanan na lamang kami.

Isang maliit at marungis na bata  si Iraj. Matalim ang mahaba niyang ilong kaya mukha siyang Indian. Matalino siya, kaya siya ang may pinakamataas na grado sa aming paaralan at hilig niya ang Physics at Mathematics, ang dalawang pinakaayaw kong pag-aralan.

Malakas ang paniniwala ko na may gusto si Iraj sa ate ni Ahmed, kasi sobra siya kung makatitig kapag naglalakad ito sa aming eskinita. Hindi dapat na tinatalo ng kapatid ng isang kaibigan na tila tagamalayong lugar. Siguro kung ako si Ahmed at makikita kong sinisipat-sipat ni Iraj ang ate ko, sisipain ko siya hanggang sumubsob. Pero hindi ako si Ahmed. “Hoy,” sigaw ni Ahmed na pigil na pigil na hindi mangingiti kapag nagugulat niya si Irja, “huwag mo na ngang tingnan ang ate ko kung hindi bubugbugin kita at babaliin ko ang isinumpa ko sa *boxing fraternity*.”

“Isinumpa?” bulong ko kay Ahmed upang mainis siya.

“Oh, tumahimik ka nga,” habang tumatawa si Ahmed.

Si Iraj ang kampeyon sa chess sa aking lugar. Napakagaling niya na wala nang gustong maging katunggali siya sa laro. Kapag naglalaro kami ng *soccer* sa kalsada, makikita naglalarong mag-isa ng chess si Iraj.

“Sinong nananalo” pabulyaw na tanong ni Ahmed. “Natalo mo na ba sarili mo?” dagdag pa ni Ahmed. “Magagawa mo, alam mo ‘yon – kung hindi mo masyadong iniisip ang ate ko.”

“Hindi ko naman iniisip ang ate mo,” bulong-bulong ni Iraj habang iirap-irap ang kanyang mga mata.

“Tama ‘yan,” sagot ni Ahmed sabay tango. “Kung nahihirapan kang talunin ang sarili mo, sabihan mo ako at masisiyahan akong gawin iyon para sa’yo.”

“Alam mo,” asar ako kay Ahmed, “Naiinis din ako sa kanya sa tuwing pinagmamasdan niya ang ate mo, pero kung iisipin mo hindi naman masamang magkaroon ng bayaw na *chess champion*.”

“Alam mo,” biro ko, “dati naiinis ako kapag nahuhuli ko siyang pinagmamasdan ang ate mo, pero hindi naman siguro masamang magkaroon ng bayaw na isang kampeon sa chess.”

“Kagatin mo nga ‘yang dila mo,” ungol ni Ahmed, “kung hindi susugurin ko ang kusina ng nanay mo para timplahan ko ng espesyal na pinakuluang magpapatubo ng buhok diyan sa dila mo.”

## GAWAIN 6. Claim –Evidence-Reason

Suriin ang iyong pag-unawa sa binasang kabanata sa pamamagitan ng pagtugon sa limang tanong sa ibaba. Sa pagsagot sa mga tanong, susundin mo ang pamamaraang *Claim-Evidence-Reason* o C-E-R. Sa bahagi ng **CLAIM**, isusulat mo ang iyong inihahaing sagot batay sa iyong naunawaan sa teksto. Sa bahagi naman ng **EVIDENCE**, itatala mo ang mga tiyak na bahagi (impormasyon or pahayag) na makatutulong sa pagpapatibay mo sa iyong sagot. Sa bahagi ng **REASON**, sasagutin mo ang tanong sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung saan ipagsasama ng iyong *Claim* at *Evidence*.

1. Bakit inilarawan ni Pasha ang komunidad na kanyang tinitirhan?

| | |
|---|---|
| **CLAIM** (*PANUKALA*) | |
| **EVIDENCE** (*PATUNAY*) | |
| **REASON** (*PANGANGATUWIRAN*) | |

2. Bakit nagkakasundo sina Pasha at Ahmed? (Maliban sa pagtatanggol na ginawa ni Ahmed kay Pasha noong mga unang araw sa paaralan.)

| | |
|---|---|
| **CLAIM** (*PANUKALA*) | |
| **EVIDENCE** (*PATUNAY*) | |
| **REASON** (*PANGANGATUWIRAN*) | |

3. Paano nagkakatulad ang prinsipyo ng tatay at nanay ni Pasha?

| | |
|---|---|
| **CLAIM** (*PANUKALA*) | |
| **EVIDENCE** (*PATUNAY*) | |
| **REASON** (*PANGANGATUWIRAN*) | |

4. Ano ang estado ng lipunan na kinabibilangan ni Pasha kung aspektong pangkapayapaan ang pag-uusapan?

| | |
|---|---|
| **CLAIM** (*PANUKALA*) | |
| **EVIDENCE** (*PATUNAY*) | |
| **REASON** (*PANGANGATWIRAN*) | |

5. Gaano kalaya ang anak sa pagpapasya para sa kanyang sarili?

| | |
|---|---|
| **CLAIM** (*PANUKALA*) | |
| **EVIDENCE** (*PATUNAY*) | |
| **REASON** (*PANGANGATUWIRAN*) | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang iyong mga isinaalang-alang sa pagsagot sa mga tanong sa itaas?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________

2. Bakit mahalagang nauunawaan ng mambabasa ang iba't ibang aspekto ng buhay na inilahahad sa akda?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________

3. Alin sa mga kaisipan sa mga tanong sa itaas ang maiuugnay mo iyong sarili? Bakit?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________

4. Paano nakatulong sa iyong pagkilala sa buhay na mayroon ang mga tao sa Middle East sa pagbabasa sa unang kabanata ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran*?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________

5. Paano makatutulong sa pag-angat sa kagandahan ng bansang Iran ang pag-unawa sa unang kabanata ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran*?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________


Binigyang-tuon sa naunang gawain ang pagsusuri sa sikolohiya na mayroon ang mga tauhan at ganoon din ang kanilang lipunan sa ugnayan na mayroon sila sa isa't isa. Isa sa mga dulog sa pagsusuri sa akda ang

teoryang sikolohikal. Sa kasunod na gawain, kailangan mong balikan ang iyong natutuhan tungkol sa teoryang sikolohikal sa ikalawang markahan.

## GAWAIN 7. Pagsusuri Gamit ang Teoryang Sikolohikal

Balikan ang mga pangyayari sa unang kabanata ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran.* Magbalik-aral tungkol sa teoryang sikolohikal sa pamamagitan ng *video,* i-klik ang *link* sa ibaba. Pagkatapos magbalik-aral, suriin ang iba't ibang sikolohiya ng tauhan sa dulog na sikolohikal. Ipamalas ang pamaraang C-E-R sa pagsagot.

### TEORYANG SIKOLOHIKAL




https://www.youtube.com/watch?v=Vy7UDjGTp_Q

- Bakit sinusuway ng nanay ni Pasha ang magkaibigan na huwag matulog sa bubungan?

|   |
|---|
|   |

- Bakit hindi gusto ng nanay ni Pasha na turuan siya ng boksing ng kanyang tatay?

- Bakit gustong matuto ng boksing nina Pasha at Amhed?

- Bakit kinukulit ni Pasha si Ahmed tungkol sa pagiging bayaw nito si Iraj?

- Bakit iginigiit ng tatay ni Pasha na dapat maging matapat sila sa sinumpaan nila sa *fraternity* ng boksing?

- Bakit gusto ni Pasha ang magpakadalubhasa sa panitikan kaysa maging *engineer*?

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang iyong mga isinaalang-alang sa pagsagot sa mga tanong sa itaas?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
________________

2. Bakit mahalagang nauunawaan ng mambabasa ang sikolohiya ng tauhan sa isang tiyak na sitwasyon?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
________________

3. Alin sa mga pag-unawa sa sikolohiya ng tauhan ang maiuugnay mo iyong sarili? Bakit?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
________________

4. Paano nakatutulong sa iyong pagkilala sa buhay na mayroon ang mga tao sa Middle East sa pagsusuring sikolohiya ng mga tauhan sa kanilang panitikan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________

5. Paano makatutulong sa pag-angat sa kagandahan ng bansang Iran ang pag-unawa sa sikolohiya ng mga tauhan sa kanilang panitikan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________

## GAWAIN 8. Pagkilala sa mga Tradisyong Nakalimutan

Balikan ang binasang kabanata ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran*. Sa pagkakataong ito, bigyang-tuon ang mga aspekto na kinalaman sa nakagawian o nakasanayan ng mga tauhan. Tumukoy ng dalawang nakagawain o nakasanayang gawain na sa palagay mo ay malaking bahagi ng pagkatao nina Pasha at Ahmed. Magsaliksik kung ang mga gawaing ito ay kasalukuyan pang ginagawa sa Iran.

**NAKAGAWAIN O NAKASAYANG GAWAIN**

- ________________________________________________

- Bakit mo nasabing nakagawain o nakasanayan ito sa lipunan nina Pasha at Ahmed?

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

- Ginagawa pa ba ito sa kasalukuyan sa Iran? Kung oo, paano? Kung hindi, bakit?

  ____________________________________________________
  ____________________________________________________
  ____________________________________________________
  ______________

- Sa iyong palagay, mahalaga bang mapayaman ang ganitong gawain sa Iran? Bakit?

  ____________________________________________________
  ____________________________________________________
  ____________________________________________________
  ______________

**NAKAGAWAIN O NAKASAYANG GAWAIN**

- ________________________________________________

- Bakit mo nasabing nakagawian o nakasanayan ito sa lipunan nina Pasha at Ahmed?

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

- Ginagawa pa ba ito sa kasalukuyan sa Iran? Kung oo, paano? Kung hindi, bakit?

  ______________________________________________________________________
  ______________________________________________________________________
  ______________________________________________________________________
  __________________

- Sa iyong palagay, mahalaga bang mapayaman ang ganitong gawain sa Iran? Bakit?

  ______________________________________________________________________
  ______________________________________________________________________
  ______________________________________________________________________
  __________________

## GAWAIN 9. Puppet show

Pag-aralan kung paano maghanda at magtanghal ng isang *puppet show*. I-klik ang mga *link* sa ibaba nang magabayan ka sa paghahanda at pagtatanghal.

**How to stage your own puppet show**

- http://www.kidspot.com.au/things-to-do/activity-articles/how-to-stage-your-own-puppet-show/news-story/b84acf89d2b36a5cb9cde794981b002c

**DYI Puppet Theatre**

- https://www.pinterest.com/pamdyson/diy-puppet-theatre/

**How to build a puppet theatre**

- https://www.youtube.com/watch?v=xr_Dz1vFfmE

**How to make your own shadow puppet theatre**

- https://www.youtube.com/watch?v=-hL28SkHf1g

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mahalagang dapat isaalang-alang sa paghahanda para sa isang *puppet show*? Bakit?

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   __________________

2. Anong kasanayan na ang taglay mo na kailangan sa paghahanda at pagtatanghal ng *puppet show*?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________

3. Anong kasanayan ang kailangan mo pang mapag-aralan na kailangan sa paghahanda at pagtatanghal ng *puppet show*?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________

4. Paano mo nakikitang makatutulong ang pagtatanghal ng *puppet show* sa pagpapalutang sa sikolohiya ng tao at pagpapayaman sa mga nakagawaing gawain na posibelng nakalimutan na ngayon?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________

## GAWAIN 10. Pagsulat ng Iskrip para sa isang *Puppet Show*

Bumuo ng pangkat na may 5-8 miyembro. Bilang pangkat, kailangan ninyong magplano para sa isang *puppet show* na ang kuwentong tampok ay hango sa mga pangyayari sa unang kabanata ng nobelang *Mga Bubungan ng Tehran*. Layunin ninyo sa bubuoing *puppet show* na itampok ang sanhi-bunga ng sikolohiya ng mga tauhan at pagpapahayag na kailangang pagyamanin ang isang dating nakagawiang gawain na ngayon ay nakalimutan na. Bumuo ng isang simpleng iskrip at i-*upload* nang masuri ng inyong guro. Malaya kayong gumamit ng alinmang *format* na naimungkahi ng iba't ibang sanggunian.

| **Upload here** | |
|---|---|

*May gusto kang linawin? Padalhan ng email ang iyong guro.*

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Aling aspekto ng sikolohiya ng tauhan ang bibigyang-diin ninyo sa inyong *puppet show*? Bakit ito ang pinili ninyo?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ________________

2. Paano ninyo natitiyak na malinaw na mailalahad sa *puppet show* ang sikolohiyang ito?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ________________

3. Paano ninyo natitiyak na mapalilitaw ninyo ang kahalagahan ng isang posibleng nakalimutang kultura o gawain sa nobela?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ________________

4. Paano mo nakikitang makatutulong ang inihahanda ninyong *puppet show* sa pagpapakilala sa Iran bilang isang *tourist destination* sa Middle East?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ________________

Pagkatapos maaprubahan ng guro ninyo ang inyong iskrip, ihanda na ang inyong mga sarili sa aktwal na pagtatanghal sa planong ito. Isaisip lagi na layunin mong maipakilala ang mga sikolohiya at kultura ng mga mamamayan sa pinaghanguang nobela.

## GAWAIN 11. Pagtatanghal ng isang *Puppet Show*

Maghanda ng mga gamit upang maisagawa ninyo ang pagtatanghal sa naiplano nang iskrip para sa isang *puppet show*. Kunan ng *video* ang inyong pagtatanghal saka i-*upload* sa isa sa mga *video sharing sites* sa ibaba. I-*upload* ang *link* ng *video* upang mapanood ng inyong guro.

| **Upload Video** | |
|---|---|

*May gusto kang linawin? Padalhan ng e-mail ang iyong guro.*

**Vimeo**

- https://vimeo.com/upload

**Vid me Up**

- http://vidmeup.com/

**Video Sprout**

- http://www.videosprout.com/welcome.jsp

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano ninyo natitiyak na malinaw na nailahad sa itinanghal na *puppet show* ang iba't ibang sikolohiya ng mga tauhan?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

2. Paano ninyo natitiyak na napalilitaw ang kahalagahan ng isang posibleng nakalimutang kultura o gawain sa nobela?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

3. Paano ninyo nakikitang nakatutulong ang itinanghal ninyong *puppet show* sa pagpapakilala sa Iran bilang isang *tourist destination* sa Middle East?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________

## GAWAIN 12. Panunuring Pampelikula

I-klik ang mga *link* sa ibaba upang makapagrepaso ukol sa panunuring pampelikua. Isaalang-alang ang mga aspekto na dapat bigyang-pansin sa pagsusuri ng pelikula. Sa iyong kuwaderno, itala ang mga ito upang maging gabay mo sa paggawa ng panunuring pampelikula sa kasunod na gawain.

Panunuring pampelikula

- https://prezi.com/n1mp5m-frfud/panunuring-pampelikula/

Mga gabay sa pagsusuri ng isang pelikula

- http://ranieili2028.blogspot.com/2011/08/mga-gabay-para-sa-pagsusuri-ng-isang.html

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng isang pelikula? Bakit?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
__________

2. Anong kaalaman at kasanayan ang taglay mo na kailangan sa panunuring pampelikula?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________

3. Anong kasanayan ang kailangan mo pang mapag-aralan na kailangan sa panunuring pampelikula?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________

4. Paano mo nakikitang makatutulong ang sa pagpapalutang sa sikolohiya ng tao at pagpapayaman sa mga nakagawiang gawain na posibleng nakalimutan sa Africa at Middle East na ngayon ang panunuring pampelikula?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________

## GAWAIN 13. Pagsusuri ng Pelikula


Pumili ng isang maikling pelikula mula sa tatlong iminungkahi sa ibaba. Sakaling may ibig kang panoorin na ibang maikling pelikula mula sa Africa o Middle East, maaari ito ngunit kailangang ilahad ang pamagat at *URL link* ng *video.* Gumawa ng isang simpleng panunuring pampelikula kung saan may pokus sa sikolohiya ng mga tauhan. Maaari mong ilahad ang iyong pagsusuri sa pamamagitan ng isang Prezi *presentation, powerpoint presentation*, *Word format* o *blog entry*. Ipasa ang iyong awtput sa pamamagitan ng pag-*upload* ng *file* o *URL link.*

| **Upload here** | |
|---|---|

*May gusto kang linawin? Padalhan ng email ang iyong guro.*

*Pelikula 1*

**SCAPEGOAT (2013)**





"Scapegoat" - A South African Short Film

https://www.youtube.com/watch?v=aGOaOsK3Vyo

*Pelikula 2*

**AUTUMN LEAVES (2014)**




https://www.youtube.com/watch?v=EhaKmQCzSoo&t=53s

*Pelikula 3*

**BAZAAR (2016)**




https://www.youtube.com/watch?v=ftG1BrUP1WY

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa at napatibay mo na rin ang iyong kasanayan sa pagsusuri ng nobela at kauri nitong akda ukol sa mga pananaw ng mga African at Middle East sa kanila kalagayan at sa mundo sa kabuoan. Nalaman mong mahalaga pala ang papel na ginagampanan ng panitikan sa paghubog ng pagtingin at pagkilala ng mga tao sa isang sektor ng lipunan o lugar na pinamumuhayan ng isang pangkat ng mamamayan. *Batay sa mga natamo mong kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang tekstong sinuri at gawaing tinupad, paano naimpluwensyahan ng mga ito ang iyong impresyon tungo sa mga mamamayan ng mga bansa sa Africa at Middle East?*

## PAGPAPALALIM

Inaasahang iyong natamo sa bahaging PAGLINANG ang sapat na kaalaman at kasanayan upang maunawaan mo ang kabuluhan ng mga nobela at isinapelikuang nobela mula sa Africa at Middle East. Ngayon naman, paigtingin ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing susubok at magpapaigting sa mga kaalaman at kasanayang ito. Inaasahang masasagot mo ang tanong na ito: *Bakit lumilitaw na mga problematikong bansa ang Africa at Middle East? Paano makaaambag sa pag-angat ng mga bansa sa Africa at Middle East ang pagbabasa o pagtunghay ng kanilang mga sanaysay at katulad na akda?*


### GAWAIN 14. Pagsulat ng Panunuring Pampelikula

Panoorin ang maikling pelikulang *A Letter to the Sky*. Gumawa ng isang simpleng panunuring pampelikula na may pokus sa sikolohiya ng mga tauhan. Maaari mong ilahad ang iyong pagsusuri sa pamamagitan ng isang Prezi *presentation, powerpoint presentation, Word format* o *blog entry*. Ipasa ang iyong awtput sa pamamagitan ng pag-*upload* ng *file* o *URL link.*

| Upload here | |
|---|---|

*May gusto kang linawin? Padalhan ng e-mail ang iyong guro.*

## A Letter to the Sky




https://www.viddsee.com/video/a-letter-to-the-sky/n5lgb

### GAWAIN 15. Natamo sa Nobela

Sa pamamagitan ng grapikong pantulong sa ibaba, itala ang mga aral, kaisipan at pagninilay na iyong matamo sa pag-aaral sa nobela at iba pang kaugnay na akda mula sa Africa at Persia. Maaaring parirala o pangungusap na nagsisimula sa titik sa gitna ang isulat. Maaari mong paghiwalayin o pagsamahin ang mga natamo mong aral, kaisipan at pagninilay para sa nobela mula sa Africa at Persia.

| AFRICA ↓ | | PERSIA ↓ |
|---|---|---|
| | N | |
| | O | |
| | B | |
| | | |

E

L

A

## GAWAIN 16. GUIDED GENERALIZATION FOR ENDURING UNDERSTANDING

**ANO ang pakay ng gawaing *Guided Generalization for Understanding?***

- ✓ Ang gawaing *Guided Generalization* (GG) ay naglalayon na hamunin at subukin ang pag-unawa ng mag-aaral sa iba't ibang kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga na natamo sa iba't ibang karanasang pampagkatuto sa isang buong markahan. Sa pamamagitan ng pagtupad sa iba't ibang bahagi ng GG, muling ipamamalas ng mag-aaral ang iba't ibang kasanayang natamo at natayo sa markahan upang ipahayag ang sariling pagpapahalaga sa iba't ibang kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga na nalinang at napalalim sa isang tiyak na markahan.

**PAANO tutugunan ang gawaing *Guided Generalization for Understanding*?**

1. Unawain ang mahalagang tanong: **Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?**
2. Basahin at suriin ang unang teksto nang isinasaalang-alang ang mahalagang tanong.
3. Sa bahagi ng **Panukala**, isulat ang iyong ideya/sagot batay sa iyong naunawaan sa teksto kaugnay ng mahalagang tanong.
4. Sa bahagi ng **Mga kondisyon mula sa teksto**, magtala ng mga impormasyon o tuwiring sumipi ng mga parirala/pahayag mula mismo sa unang teksto na susuporta sa iyong panukang sagot.
5. Ulitin ang mga hakbang 2, 3 at 4 para sa ikalawa at ikatlong teksto.
6. Sa bahagi ng **Pagsasanib**, suriin kung paano nagkakatulad o nagkakaugnay-ugnay ang mga *kondisyon* mula sa iba't ibang teksto.
7. Sa bahagi ng Mahalagang Pag-unawa, ipahayag at ipaliwanag kung ano ang sinasabi ng iba't ibang kondisyon mula sa teksto kaugnay ng **Mahalagang Tanong**? Magbanggit ng mga kondisyon na hango sa tatlong teksto upang mapatunayan ang paglalahat sa pag-unawa.

8. Gawing gabay sa pagpapahayag ng iyong Mahalagang Pag-unawa ang rubrik sa ibaba. Ang rubrik ang batayan sa pagmamarka ng iyong sagot sa bahagi ng Mahalagang Pag-unawa.

**Rubrik sa pagmamarka sa Mahalagang Pag-unawa**

| Puntos | **Katangian** |
|---|---|
| 4 | Komprehensibo at makabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan ng mga teksto at nasusuportahan ito ng iba't ibang tiyak na kondisyon mula sa tatlong teksto para sa pag-unawang inilahad. |
| 3 | Makabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan ng mga teksto ngunit ang pagpapatunay sa pag-unawang inilahad ay sinusuportahan ng ilang tiyak na kondisyon mula sa ilang teksto samantalang ang ilang patunay ay pangkalahatang kondisyon. |
| 2 | Kakikitaan ng kabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan ng mga teksto ngunit pangkalahatang kondisyon ang ibinigay bilang pagpapatunay sa pag-unawang inilahad. |
| 1 | Maaaring makabuluhan ang nabuong paglalahat ngunit walang patunay na sumusuporta dito. |

***GUIDED GENERALIZATION FOR ENDURING UNDERSTANDING***
FILIPINO 10 – Ikatlong Markahan

**Mahalagang Tanong:** Paano nauunawaan at napahahalagahan ang kultura at mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia?

| **TEKSTO 1** | **TEKSTO 2** | **TEKSTO 3** |
|---|---|---|
| ***Ang nakatagong liwanag ng Afghanistan*** | ***Walang kabaong, walang puntod*** | ***Mongheng Mohametano sa kaniyang pag-iisa*** |
| **Panukala:**<br>• | **Panukala:**<br>• | **Panukala:**<br>• |
| **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ____________<br>▪ ____________<br>▪ ____________ | **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ____________<br>▪ ____________<br>▪ ____________ | **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ____________<br>▪ ____________<br>▪ ____________ |

| **Pagsasanib**: Paano nagkakatulad o nagkakaugnay-ugnay ang mga ***kondisyon*** mula sa iba't ibang teksto? | |
|---|---|
| Mahalagang Tanong:<br><br>Paano nauunawaan at napahahalagahan ang kultura at mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia? | **MAHALAGANG PAG-UNAWA:** |

**TEKSTO 1**

***Monika Bulaj: Ang nakatagong liwanag ng Afghanistan***




https://www.ted.com/talks/monika_bulaj_the_hidden_light_of_afghanistan/discussion?language=fil

*Inilahad ng litratistang si Monika Bulaj ang ilang marurubdob at nakakaantig na mga larawan ng Afghanistan -- ang mga tahanan, mga ritwal, mga kalalakihan at kababaihan. Sa likod ng mga balita, ano nga ba talaga ang alam ng mundo tungkol sa lugar na ito?*

**TEKSTO 2**

***Walang kabaong, walang puntod***
Salin ng "No Coffin, No Grave" ni Jared Angira mula sa Kenya.
Salin sa eleganteng Filipino ni Roberto T. Añonuevo mula sa Filipinas.

Walang kabaong, walang puntod
Inilibing siya nang walang kabaong,
nang walang puntod
tinistis ng mga basurero ang bangkay
sa bukás na punerarya upang suriin
nang walang esterilisadong patalim
sa harap ng naytklab.
ang mga garalgal na riple
ay nagsipagpugay sa  araw na iyon
sa pang-estadong paglilibing
lumuhod ang kotse, lumuha ang pulang plaka,
na tigmak sa dugo ng amo nito
naghayag sa dagat ang talaarawan
umangkla roon pagkaraan ang ulan
hindi ba pula, itim, at puti ang ating watawat?
kayâ ibinálot niya nang maigi ang sarili
sino ang maghuhudyat ng dilaw kung dapat
nang iwan sa mga eksperto ang politika
at magmaktol sa mga aklat
magmaktol sa gutom
at sa mga batang babaeng mag-aaral
maghinagpis sa puwit ng itimang palayok
matulog sa loob ng butás na kulambo
at hayaang sipsipin ng mga kuto ang bituka
ginoo ng inuman, nagsasalita ang pera, ginang
babaeng batubalani, nagsasalita ang pera, ginang
tinatakpan lamang natin ang bumabahòng karimlan
ng yungib ng ating mga bunganga't
tinatanong ang ama kung sino ang nasa impiyerno
para siya'y husgahang
mabilis at mabuti
Ang kaniyang talaarawan, na submarino
ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig, ay nagpamalas
na pinangarap niyang mailibing sa ginintuang
kabaong, na gaya sa Napakahalagang Tao
sa lilim ng punong banaba sa gilid ng kaniyang palasyo
isang silungan para sa kaniyang libingan
at para sa maraming serbesa sa pagdiriwang sa lamay
ano't anuman, may isang paslit ang nagmungkahing
ilabas na lamang ang mga traktora't bungkalin ang lupain

-Halaw sa https://dakilapinoy.wordpress.com/2015/01/28/walang-kabaong-walang-puntod-ni-jared-angira/

**TESKTO 3**
***Mongheng Mohametano sa kaniyang pag-iisa***
Mula sa mga Anekdota ni Saadi (Persia)
Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles

Isang araw, ang mongheng Mohametano ay nag-iisa at namamanata sa disyerto. Ang Sultan naman na namamaybay sa kaniyang ruta, sa kaniyang nasasakupan, ay matamang nagmamasid sa mga tao. Nakita niya na hindi nagtaas ng kaniyang ulo ang Mongheng Mohametano habang dumadaan siya.

Nagalit ang Sultan at nagwika “Ang nakasuot ng balabal ay walang pakiramdam, tulad siya ng hayop, hindi siya nagtataglay ng paggalang at kababaang loob.”

Kung kaya’t ang *vizier* o ministro ay nagwika “Mongheng Mahametano! Ang Sultan ng buong mundo ay nagdaan sa iyong harapan. Bakit di mo siya binigyan ng kaukulang paggalang?”

Sumagot ang Mongheng Mohametano, “Hayaan mong ang Sultan ang magbigay ng paggalang para hanapin ang magbebenipisyo sa kaniyang magandang gawa. Sabihin mo sa kaniya, ang hari ay nilikha para sa kagalingan ng kaniyang nasasakupan at hindi nilikha ang mamamayan para paglingkuran ang Sultan.”

*- Mula sa Elements of Literature nina Holt et. al. 2008. Texas, USA*
http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/mula-sa-mga-anekdota-ni-saadi.html

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napatunayan mo nang mahalaga ang natamo mong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri at pag-uugnay sa mga nobela at isinapelikulang nobela at katulad na akda mula sa Africa at Middle East. Sa iba’t ibang gawain sa PAGPAPALALIM, may mga pag-uulit at pagsubok sa kaalaman at pag-unawa na iyong natamo sa PAGLINANG. Nagawa mo ring ipamalas ang mga pag-unawa at kasanayang iyong natamo sa araling ito lalo na sa paraang C-E-R. Tumuloy ka na sa huling bahagi ng araling ito – ang PAGLILIPAT.

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na may makabuluhan pa lang ugnayan ang nilalaman at kalidad ng mga nobela o katulad na akda sa pagkakakilanlan ng mga bansa sa Africa at Middle East, inaasahan namang matagumpay mong maililipat ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa sikolohiya at kultura ng mamamayan sa pamamagitan ng pagpapamalas sa mga kakayahan at pag-unawang natamo sa isang makabuluhan at

makatotohanang gawain. Layunin mong iangat ang mga bansa mula sa Africa at Middle East sa aspekto ng turismo. Simulan mo na ang PAGLILIPAT..

## GAWAIN 17. World Travel Expo

Di-lingid sa kaalaman ng karamihan ang mga nakapanlulumong ibinabalitang pangyayari sa mga bansa sa Middle East at Africa. Ngunit higit pa sa mga kumakalat na balita ang mga bansang ito; may ibang mukha ng buhay na hindi napagtutuonan ng pansin dahil nadadaig ng mga negatibong pagbabalita. Ang sitwasyong ito ang nag-udyok sa PAL na itampok ang mga bansa sa Middle East at Africa para sa kanilang exhibit sa *World Travel Expo* sa SMX at sa *website* nito bilang ilan sa kanilang *travel destination.* Isa ka (o ng inyong pangkat) sa naatasang magdesinyo at magpanukala ng gagawin para sa *exhibit* para sa nasabing *expo*. Ang indibidwal at pangkat na may pinakamahuhusay na panukalang produkto ang magagawaran ng proyektong ito. Gagamitin bilang batayan sa pagpili ng panukalang disenyong *exhibit* ang mga sumusunod na pamantayan: positibong paglalarawan sa pamumuhay ng mga tao sa tampok bansa, paglalarawan sa magagandang tanawin, mga paalala kaugnay ng paglalakbay sa bansang tampok, mabisang pagsasanib ng akdang pampanitikan, mabisang panghihikayat, gramatika at organisasyon.

| Opsyon na Produkto | Katangian |
|---|---|
| 1. *Photo essay* | Bumuo ng isang *photo essay* na nagtatampok sa isang bansa sa Middle East o Africa na ilalathala sa *website* ng *World Travel Expo.* Kailangang nasa pagitan ng 10-12 larawan lamang ng mga tanawin at pamumuhay ang maaaring ilakip sa *photo essay* at bawat isa ay may pasulat na paglalarawan na nakapaloob sa 80-100 salita bawat larawan. Bumuo ng panimula at pagwawakas na silang una at huling mababasa sa *photo essay*. |
| 2. *Travel video* | Bumuo ng isang *video narrative* batay sa iyong *virtual tour* at Youtube video appreciation sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa na ilalathala sa *website* ng *World Travel Expo*. Limitahin ang *video* sa tatlo hanggang 4 na minuto na naglalahad tungkol sa magagandang tanawin at uri ng pamumuhay na mayroon ang mga tao doon. |
| 3. Plano para sa isang *shadow dance theatre* | Bumuo ng isang plano para sa isang *shadow dance* (ala El Gamma Penumbra) tungkol sa paglalakbay sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa. Itatanghal ang nasabing *shadow dance* sa isang palatuntunan sa *World Travel Expo*. Limitahin ang takbo ng presentasyon sa loob ng tatlo hanggang limang minuto. Sa bubuoing plano, kailangang mailahad sa anyo ng balangkas (outline) ang daloy ng mga pangyayari na nagpapakita sa pamumuhay ng mga tao doon kaakibat ng iba't |

| | |
|---|---|
| | ibang larawan ng mga tanawin. Ipaliwanag ang pakay na kaisipan sa bawat eksena. Tukuyin na rin ang mga larawan ng lugar na gagamitin bilang tagpuan. |
| 4. Sanaysay panturismo | Bumuo ng isang sanaysay na naglalahad ng iyong opinyon tungkol sa mga tanawin at pamumuhay ng mga tao sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa na ilalathala sa *website* ng *World Travel Expo*. Hindi dapat bumuo sa 1,500 salita ang iyong *travelogue.* |
| 5. Plano para sa isang *table calendar* | Bumuo ng isang plano para sa isang *table calendar* na nagtatampok ng mga tanawin at pamumuhay sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa. Limitahin ang bilang ng pahina sa 14. Sa bubuoing plano, kailangang mailahad ang mga larawan. |
| 6. *Travel guide* | Bumuo ng isang *travel guide* (may mungkahing *itinerary*) mula sa iyong pananaliksik sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa na ilalathala sa website ng World Travel Expo. Ang iyong bubuoing itinerary ay dapat makatutulong para sa isang linggong paglalagi sa bansang tampok. Kailangang makapagbanggit ng balanseng distribusyon ng impormasyon hinggil sa mga tanawin na makikita at pamumuhay ng mga tao. |
| 7. Talumpating panturismo | Bumuo ng isang sanaysay para sa isang talumpati na naglalahad ng iyong opinyon tungkol sa mga tanawin at pamumuhay ng mga tao sa isa sa mga bansa sa Middle East o Africa na itatanghal sa isang palatuntunan sa *World Travel Expo*. Layunin ng iyong talumpati na makapanghikayat ng mga potensyal na turista at *customer.* Limitahin ang iyong talumpati sa pagitan ng 4 hanggang 5 minuto. |

**RUBRIK PARA SA *WORLD TRAVEL EXPO***

| PAMANTAYAN | KAPUGAY-PUGAY 4 | MAHUSAY 3 | UMUUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Paglalarawan sa pamumuhay ng mga tao sa tampok bansa** | Naipakikilala ang mga pinagkunan ng impormasyon, ideya, opinyon o karanasan na naging batayan sa paglalarawan sa bansang tampok na isang *travel destination*. | Makabuluhan ang lahat ng paglalarawan sa uri ng pamumuhay na mayroon ang mga tao sa bansang tampok na isang *travel destination* dahil nakapagbigay ng sapat na impormasyon, ideya, opinyon o | Makabuluhan ang ilang paglalarawan tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa bansang itinatampok ang taliwas sa mga impormasyon, ideya, opinyon o karanasan alinsunod sa datos na | Hindi makabuluhan ang paglalarawan tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa bansang itinatampok ang taliwas sa mga impormasyon, ideya, opinyon o karanasan alinsunod sa datos na |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | karanasan batay sa pananaliksik. | ibinibigay ng pananaliksik. | ibinibigay ng pananaliksik. |
| **Paglalarawan sa magagandang tanawin** | Maliban sa paglalarawan sa mga lugar na dapat madayo sa bansang tampok bilang *travel destination,* malinaw at kaaya-ayang ding nailahad kung paano nakaaambag sa pandaigdigang kultura, pamumuhay at *ecosystem* ang mga lugar na inilalarawan. | Nailalahad nang malinaw ang mga lugar na dapat madayo ng isang turista sa bansang tampok sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na pahayag na naglalarawan batay sa pisikal nitong mga anyo, impluwensiya nito sa pamumuhay ng mga tao, at kahalagahang pang-ekonomiko o kultural o espiritwal. | Nailalahad nang malinaw ang ilan sa mga lugar na dapat madayo ng isang turista sa bansang tampok sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na pahayag na naglalarawan batay sa pisikal nitong mga anyo, impluwensiya nito sa pamumuhay ng mga tao, at kahalagahang pang-ekonomiko o kultural o espiritwal. | Hindi malinaw ang paglalahad sa mga lugar na dapat madayo ng isang turista sa bansang tampok sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na pahayag na naglalarawan batay sa pisikal nitong mga anyo, impluwensiya nito sa pamumuhay ng mga tao, at kahalagahang pang-ekonomiko o kultural o espiritwal. |
| **Mga paalala kaugnay ng paglalakbay sa bansang tampok** | Detalyado at nasusuportahan ng mga datos mula sa pananaliksik ang mga inilahad ng opinyon na nagpapaalala sa mga turistang nagbabalak dumayo hinggil sa aspektong pangkalusugan, kultural, komunikasyon, relihiyon, political, pang-ekonomiko ng bansang tampok bilang isang *travel destination.* | Nakapaglahad ng malinaw na opinyon na nagpapaalala sa mga turistang nagbabalak dumayo hinggil sa aspektong pangkalusugan, kultural, komunikasyon, relihiyon, political, pang-ekonomiko ng bansang tampok bilang isang *travel destination*. | May ilang aspekto ng bansang tampok ang hindi malinaw na nailahad sa akda o pagtatanghal na nagpapaalala sa mga turistang nagbabalak dumayo: aspektong pangkalusugan, kultural, komunikasyon, relihiyon, political, pang-ekonomiko ng bansang tampok bilang isang *travel destination.* | Nakakalita ang paglalahad na ginawa tungkol sa bansang tampok dahil hindi nailahad sa akda o pagtatanghal ang pagpapaalala sa mga turistang nagbabalak dumayo: aspektong pangkalusugan, kultural, komunikasyon, relihiyon, politikal, pang-ekonomiko ng bansang tampok bilang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | isang *travel destination.* |
| **Mabisang pagsasanib ng akdang pampanitikan** | Nasa iba't ibang pananaw ang mga detalyado at makabuluhan ang pagsasanib ng akdang pampanitikang nabasa mula sa Africa at Persia dahil nakapagbibigay ng mga totoong patunay o ebidensiya batay sa kasalukuyang lipunan. | Makabuluhan ang pagsasanib ng akdang pampanitikang nabasa mula sa Africa at Persia dahil nakapagbibigay ng mga totoong patunay o ebidensiya batay sa kasalukuyang lipunan. | Hindi detalyado ang pagsasanib ng akdang pampanitikang nabasa mula sa Africa at Persia ngunit nakapagbibigay naman ng mga totoong patunay o ebidensiya batay sa kasalukuyang lipunan. | Walang kabuluhan ang pagsasanib ng akdang pampanitikang nabasa mula sa Africa at Persia kaya hindi natitiyak na totoo sa kasalukuyang lipunan ang mga ibinibigay na patunay o ebidensiya. |
| **Mabisang panghihikayat** | Kapaki-pakinabang ang kabuuang kaisipan sa akda o pagtatanghal dahil napalulutang ang isang tiyak na kaisipan hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa Middle East at Africa* dahil isinusulong ang isang tiyak na pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng bansang tampok na dapat pamarisan ng iba. | Lumulutang sa kabuuan ng akda o pagtatanghal ang isang tiyak na kaisipan hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa Middle East at Africa* dahil isinusulong ang iba't ibang perspektibo at aspekto ng bansang itinatampok bilang *travel destination.* | May ilang konsepto o aspekto sa akda o pagtatanghal ang hindi naayon sa diwa nito kaya hindi ganap ang kaisipang isinisulong hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa Middle East at Africa.* | Malabo ang mga konsepto o aspekto sa akda o pagtatanghal ang hindi naayon sa diwa nito kaya hindi ganap ang kaisipang isinisulong hinggil sa *panghihikayat sa tampok na bansa sa Middle East at Africa.* |
| **Gramatika** | Angkop ang paggamit sa matatalinhagang pahayag sa akda o pagtatanghal maliban pa sa mahusay na pagtupad sa | Naaayon sa mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) ang kabuoan ng pagpapahayag | May 1 pagtaliwas sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa kabuoan ng pagpapahayag | May 2 o higit pang pagtaliwas sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa kabuoan. | sa akda o pagtatanghal. | sa akda o pagtatanghal. | pangungusap) sa kabuoan ng pagpapahayag sa akda o pagtatanghal. |
| **Organisasyon ng mga kaisipan** | Iba-iba ang mga estilo sa paglalahad sa mga kaisipang binibigyang-diin para sa isang *travel expo* at lantad na lantad ang pagkakaugnay-ugnay ng mga ito sa isa't isa. | Buo ang pagkakaugnay-ugnay ng mga kaisipan sa akda o pagtatanghal na ipinamalas sa panghihikayat para sa isang **travel expo** sapagkat mababatid na nagkakaisa ang mga ito sa mga ideyang binibigyang-diin. | May ilang kaisipan na inilahad sa panghihikayat para sa isang travel expo ang hindi nakikiisa sa mga ideyang binibigyang-diin sa kabuoan. | Magulo ang pagkakaayos sa mga kaisipan na inilahad sa panghihikayat para sa isang travel expo ang hindi nakikiisa sa mga ideyang binibigyang-diin sa kabuoan. |

## GAWAIN 18. I-*DASH BOARD* MO at 3-2-1 *CHART*

Ipaskil sa *discussion board* ang binuo ninyong produkto sa gawain bilang 17. Hikayatin ang iba pang mag-aaral na suriin at ipahayag ang kanilang pagsusuri sa inyong produkto. Kaugnay nito, tugunan ang hinihinging impormasyon ang *3-2-1 Chart* sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **3** | Tatlong kalakasan ng iyong produkto na nabatid mo sa pagpuna sa nailathalang akda.<br>• -<br>• -<br>• - |
| **2** | Dalawang mahalagang kaisipan na lumitaw na angat na angat sa inyong produkto.<br>• -<br>• - |
| **1** | Isang pangungusap na naglalahat sa iyong pag-unawa na litaw na litaw sa inyong produkto.<br>• - |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Isang masayang pagbati sa iyong pagtatapos sa modyul na ito. Kung magbabalik-tanaw ka sa iyong karanasan sa modyul na ito, sinimulan mo ito sa pamamagitan ng pagsuri ng isang akda mula sa Africa at Middle East. Paulit-ulit ding naitatanong ang kahalagahan ng pag-alam sa mga akda mula sa mga rehiyong ito kaugnay ng kanilang pagkakakilanlan at kasalukuyang kalagayang panlipunan. Bilang pagtatapos, pagnilayan ang tanong na ito: Paano mo higit na nakilala ang iyong sarili bilang isang mamamayan ng mundo? Paano ka nakaaambag sa kasalukuyang kalagayan ng mga mamamayan sa Africa at Middle East?

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataong mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung nakapasa ka, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.
Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang wastong sagot.

1. Ano ang angkop na katumbas ng salitang *pink* (kulay) sa Filipino alinsunod sa tuntunin sa panghihiram ayon sa Ortograpiyang Filipino?
   a. lila
   b. imbaon
   c. putlang pula
   d. rosas

2. Paano nagkakatulad ang sanaysay, lathalaing-lakbay (*travelogue*) at dokumentaryong pantelebisyon sa aspekto ng pagpapadaloy ng kaisipan o ideya?
   a. Ang layunin ng may-akda o mamanlilikha ay direktang sinasabi sa umpisa ng mga tekstong ito upang masiguro na matatamo ng mambabasa o manonood an mga kaisipang inilalahad.
   b. Ang mga paksa sa mga tekstongito ay laging nakabatay sa personal na karanasan ng manunulat o manlilikha sapagkat laging personal ang layunin sa pagbuo ng isang panitikan.
   c. Ang mga tekstong ito ay nangangailangang magpamalas ng padron ng pag-iisip upang tuwirang maihatid sa mambabasa o manonood ang kabuoang mensaheng nais ipabatid.
   d. Ang mga tekstong ito ay tuwirang nagbibigay ng tatlo hanggang limang mahahalagang kaisipan lamang upang matiyak na maunawaan ng mambabasa o manonood ang kabuoang mensaheng ipinababatid.

3. Paano nagkakatulad ang sanaysay, lathalaing-panlakbay (*travelogue*) at dokumentaryong pantelebisyon sa aspekto ng pagpapadaloy ng kaisipan o ideya?
   a. Ang estilo ng pagpapadaloy ng mga kaisipan sa sanaysay ay pangangatwiran sa lathalaing-panlalakbay ay paglalarawan at sa dokumentaryong pantelebisyon ay sanhi at bunga.

b. Ang proseso nng pagbuo ng sanaysay ay nakasalalay sa mga impormasyonng makukuha ng may-akda samantalang ang lathalaing-panlakbay ay nagbibigay-diin sa mga larawang kaakibat ng teksto habang ang dokumentaryong pantelebisyon ay naglalayong makapaglahad ng iba-ibang anggulo ng istoryang pinagtutuunan.
c. Ang sanaysay ay laging naglalahad ng bagong perspektibo sa isang isyu smantalang ang lathalaing-panlakbay ay detalyadong pagsasalaysay ng karanasan habang ang dokumentaryong pantelebisyon ay nanghihikayat na magbago ng pananaw ukol sa isang isyu,
d. Ang sanaysay ay purong opinyon ng may-akda samantalang ang lathalaing-panlakbay ay pagsasalaysay at paglalarawan habang ang dokumentaryong pantelebisyon naman ay naglalahad lamang ng mga impormasyong batay sa mga nakalap na datos o footage..

4. Alin ang di-tuwirang pahayag ang angkop na gamitin sa talata upang mapalutang ang diwa nito?

Ano nga ba ang mga epekto ng pang-aapi sa mga naapi? Tulad ng nangyari kay Prince, ang mga epekto ng pang-aapi ay maaaring hindi lamang mabigat ngunit nagbibigay rin ng ideya sa naapi na magpakamatay. Unang-una, nakararamdam ng mga emosyonal na problema ang naaapi, at ang ganitong asal ay nagbibigay sa kanya ng kalungkutan, mababang kapalaluan at depresyon. Bilang resulta, naaapektuhan tuloy ang araw-araw niyang gawain, tulad ng kanyang ugali, pag-aaral at pakikitungo sa ibang tao. *______________________________* Maaaring mang-api lang nang mang-api ang nang-aapi hanggat gusto niya.

a. Ang bullying ay walang hangganan at walang awa.
b. Normal lamang ang bulying.
c. Agad na naparurusahan ang isang bully.
d. Isang patunay na epekto ng depression ang pambu-bully.

5. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang nakahilig kaugnay ng diwang taglay ng talata?

Para sa akin, kailangan nang ipatupad ang panukalang ito bago pa mahuli ang lahat. Tulad ng nabanggit, ***hangad*** lang naman ng *sex education* na matulungan ang kabataang gumawa ng mga responsableng desisyon. Wala naman itong ***balak*** na turuan tayong magsuot ng *condom* o anuman. Wala rin itong balak na ***himukin*** tayo upang makipagtalik o ***madawit*** sa mga seksuwal na gawain. Sa halip, ito ay nagsisilbing gabay sa ating mga *minor na edad* habang tayo ay nakararanas ng pagbabago sa ating sekswalidad.

a. Ang salitang 'balak ' at 'madawit' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang sex education habang ang mga

salitang 'himukin' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.

b. Ang mga salitang 'hangad' at 'balak' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang sex education habang ang mga salitang 'himukin' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.
c. Ang mga salitang 'hangad' at 'himukin' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang sex education habang ang mga salitang 'balak' at 'madawit' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.
d. Ang mga salitang 'himukin' at 'madawit' ay ginamit upang matiyak ang mga layunin ng programang sex education habang ang mga salitang 'balak' at 'hangad' ay ginamit bilang paglilinaw na taliwas ang layunin ng programa sa mga pananaw ng mga tao ukol dito.

6. Ano ang ipinahihiwatig ng mga salitang nakahilig kaugnay ng diwang taglay ng saknong?

**Para sa mga Tirano ng Daigdig**

Salin ng tulang **To the tyrants of the world** na sinulat sa wikang Arabe ni Abo Al Qassim Al Shabbi mula sa Tunisia.
Salin sa eleganteng Filipino ni Roberto T. Añonuevo ng Pilipinas.

Kayong mga tiranong ***mapang-api***
Kayong ***mapagmahal*** sa karimlan
Kayong mga ***kaaway*** ng búhay
Inuyam ninyo ang mga walang malay na sugatan

a. Ang mga salitang 'mapang-api' at 'kaaway' ay nagbibigay ng negatibong paglalarawan sa paksang pinag-uusapan sa saknong.
b. Ang mga salitang ito ay nagpapahayag na ang pinag-uusapang paksa ay may katangiang dapat purihin ngunit mayroon ding dapat pintasan.
c. Ang mga salitang ito ay parehong nagbibigay ng negatibong paglalarawan sa paksang pinag-uusapan sa saknong.
d. Ang salitang 'mapagmahal' ay nagpapahayag na kahit na mapang-api at kaaway ang tingin sa pinag-uusapang paksa, ito ay may kabutihang taglay pa rin.

7. Tukuyin ang mga angkop na pang-ugnay na ginamit sa sa pagpapaliwanag nang may kaisahan at pagkakaugnay ang mga talata.

Ang kuwento ay kapana-panabik dahil ipinapakita nito kung ano ang nangyayari sa mga OFW na umaalis papuntang ibang bansa at uuwi dito sa Pilipinas nang puno ng kasabikang makita ang mga anak ngunit dahil sa matagal siyang nawala sa kanila at hindi na niya gaanong kilala ang kanyang mga anak.

Malalim ang hatid ng istorya dahil ito ay makatotohanan, ang pokus nito ay kung paano maibigay ng ina ang kanyang pagkukulang sa kanyang mga anak upang bumalik ang loob ng mga ito sa kanya. Ang paglabas ng mga tagong detalye sa pelikula ay mabagal ang pag-usad pero hindi masyadong nahuhulaan agad ang susunod na mga pangyayari dito. Ang pelikulang ito ay dapat panoorin dahil pinapahalagahan nito ang isang pamilyang at ipinapakita ang isang tunay na pamilyang Pilipino.

*-Halaw sa Suring-Pelikula: Anak ni Michael Tacuyan*

a. at, dahil, subalit, nang sa gayon, ngunit
b. at, ngunit, dahil, upang, pero
c. dahil, sapagkat, nang sa gayon, at, subalit
d. nang sa gayon, ngunit, upang, dahil, pero

8. Tukuyin ang mga angkop na pang-ugnay na ginamit sa sa pagpapaliwanag nang may kaisahan at pagkakaugnay ang mga talata.

Buong ningning na naipakita sa pelikula ang kagandahang taglay ng mga katutubong ritwal ng mga Ifugao. Ang mga ritwal na kanilang isinasagawa upang makipag-usap sa kanilang mga ninuno at anito ay animo mga buhay na larawang naikulong sa malaking telon. Ang pelikula sa biglang tingin ay tila isang paglalahad ng paghihiganti subalit sa isang masusing pagtingin ay makikita ang pusong may taglay na pakikipagkapatiran. Bagamat nagawan ng kalapastanganan ay patuloy pa ring tinulungan ni Joseph ang kanyang mga kalaban. Naipakita ito nang sunduin ng mga kaaway si Joseph upang gamutin ang kanilang mga kababayang biktima ng isang epidemya. Naipakita rin ito nang bigyan ni Joseph ng mga gamot ang kanyang kaibigang doktor upang gamutin sa pagsugpo sa epidemyang kumakalat sa tribong pumatay sa kanyang ama at kapatid.

Mahusay ang pagkakaganap ng bawat artista sa pelikula. Magkagayon man, lutang na lutang ang kahusayan ni Joel Torre bilang isang doktor na dumanas ng malaking kabiguan dala ng kawalan ng suporta ng pamahalaan. Bagamat kakaunti lamang ang kanyang eksena, nagpakita rin ng kahusayan sa pagganap bilang dalagang katutubo si Angel Aquino. Konsistent din ang ipinakitang pagganap ni Raymart Santiago bilang isang doktor na nalito sa pagitan ng katapatan sa kanyang lahi at sa kanyang propesyon.

-Halaw sa Suring-Pelikula*: Mumbaki* ni Cherissa Abay- Omega

a. nang, subalit, magkagayon, sa halip, upang
b. para, ngunit, gayundi, subalit, at
c. upang, pero, sapagkat, datapwat, nang sa gayon
d. upang, subalit, magkagayon, bagamat, at

9. Basahin ang halaw na talata sa ibaba. Batay sa talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan sa Africa?

Sanlibong zebra ang malayang tumatakbo sa damuhan ng Africa. Ang kanilang guhit-guhitang mga tagiliran ay umaalon-alon habang ang kanilang makakapal na kiling ay pumapaling-paling sa ritmo ng kanilang mapupuwersang pagkilos. Ang yabag ng kanilang mga paa sa tigang na lupa ay dumadagundong sa kapatagan. Isang ulap ng pulang alikabok ang umaalimpuyo sa likuran nila at ito'y makikita sa layong maraming kilometro. Tumatakbo sila nang malaya at walang kontrol, nang walang anumang nadaramang hadlang.

-Halaw sa *Ang Zebra – Ang mailap na kabayo ng Africa*

a. Mababatid sa talata na ang Africa ay isang kalupaan ng kabangisan at kawalang kaayusan dahil binanggit sa talata na ang mga hayop tulad ng zebra ay walang kontrol sa kanilang mga sarili at mapupuwersa ang kanilang mga kilos.
b. Mababatid sa talata na ang Africa ay isang malayang kalupaan para sa mababangis na hayop tulad ng zebra na masigla ang pamumuhay na mayroon ang mga ito dahil sinabi sa teksto na walang kumokontrol sa mga ito at hindi sila nakadarama ng takot dahil walang humadlang sa kanilang kalakaran bilang mga hayop.
c. Mababatid sa talata na inilalarawan ang mga zebra bilang panghalili sa mga African na matatapang at mababangis sa kabila ng salat nilang pamumuhay ay kinakalaban ng mga ito ang sinumang komokontrol sa kanilang kalakaran bilang mga hayop.*
d. Mababatid sa talata na patag at tuyo ang kalakhang bahagi ng kalupaan sa Africa sapagkat nagiging yabag ang mga tunog na nalilikha ng mga hayop tulad ng zebra dahil binanggit sa teksto na "yabag ng kanilang mga paa sa tigang na lupa ay dumadagundong sa kapatagan.

10. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalaing-panlakbay. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa kultura at lugar ng isang bansa sa Africa?

Kung sa atin ay laman ng kalsada ang mga tambay na tagay ang alak...dito sa Bamako, laman ng kalsada ang mga lokal na tsaa ang hawak. Pakukuluan ang lutuing tsaa at pagkaraan ay lalahukan ng maraming asukal at ihahain sa bisita sa maliit na kopita. Pero dahil sa labis na tamis, nagkasya na ang grupo sa *Chinese green tea* at komersyal na tsaa. Ang aming samahan ay hindi lang sa serbesa...pati na sa tsaa!

Hindi ka man makakita ng mga gusai kagaya ng sa Ayala, mabubusog din naman ang mata mo sa mga estruktura na hindi mo madalas makita. Kaya naman ang kamera, lagi nang tangan sa pagbaybay sa kalsada. Iilan lamang sila sa nagsisilbing pamoso sa mata ng mga taga-Kanlurang Africa. Nariyan ang koreo at estasyon ng sasakyan ng tren.

Sa kahabaan ng dinaraanan, sa bawat *round-a-bout* at ilang gitnang-kalsada, mayroon ding estruktura. Natagpuan ng grupo ang Monumento ng Kalayaan, at ang monumento ng taong nagpasimula ng kolonyanisasyong *French* na si Federbe.

-Halaw sa Mula sa Africa*: Lagalag sa siyudad ng Bamako*

a. Mauunawaan mula sa teksto na hindi lasenggero ang mga taga-Bamako sa halip mahilig sila sa matatamis na inumin tulad ng tsaa.
b. Maunawaan mula sa teksto na hindi umiinom ng serbesa o beer ang mga taga-Bamako dahil tsaa lamang ang maaaring itagay.
c. Mauunawaan mula sa teksto na maalaga sa mga bisita ang mga taga-Bamako at patunay nito ang paghahain ng tsaa sa mga kopita na siyang naranasan ng manunulat.
d. Mauunawaan mula sa teksto na may iba ring inumin na maaaring pagsaluhan sa tagayan maliban sa alak, ito ang tsaa na.

11. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura at kalagayan ng isang bansa sa Middle East?

Mula sa tatlong dekada ng giyera at pagkawasak, lumalaganap ang paggamit ng modernong teknolohiya at *media* sa bansang Afghanistan bilang kasangkapan sa muling pagbangon ng bansa at matiyak ang mas magandang bukas para sa susunod na henerasyon. Ang pelikulang *Buz-e-Chini* (o Kambing sa wikang Filipino) ay kauna-unahang 3D na animasyon ng bansa sa wikang Hazariga, isang diyalekto ng lengguwaheng Farsi na ginagamit ng mga mamamayang Hazara sa Aghanistan at Pakistan.

*-Halaw sa Kauna-unahang pelikulang animasyon sa Afghanistan*

a. Sinasabi sa teksto na nakasalalay sa lokal na lengguwahe ang pagpapalaganap ng aspirasyon ng nakatatandang Afghan tungo sa mga nakababatang Afghan.
b. Sinasabi sa teksto na ang mga Afghan ay naghahangad ng mabuting buhay para sa mga susunod na henerasyon kaya pinakikinabangan nila nang husto ang teknolohiya at media.*
c. Sinasabi sa teksto na ang pelikulang Bz-e-Chini ay nagpapatunay na tuluyan nang nakalaya mula sa digmaan at karahasan ang Afghanistan.

d. Sinasabi sa teksto na tiyak na malaki ang maitutulong ng 3D animation sa muling pagbangon ng Afghanistn mula sa giyera na kanilang naranasan.

12. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura at kalagayan ng isang bansa sa Africa?

Ito ay tungkol sa isang personal na karanasan. Ang tauhan ay nalulong sa alak, opyum at iba pang ipinagbabawal na gamot. Siya ay mahilig magpinta ng mga disenyo ng mga sisidlan ng panulat. Dito umiikot ang buhay niya - sa pagpipinta at pagkalunod sa alak at opyum. Ang sentro ng kaniyang mga pinta ay ang puno ng *cypress*, ang matandang lalaki at ang dilag na may hawak na lili. Isang araw, dumating ang kaniyang tiyuhin. Habang siya ay kukuha ng alak, nakita niya ang isang dilag. Siya ay sobrang natuwa. Kinuha niya na ang bote at bumalik na siya sa kaniyang silid. Paglipas ng mga araw, hindi niya na nakita ang dilag. Isang gabi, habang siya ay naglalakad, nabigla siya nang makita niya ito patungo sa kaniyang kuwarto. Sinundan niya ito at humiga ang dilag sa kaniyang kama. Naisip niya na baka may karamdaman o naligaw lamang ito. Binigyan niya ito ng pagkain at inumin. Kinuha niya ang pagkakataong iyon para ipinta ang babae. Nang magkamalay ito, ipininta niya ulit ito. Tinabihan niya ang dilag. Akala niya buhay pa ito subalit noong siya'y lumapit, naamoy niya ang nabubulok nitong katawan at may maliliit na uod na gumagalaw at dalawang gintong bubuyog ang umiikot dito. Sa kaniyang kalituhan, naisip niyang ilibing ang babae sa kaniyang kuwarto subalit may naisip siyang mas magandang ideya. Kinuha niya ang kutsilyo sa kaniyang tokador at hinati-hati ang katawan ng dilag. Tinakpan niya ito at inilagay sa isang maleta. Tumawag siya ng makakatulong, isang matandang kutsero, na nagbigay ng garapon kung saan niya maaaring ilagay ang mga larawan ng dilag. Nagpahatid siya sa malayong lugar at doon niya inilibing ang maleta kasama ng mga itim na lili at bato. Nang matapos siya sa kaniyang gawain, minasdan niya ang kaniyang sarili. Wala na ang babaeng nagpatibok ng kaniyang puso. Bumalik na ulit siya sa kaniyang kuwarto. Una niyang hinanap ang garapon na ibinigay sa kaniya. Nakita niya na hawak-hawak ito ng kutsero. Nakabalot ito sa maruming panyo at halukipkip na niya ito sa kaniyang kili-kili. Humalakhak siya: isang makatindig balahibong tawa. Nang siya ang nagsimulang gumalaw, umalis ang kutsero sa kaniyang silid. Nang tumayo siya upang habulin at ito, bigla itong naglahong parang bula. Bumalik sa sa kaniyang silid at binuksan ang bintana. Nakita niyang tangan-tangan ng kutsero ang sisidlan sa kaniyang sa kili-kili. Bumalik siya sa bintana at pinagmasdan ang sarili. Napansin niyang punit-punit ang kaniyang damit at napapaliguan siya ng dugo mula ulo hanggang paa. May maliliit na uod na gumagalaw at dalawang gintong bubuyog ang umiikot sa kaniyang katawan. Kaniyang naramdaman ang bigat ng kamatayan sa kaniyang dibdib.

*-Halaw sa buod ng Ang Bulag na Kuwago* ni Sophia Chua

a. May malikhaing pananaw ang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
b. Kritikal mag-isip ang ilang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
c. May kalayaan sa pagpapahayag ng kanilang pagiging malikhain ang mga mamamayan sa Africa at Middle East.
d. Bayolente ang mga mamamayan ng Africa at Middle East tulad ng nababasa sa halaw sa itaas.

13. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isang lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura, at kalagayan ng isang bansa sa Africa?

Tag-init naman ang Pasko sa Africa. Isinasagawa rin ng maraming Katoliko ang mga nakasanayang tradisyon gaya ng *Christmas carols* at handaan kasama ang pamilya at mga kaibigan pagkatapos ng misa. Mas binibigyang halaga nila ang pang-relihiyong aspekto ng pagdiriwang sa kapanganakan ni Hesus sa halip na pagbibigayan ng regalo. Iba-iba ang wika na ginagamit sa maraming lugar sa Africa. Tulad sa Egypt, "Colo sana wintom tiebee" ang kanilang *Merry Christmas*, Kuwa na Krismasi njema sa Kenya at Tanzania at Merry Kisimusi sa Zimbabwe.

*-Halaw sa Selebrasyon ng Pasko sa buong mundo ng Pinoy Gazette*

a. Maraming wika ang ginagamit sa Africa.
b. Magkakaugnay ang kultura sa Africa kahit na magkakaiba ang kanilang wika.
c. Magkakaiba ang pananaw ng mga taga-Africa sa Pasko kaysa sa ibang lahi.
d. Malungkot ang pagdiriwang ng Pasko sa Africa dahil sa kanilang kalagayan.

14. Basahin ang halaw na mga talata mula sa isag lathalain. Batay sa mga talata, anong kaisipan o pag-unawa ang ipinababatid nito ukol sa karanasan, kultura, at kalagayan ng isang bansa sa Middle East?

Malaki ang interes ng mga Kazahk pagdating sa mga laro o isports. Marami na rin silang napanalunang mga palaro sa larangan ng *weightliftng*, *ice hockey* at *boxing*. Nanalo sila ng walong medalya sa 2004 Summer Olympics, pinakamaraming medalyang natanggap sa buong rehiyon. *Football* ang pinakasikat at pinakakilalang laro sa buong bansa, dahilan para magkaroon ng *Football Federation of Kazakhstan*. Maraming propesyonal na nagbibisikleta ang pumupunta pa sa Europa para makilahok sa mga palaro. Isa na rito si Alexander Vinokourov na marami nang napanalunang medalya. Kilala din ang isport na *Rugby*, kung saan tinalo ng kuponang Kazakhstan

*National Rugby Team* ang Sri Lanka at Arabia para sa 2011 *Rugby World Cup*.

-Halaw sa *Kazakhstan: Kultura (Laro) ng Asia Group Four*

a. May mga pangkaraniwang hilig din ang mga tao sa Middle East tulad ng isport.
b. Mahuhusay sa larangan ng isport ang mga mamamayan sa Middle East.
c. Marahas makipaglaro ang atleta mula sa Middle East at maruming maglaro.
d. Malaki ang interes ng mga atleta mula sa Middle East sa karangalan tulad ng medalya.

15. Bilang isang *travel service professional*, paano ka makaaambag sa pag-angat sa kalagayan ng mga mamamayan sa mga bansa sa Africa at Middle East?
    a. Ibahagi sa kapwa ang mga katangian ng mamamayan at lugra na maaaring makakuha sa interes ng mga mahilig maglakbay.
    *b.* Ilarawan ang bansa batay sa mga balitang namamayagpag sa *media.*
    c. Ilatag ang mga posibilidad ng karahasan sa rehiyon dahil sa kalagayang pangkapayapaan dito.
    d. Ipakita ang mga larawan ng magagandang tanawin sa mga rehiyong ito tulad ng kalikasan at mga popular na *tourist destination*.

16. Kapag naglalakbay ka, ano ang mainam na paghahanda ang dapat gawin upang maiwasan ang makasakit ng mga mamamayan sa pupuntahang lugar?
    a. Alamain ang magagandang tanawin na maaaring puntahan.
    b. Alamin ang mga dapat at di-dapat gawin upang maging sensistibo at maingat.
    c. Alamin nag mga presyo ng bilihin upang maiwasang magreklamo.
    d. Alamin ang paraan kung paanno makatipid sa paglalakbay

17. Ano ang nararapat na pinakalayunin ng isang proyekto o panukalang panturismo?
    a. Mailarawan ang magagandang tanawin sa bansa.
    b. Maingat ang buhay ng mga mamamayan sa bansang tampok.
    c. Maipagmalaki ang sariling karanasan sa paglalakbay sa bansang tampok.
    d. Mapatunayan ang mga impresyon ng ibang tao tungkol sa bansang tampok.

18. Paano mo mahihikayat ang ibang tao hinggil sa kagandahan ng alinmang bansa sa Africa o Middle East?
    a. Bumuo ng iba't ibang materyal na nagtatampok sa kagandahan ng mga bansa sa Africa at Middle East.
    b. Magpasa ng mga newsfeed sa social media tungkol sa mga balitang di-kaaya-aya sa Africa at Middle East.
    c. Manood ng iba't ibang Youtube tungkol sa turismo sa Africa at Middle East.
    d. Tangkilikin ang mga pelikulang gawa ng mga mamamayan sa Africa at Middle East.

19. Paano mabisang makapaglahad ng mga kaisipan sa akdang nanghihikayat tungko sa isang bansa?
    a. Alamin ang mga nakaugaliang kultura na nakalimutan na.
    b. Kilalanin ang kalakasan, kabutian at kagandahang taglay ng mga mamamayan.
    c. Piliin ang mgagandang salita na naglalarawan sa bansa.
    d. Unawain ang kalagayang panlipunan at bigyang-tuon ang mga suliranin.

20. Bakit mahalagang may sapat na pinagbabatayan ang sinomang naglalayong ilarawan ang isang bansa o pangkat ng tao?
    a. Upang hindi makapaminsala sa dignidad ng mga taonng inilalarawan.
    b. Upang maingat ang pansariling interes sa aspekto ng kultura at pagkakakilanlan.
    c. Upang maiwan niyang mahaluan ng personal na opinyon ang paglalarawan.
    d. Upang makapagbigay siya ng makabuluhang opinyon tungkol dito.

## MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL


**WEB 2.0**

**Evernote**
https://evernote.com

**Listen 2 My Radio**
http://www.listen2myradio.com/

**My Radio Stream**
https://myradiostream.com/

**Vimeo**
https://vimeo.com/ Retrieved on 24 February 2017

**Vid me Up**
http://vidmeup.com/

**Video Sprout**
http://www.videosprout.com/welcome.jsp

**GRAMATIKA AT PAGSUSURI/PAGTATANGHAL**

*Mga tuntunin sa panghihiram ng salita* ni Clifford Marollano
https://www.slideshare.net/cli4d/mga-tuntunin-sa-panghihiram-ng-mga-salita

*Panghihiram ng salita* ni Alecs Carillo
http://halo-halong-info.blogspot.com/2015/02/panghihiram-ng-salita.html

Using Paragraph Pattern
http://www.dunwoody.edu/pdfs/Elftmann_UsingParagraphPat_Writing.pdf

How to stage your own puppet show
http://www.kidspot.com.au/things-to-do/activity-articles/how-to-stage-your-own-puppet-show/news-story/b84acf89d2b36a5cb9cde794981b002c

DYI Puppet Theatre
https://www.pinterest.com/pamdyson/diy-puppet-theatre/

How to build a puppet theatre
https://www.youtube.com/watch?v=xr_Dz1vFfmE

How to make your own shadow puppet theatre
https://www.youtube.com/watch?v=-hL28SkHf1g

Panunuring pampelikula
https://prezi.com/n1mp5m-frfud/panunuring-pampelikula/

Mga gabay sa pagsusuri ng isang pelikula
http://ranieili2028.blogspot.com/2011/08/mga-gabay-para-sa-pagsusuri-ng-isang.html

**PANITIKAN**

LAKBAY SANAYSAY: Baguio Trip
https://http543.wordpress.com/2016/10/17/lakbay-sanaysay-baguio-trip/

Steve Tamayo: Nasa pagsisikap ang pag-unlad
http://www.gmanetwork.com/news/news/content/78630/steve-tamayo-nasa-pagsisikap-ang-pag-unlad/story/

South African Films Making Global Impact (Artikulo/Lathalain)
https://www.brandsouthafrica.com/south-africa-fast-facts/arts-facts/sa-films-making-global-impact-021015

South African artist Lady Skollie explains why she paints burning vaginas (*Radio interview with brief transcription*)
https://www.pri.org/stories/2017-08-11/south-african-artist-lady-skollie-explains-why-she-paints-burning-vaginas

Walang kabaong, walang puntod
https://dakilapinoy.wordpress.com/2015/01/28/walang-kabaong-walang-puntod-ni-jared-angira/

Mongheng Mohametano sa kaniyang pag-iisa
http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/mula-sa-mga-anekdota-ni-saadi.html

*VIDEOS*

The danger of a single story ni Chimamanda Ngozi Adichie
https://www.youtube.com/watch?v=D9Ihs241zeg

Special Report: Mga ipinagmamalaking kultura at pagkain ng Saudi Arabia
https://www.youtube.com/watch?v=0z7ylojZpnc

Isang Libong Hindi
https://www.ted.com/talks/bahia_shehab_a_thousand_times_no/transcript?language=fil

The unexpected beauty of everyday sounds ni Meklit Hadero (TED Talk video)
https://www.youtube.com/watch?v=NAkkckxE9i8

Documentary on Fashion Academy in Nigeria (Video)
https://www.youtube.com/watch?v=h4BiNmWQW1s

Tribal Art: BBC Documentary (Video documentary)
https://www.youtube.com/watch?v=7Q1M-jiKcXQ

The Kite Runner, Part 2 – Tears into Pearls
https://www.youtube.com/watch?v=20zF8Ug0MjM

The Kite Runner, Part 3 – Kite Fighting
https://www.youtube.com/watch?v=1TroueqxAtM

Teoryang Sikolohikal
https://www.youtube.com/watch?v=Vy7UDjGTp_Q

Scapegoat (2013)
https://www.youtube.com/watch?v=aGOaOsK3Vyo

Autumn Leaves (2014)
https://www.youtube.com/watch?v=EhaKmQCzSoo&t=53s

Bazaar (2016)
https://www.youtube.com/watch?v=ftG1BrUP1WY

A Letter to the Sky
https://www.viddsee.com/video/a-letter-to-the-sky/n5lgb

Monika Bulaj: Ang nakatagong liwanag ng Afghanistan
https://www.ted.com/talks/monika_bulaj_the_hidden_light_of_afghanistan/discussion?language=fil